ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • HULYO 2013

# Liahona



## Mapagkumbaba at Dakilang mga Tao ng Ating Kasaysayan, mga pahina 16, 62, 65

**Paano Makaranas ng Tunay na Kalayaan, pahina 32**

**Kapag Integridad Ninyo ang Nakataya, mga pahina 40, 48**

**Lumikha ng Bandila ng Kalayaan ng Inyong Pamilya, pahina 60**



*"Ang . . . makabagong mga pioneer ng Simbahan [ay] nakatira sa bawat bansa at ang [kanilang] mga kuwento ng pagtitiyaga, pananalig, at sakripisyo ay nagdaragdag ng maluwal-hati at bagong mga taludtod sa magandang koro ng himno ng kaharian ng Diyos."*

Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Pananalig ng Ating Ama," *Liahona*, Mayo 2008, 70.

Kaliwa: Si Tiaray Madera Rasoamampianina ay kabilang sa unang mga miyembro ng Simbahan sa Madagascar.

# Liahona, Hulyo 2013


16

## MGA MENSAHE


4 **Mensahe ng Unang Pangulu-han: Kailangan ng Mundo ng mga Pioneer Ngayon**
Ni Pangulong Thomas S. Monson

7 **Mensahe sa Visiting Teaching: Pagtuturo at Pag-aaral ng Ebanghelyo**


## TAMPOK NA MGA ARTIKULO


14 **Walang Salitang Mula sa Dios na Di May Kapangyarihan**
Ni Sang-Ick Han
*Sa pag-aaral sa law school sa edad na 53, natanto ko na magtatagumpay lamang ako kung lubos akong aasa sa Panginoon.*

16 **Pananampalataya at Katatagan ng mga Pioneer—Noon at Ngayon**
Ni Elder M. Russell Ballard
*Nakayanan ng mga pioneer noong araw ang napakahirap na mga pagsubok—nawa'y magningas ang apoy ng ating mga patotoo na kasingliwanag ng kanilang patotoo.*

22 **Diyos ng mga Himala: Ang mga Banal na Slovak sa Sheffield**
Ni Erich W. Kopischke
*Naghatid ng makabagong himala ang pananampalataya ng mga Banal na ito sa Sheffield, England.*


## MGA BAHAGI


8 **Notebook ng Kumperensya ng Abril**

10 **Ang Ating Paniniwala: Sinumang Tinawag ng Panginoon ay Binibigyan Niya ng Kakayahan**

12 **Paglilingkod sa Simbahan: Isang Telebisyon at Isang Espiritung Napasigla**
Ni Kaci Cronin

13 **Pagtuturo ng *Para sa Lakas ng mga Kabataan*: Katapatan at Integridad**


28 **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

74 **Mga Balita sa Simbahan**

80 **Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Paglakad sa Trail of Hope—nang Magkasama**
Ni LaRene Porter Gaunt


**SA PABALAT**
Harap: *Paboritong mga Kuwento,* ni Michael T. Malm.
Likod: Larawang kuha ni Craig Dimond © IRI.
Loob ng pabalat sa harap: Larawang kuha ni Richard M. Romney.

MGA YOUNG ADULT



36

32 **Mamuhay para sa Kawalang-Hanggan**
Ni Elder Keith K. Hilbig

36 **Mga Karanasan sa Pagtitiwala nang Lubos**
Ni Melissa Zenteno
*Ibinahagi ng mga young adult kung paano nila pinalakas ang kanilang pananampalataya sa kabila ng mga problema sa pag-ibig.*

MGA KABATAAN

40 **Matibay na Pananalig na May Pagkahahabag**
Ni Elder Jeffrey R. Holland
*Kailan tamang humusga? Paano natin maipagtatanggol ang ating mga pamantayan habang iginagalang ang kalayaan ng iba?*

44 **Patawarin ang Sarili**
Ni David Dickson
*May ilang naniniwala na hindi na sila mapapatawad pa, ngunit ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ay walang hanggan at para sa lahat.*

47 **Permanent Marker**
Ni Dani Dunaway Rowan
*Kinuskos ko ang aking mga kamay hanggang sumakit ang mga ito, ngunit nanatili ang mga guhit na nagmula sa marker.*

48 **Para sa Lakas ng mga Kabataan: Katapatan at Integridad**
Ni Elder Christoffel Golden Jr.

50 **Ibinalik nang may Dangal**
Ni Valerie Best
*Tiningnan ko ang pulseras na disinasadyang nahulog sa bag ko—gaano katagal iyong mananatili roon kung ipagpapaliban kong ibalik iyon?*

52 **Kapangyarihan sa mga Tipan**
*Ang isang tipan ay higit pa sa pangako ng dalawang tao sa isa't isa; ito ay isang pangakong may kapangyarihan, lakas, kaligtasan, at kapayapaan.*

54 **Mga Paboritong Family Home Evening**

56 **Ang mga Summer Ko Malapit sa Templo**
Ni David Isaksen
*Sampung oras ang biyahe patungo sa pinakamalapit na templo, sa Stockholm, Sweden, pero masaya ako na nagpunta kami.*

MGA BATA



70

57 **Family Home Evening Wheel**

58 **Iligtas 'Nyo Siya!**
Ni Heidi Swinton
*Noong bata pa siya, nalaman ni Pangulong Thomas S. Monson na isa sa pinakamasasayang damdamin ang makatulong sa kapwa.*

60 **Dalhin sa Tahanan ang Turo sa Primary: Ang mga Pamilya ay Bahagi ng Plano ng Ama sa Langit**

62 **Sa Daan: Mga Hamon sa Missouri**
Ni Jennifer Maddy

64 **Ang Ating Pahina**

65 **Natatanging Saksi: Bakit napakahalaga ng family history?**
Ni Elder David A. Bednar

66 **Ang Alpombrang May Kuwento**
Ni Kay Timpson
*Sa pagkukuwentuhan habang magkasamang gumagawa, hindi lang alpombra ang nagawa nina Katy at Lola.*

68 **Pagpapalitan ng mga Kuwento ng Pamilya**
*Gamitin ang aktibidad na ito para magbahagi at maglahad ng mga kuwento sa inyong pamilya.*

69 **Hi, ako si Erika na taga-El Salvador**

70 **Para sa Maliliit na Bata**

81 **Larawan ng Propeta: Joseph F. Smith**




***Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: Alam ni Erica.***



48

**HULYO 2013 TOMO 16 BLG. 7**
**LIAHONA 10787 893**
Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog
**Ang Unang Panguluhan:** Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf
**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:** Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen
**Patnugot:** Craig A. Cardon
**Mga Tagapayo:** Shayne M. Bowen, Bradley D. Foster, Christoffel Golden Jr., Anthony D. Perkins
**Namamahalang Direktor:** David T. Warner
**Direktor ng Family and Member Support:** Vincent A. Vaughn
**Direktor ng mga Magasin ng Simbahan:** Allan R. Loyborg
**Business Manager:** Garff Cannon
**Namamahalang Patnugot:** R. Val Johnson
**Assistant na Namamahalang Patnugot:** Ryan Carr, LaRene Porter Gaunt
**Assistant ng Publikasyon:** Melissa Zenteno
**Writing and Editing Team:** Susan Barrett, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Lori Fuller, Mindy Raye Friedman, Garry H. Garff, Jennifer Grace Jones, Hikari Loftus, Michael R. Morris, Richard M. Romney, Paul VanDenBerghe, Julia Woodbury
**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen
**Direktor sa Sining:** Tadd R. Peterson
**Design Team:** Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, C. Kimball Bott, Thomas Child, Kerry Lynn C. Herrin, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Scott M. Mooy, Brad Teare
**Intellectual Property Coordinator:** Collette Nebeker Aune
**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters
**Production Team:** Kevin C. Banks, Connie Bowthorpe Bridge, Julie Burdett, Bryan W. Gygi, Denise Kirby, Ginny J. Nilson, Gayle Tate Rafferty
**Bago Ilimbag:** Jeff L. Martin
**Direktor sa Paglilimbag:** Craig K. Sedgwick
**Direktor sa Pamamahagi:** Stephen R. Christiansen
**Pagsasalin:** Maria Paz San Juan
Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.
**Ipadala ang mga manuskrito at tanong** online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org
Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)
© 2013 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.
Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.
**For Readers in the United States and Canada:**
July 2013 Vol. 16 No. 7. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)
POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 707.4.12.5). NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.

# Mga Ideya para sa Family Home Evening

*Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na magagamit sa family home evening. Narito ang ilang halimbawa.*



PAGLALARAWAN NI CRAIG DIMOND © IRI

**"Ibinalik nang may Dangal,"** pahina 50: Matapos basahin ang kuwento, maaaring i-download at panoorin ng inyong pamilya ang video na "Honesty: You Better Believe It! [Katapatan: Makabubuting Paniwalaan Ninyo Ito!]" sa youth.lds.org (makukuha sa Ingles, Portuges, at Espanyol). Maaaring ibahagi ng mga miyembo ng pamilya ang natutuhan nila mula sa kuwento o sa video. Maaari din ninyong basahin sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* ang tungkol sa katapatan at integridad (pahina 19). Para sa aktibidad, maaaring pag-usapan ng mga miyembro ng pamilya ang mga sitwasyon na maaaring sumubok sa kanilang katapatan. Isulat ang mga sitwasyon sa mga piraso ng papel, ilagay ang mga ito sa isang mangkok, at pakuhanin ng isang papel ang bawat isa mula rito. Pagsalit-salitin ang lahat sa pagbabasa ng sitwasyon at pagsasabi kung ano ang dapat gawin sa gayong sitwasyon upang maging matapat.

**"Ang Alpombrang May Kuwento,"** pahina 66: Sa kuwentong ito, tinanong ni Katy si Lola kung ano ang ginusto niyang gawin na kasama ang kanyang pamilya noong bata pa siya. Ano ang sinabi ni Lola na ginusto nilang gawin? Pagkatapos ay tinuruan ni Lola si Katy ng isang bagong kasanayan, at magkasama silang bumuo ng isang magandang alaala. Isiping basahin ang ikapitong talata ng "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo." Ayon doon, paano itinatatag ang mga matagumpay na buhay mag-asawa at mag-anak? Pumili ng isa sa mga tuntuning ito, tulad ng awa, at talakayin ito bilang pamilya. Para sa tuntuning ito, maaari ninyong paglistahin ang pamilya ng mga paraan na maaari silang maging maawain sa mga miyembro ng pamilya at sa iba. Makapagtatakda kayo ng mga mithiin para sa loob ng isang linggo upang magpakita ng higit na awa at talakayin ninyo sa susunod ninyong family home evening kung paano ninyo nakamtan ang inyong mga mithiin. Maaari ninyong tapusin ang inyong lesson sa pagkanta ng "Mag-anak ay Magsasamang Walang Hanggan" (*Mga Himno,* blg. 188).


## SA INYONG WIKA

Ang *Liahona* at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa **languages.lds.org.**

## MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

*Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.*

***Family history,*** *65, 69*
***Family home evening,*** *3, 54, 57*
***Gawaing misyonero,*** *22*
***Halimbawa,*** *16*
***Jesucristo,*** *70*
***Kapatawaran,*** *44*
***Kasal, pag-aasawa,*** *32, 36*
***Kasaysayan ng Simbahan,*** *4, 16, 62, 80, 81*
***Katapatan,*** *13, 31, 48, 50*
***Kautusan, mga,*** *40*
***Mithiin, mga,*** *14*
***Ordenansa, mga,*** *29*
***Paghatol, paghusga,*** *40*
***Paghihirap,*** *4, 16, 80,*
***Pagiging magulang,*** *13, 32*
***Paglilingkod,*** *12*
***Pagsisisi,*** *47*
***Pagsunod,*** *40*
***Pagtuturo,*** *7, 13*
***Pamantayan, mga,*** *4*
***Pamilya,*** *16, 29, 30, 60, 66*
***Pananampalataya,*** *14, 36*
***Pananaw,*** *32*
***Pangkalahatang kumperensya,*** *8*
***Pioneer, mga,*** *4, 16, 62, 80*
***Plano ng kaligtasan,*** *30*
***Sabbath,*** *28*
***Smith, Joseph F.,*** *81*
***Templo, mga,*** *29, 56*
***Tipan, mga,*** *52*
***Tungkulin sa Simbahan, mga,*** *10*



Ni Pangulong Thomas S. Monson

# KAILANGAN NG MUNDO NG mga Pioneer Ngayon

Para sa marami, ang paglalakbay ng mga pioneer noong 1847 ay hindi nagsimula sa Nauvoo, Kirtland, Far West, o New York kundi sa malayong England, Scotland, Scandinavia, o Germany. Hindi lubos na maunawaan ng maliliit na bata ang malakas na pananampalatayang naghikayat sa kanilang mga magulang na iwanan ang kanilang pamilya, mga kaibigan, kaginhawahan, at katiwasayan.

Maaaring itanong ng isang bata, "Inay, bakit po tayo aalis sa bahay natin? Saan po tayo pupunta?"

"Halika, mahal kong anak; pupunta tayo sa Sion, ang lungsod ng ating Diyos."

Sa pagitan ng ligtas na tahanan at pangako ng Sion ay naroon ang nagngangalit at mapanganib na karagatan ng Atlantic. Sino ang makapaglalarawan ng takot na bumalot sa puso ng tao sa mapanganib na pagtawid na iyon sa karagatan? Sa paghihikayat ng mararahang bulong ng Espiritu, na pinalakas ng simple subalit matibay na pananampalataya, ang mga Banal na pioneer na iyon ay nagtiwala sa Diyos at nagsimula sa kanilang paglalakbay.

Sa wakas ay narating nila ang Nauvoo para lamang muling harapin ang mga hirap ng paglalakbay sa daan. Mga lapidang yari sa sambong at bato ang tanda ng mga libingan sa buong daanan mula Nauvoo hanggang Salt Lake City. Iyon ang sinapit ng ilang pioneer. Ang kanilang mga katawan ay nalibing sa kapayapaan, ngunit ang kanilang pangalan ay maaalala magpakailanman.

Mabagal nang lumakad ang pagod na mga baka, umingit na ang mga gulong ng mga bagon, nagpakahirap ang matatapang na kalalakihan, tumunog ang mga tambol, at umalulong ang mga koyote. Ngunit patuloy na naglakbay ang mga pioneer na nahikayat ng pananampalataya at napilitang humayo dahil sa paghihirap. Madalas nilang inawit ang:

*Mga Banal, halina't gumawa;*
*Maglakbay sa tuwa.*
*Mahirap man ang 'yong kalagayan,*
*Biyaya'y kakamtan. . . .*
*Kay-inam ng buhay!*[1]

Naalala ng mga pioneer na ito ang mga salita ng Panginoon: "Ang aking mga tao ay kinakailangang masubukan sa lahat ng bagay, nang sila ay maging handa sa pagtanggap ng kaluwalhatiang mayroon ako para sa kanila, maging ang kaluwalhatian ng Sion."[2]

Dahil sa paglipas ng panahon nakakalimot tayo at napapawi ang pagpapahalaga natin sa mga naglakbay sa mahirap na daan, na nag-iwan ng mga libingang walang pangalan sa kanilang landas. Ngunit ano naman ang mga hamon sa panahong ito? Wala bang mga baku-bakong daang lalakbayin, mababatong kabundukang aakyatin, mga banging tatawirin, mga landas na tatahakin, mga ilog na tatawirin? O talagang kailangan natin ang katatagang iyon ng mga pioneer para gabayan tayo palayo sa mga panganib na nagbabantang igupo tayo at akayin tayo patungo sa kaligtasan ng Sion?

Sa mga dekada mula nang matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ang mga pamantayan ng moralidad ay paulit-ulit na bumaba. Patuloy ang pagtaas ng krimen; patuloy ang pagbaba ng moralidad. Maraming naghahangad ng mga bagay na nakapipinsala, nagnanais na dumanas ng pansamantalang kasiyahan habang isinasakripisyo ang kagalakan ng kawalang-hanggan. Sa gayo'y nawawalan tayo ng kapayapaan.

Nalilimutan natin kung paano magiting na nagtagumpay ang mga Griyego at Romano sa isang malupit na mundo at paano nagwakas ang tagumpay na iyan—kung paano sila nadaig ng kapabayaan at kahinaan sa huli na humantong sa kanilang pagkawasak. Sa huli, mas ginusto pa nilang magkaroon ng katiwasayan at maginhawang buhay kaysa magkaroon ng kalayaan; at nawala sa kanila ang lahat ng



ito—kaginhawahan at katiwasayan at kalayaan.

Huwag padaig sa mga panunukso ni Satanas; sa halip, matatag na manindigan para sa katotohanan. Ang di-natugunang mga hangarin ng kaluluwa ay hindi matutugunan ng walang-katapusang paghahanap ng kagalakan sa mga panandaliang kasiyahan at kasamaan. Ang kasamaan ay hindi kailanman hahantong sa kabanalan. Ang galit ay hindi kailanman nagbubunga ng pagmamahal. Ang karuwagan ay hindi kailanman nagbibigay ng katapangan. Ang pagaalinlangan ay hindi kailanman nagpapalakas ng pananampalataya.

Nahihirapan ang ilan na tiisin ang pangungutya at pang-iinsulto ng mga hangal na tao na nanlilibak sa kalinisang-puri, katapatan, at pagsunod sa mga kautusan ng Diyos. At laging minamaliit ng daigdig ang pagsunod sa alituntunin. Nang utusan si Noe na gumawa ng daong, tumingin ang mga hangal sa maaliwalas na kalangitan at saka nangutya at nagtawanan—hanggang sa bumuhos ang ulan.

Dapat ba nating paulit-ulit na matutuhan ang mahahalagang aral na iyon? Ang panahon ay nagbabago, ngunit nananatili ang katotohanan. Kapag hindi tayo natuto mula sa mga karanasan ng nakaraan, nakatadhanang maulit natin ang mga ito lakip ang lahat ng kanilang pighati, pagdurusa, at kalungkutan. Hindi ba't alam natin na dapat tayong sumunod sa Kanya na siyang nakaaalam ng simula mula sa wakas—ang ating Panginoon, na siyang gumawa ng plano ng kaligtasan—sa halip na sa ahas na iyon, na humahamak sa kagandahan nito?

Ang kahulugan ng pioneer sa diksiyunaryo ay "isang taong nauna upang ihanda o buksan ang daang susundan ng iba."[3] Maaari ba tayong magkaroon ng katapangan at katatagan ng layunin na siyang katangian ng mga pioneer noong naunang henerasyon? Maaari ba kayo at ako, sa totoong buhay, na maging mga pioneer?

Alam kong maaari. Talagang kailangan ng mundo ng mga pioneer ngayon! ■

**MGA TALA**

1. "Mga Banal, Halina," *Mga Himno,* blg. 23.
2. Doktrina at mga Tipan 136:31.
3. *Oxford English Dictionary,* 2nd ed. (1989), "pioneer."

## PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO

Ipinaliwanag sa mga banal na kasulatan na ang mga home teacher ay "magbababala, magpapaliwanag, manghihikayat, at magtuturo, at magaanyaya sa lahat na lumapit kay Cristo" (D at T 20:59). Isiping ituro sa mga binibisita ninyo ang mga babala at paanyayang nasa mensahe ni Pangulong Monson. Maaaring ninyong talakayin sa kanila ang mga paraan para mahiwatigan at matularan ang mabubuting halimbawa, maiwasan ang mga panlilinlang, at matuto mula sa mga pagkakamali ng iba. Tanungin ang mga tinuturuan ninyo kung paano sila magiging mga pioneer ngayon.

Maaaring masiyahan ang mga bata na pag-aralan pa ang tungkol sa mga pioneer sa pagbabasa ng seryeng Sa Daan sa pahina 62 ng isyung ito.

PAGLALARAWAN NI WELDEN C. ANDERSEN

## Hinikayat ng Pananampalataya

Ni Maggi Earl

Hindi ko kailanman malilimutan ang paglilibot sa lugar ng Winter Quarters, Nebraska, USA, kung saan nanirahan ang mga pioneer noong araw. Dama ang kasagraduhan ng lugar, halos para akong bumibisita sa bakuran ng isang templo.

Napuno ng mga luha ang aking mga mata, na nagpalabo ng aking paningin. Nakakita ako ng estatuwa ngunit hindi ko mawari ang anyo nito. Nang magpahid ako ng luha, nakita ko ang isang lalaki at babae na napakalungkot ng mga mukha. Nang pagmasdan ko itong mabuti, nakita ko ang anyo ng isang sanggol na nakahimlay sa libingan sa kanilang paanan.

Ang tanawing ito ay pinuspos ako ng iba't ibang damdamin: kalungkutan, galit, pasasalamat, at kagalakan. Gusto kong palisin ang sakit na nadama ng mga Banal na iyon, ngunit nagpasalamat din ako para sa isinakripisyo nila para sa ebanghelyo.

Ang karanasan ko sa Winter Quarters ay nagpaunawa sa akin na ibinibigay ng Ama sa Langit ang ebanghelyo sa Kanyang mga anak at binibigyan sila ng kalayaang sundin ito kung nais nila. Maaari sanang piliin ng mga magulang ng sanggol na iyon ang mas madaling daan. Para masunod ang propeta at maipamuhay ang ebanghelyo, kinailangan ng mga pioneer na ito na magpatuloy kahit nangahulugan ito ng paglilibing ng kanilang anak. At pinili nilang ipamuhay ang ebanghelyo at tinanggap nila ang kanilang mga hamon. Nalaman ko na ang katapatan ng mga Banal sa ebanghelyo at ang determinasyon nilang magpatuloy ay dahil sa pananampalataya at pag-asa—pag-asa sa magandang kinabukasan at pananampalataya na kilala sila ng Panginoon at papawiin ang kanilang paghihirap.

*Ang awtor ay naninirahan sa North Carolina, USA.*



MGA BATA

## Maging Pioneer

Sinabi ni Pangulong Monson na ang pioneer ay isang tao na naghahanda ng daang susundan ng iba. Ano ang magagawa ng mga bata sa mga larawang ito para maipagtanggol ang tama at maging pioneer para sa iba? Isulat ang inyong mga sagot sa puwang sa ilalim ng mga larawan.










TRAHEDYA SA WINTER QUARTERS, NI AVARD FAIRBANKS © IRI; MGA PAGLALARAWAN NI BRYAN BEACH

*Mapanalanging pag-aralan ang materyal na ito at, kung angkop, talakayin ito sa kababaihang dinadalaw ninyo. Gamitin ang mga tanong upang tulungan kayong patatagin ang inyong mga kapatid at gawing aktibong bahagi ng inyong buhay ang Relief Society. Para sa iba pang impormasyon, pumunta sa* **reliefsociety.lds.org**.

**Pananampalataya, Pamilya, Kapanatagan**

# Pagtuturo at Pag-aaral ng Ebanghelyo



SINA JESUS, *MARIA, AT MARTA*, NI CARL HEINRICH BLOCH © HOPE GALLERY

Si Jesucristo ay isang dalubhasang guro. Nagpakita Siya ng halimbawa para sa atin nang "[turuan Niya] ang kababaihan nang sama-sama at nang isa-isa, sa lansangan at sa dalampasigan, sa tabi ng balon at sa kanilang mga tahanan. Nagpakita Siya ng mapagmahal na kabaitan sa kanila at pinagaling sila at ang mga miyembro ng kanilang pamilya."[1]

Tinuruan Niya sina Marta at Maria at "inanyayahan . . . silang maging Kanyang mga disipulo at makibahagi sa kaligtasan, 'ang magaling na bahagi' [Lucas 10:42] na hindi kailanman aalisin sa kanila."[2]

Sa ating mga banal na kasulatan sa mga huling araw, inutusan tayo ng Panginoon na "turuan ninyo ang isa't isa ng doktrina ng kaharian" (D at T 88:77). Hinggil sa pagtuturo at pag-aaral ng doktrina, sinabi ni Cheryl A. Esplin, pangalawang tagapayo sa Primary general presidency, "Ang pag-aaral upang lubos na maunawaan ang mga doktrina ng ebanghelyo ay panghabambuhay na proseso at dumarating nang 'taludtod sa taludtod, [na] ng tuntunin sa tuntunin, kaunti rito at kaunti roon' (2 Nephi 28:30)."[3]

Kapag tayo ay natuto, nag-aral, at nanalangin, maaari tayong magturo nang may kapangyarihan ng Espiritu Santo, na siyang magdadala ng ating mensahe "sa puso ng mga anak ng tao" (2 Nephi 33:1).

## *Mula sa mga Banal na Kasulatan*

Alma 17:2–3; 31:5; Doktrina at mga Tipan 42:12–13; 84:85

**MGA TALA**

1. *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 3.
2. *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian,* 4.
3. Cheryl A. Esplin, "Turuan ang Ating mga Anak na Umunawa," *Liahona*, Mayo 2012, 12.
4. Spencer W. Kimball, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian,* 60–61.

## *Mula sa Ating Kasaysayan*

Ang mga propeta natin noon ay ipinaalala sa atin bilang kababaihan na tayo ay may mahalagang tungkulin bilang mga guro sa tahanan at Simbahan. Noong Setyembre 1979, inutusan tayo ni Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985) na maging "mga kababaihang maalam sa mga banal na kasulatan." Sinabi niya: "Maging maalam sa mga banal na kasulatan—hindi para hamakin ang iba, kundi para pasiglahin sila! Kunsabagay, sino pa ba ang mas nangangailangang 'magpahalaga' sa mga katotohanan ng ebanghelyo (na maaasahan nila sa mga sandali ng pangangailangan) kundi ang kababaihan at mga inang maraming inaalagaan at tinuturuan?"[4]

Lahat tayo ay mga guro at mag-aaral. Kapag nagturo tayo mula sa mga banal na kasulatan at sa mga salita ng ating mga buhay na propeta, matutulungan natin ang iba na lumapit kay Cristo. Kapag nakibahagi tayo sa pag-aaral sa pamamagitan ng pagtatanong ng mga makabuluhang bagay at pakikinig pagkatapos, matatagpuan natin ang mga sagot na tumutugon sa personal nating mga pangangailangan.

## ANO ANG MAGAGAWA KO?

1. Paano ako naghahandang maging mas mahusay na guro?
2. Ibinabahagi ko ba ang aking patotoo sa kababaihang pinangangalagaan ko?

# NOTEBOOK NG KUMPERENSYA NG ABRIL 2013

*"Kung ano ang sinabi ko, ang Panginoon, ay sinabi ko; . . . maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa" (D at T 1:38).*

*Habang nirerepaso ninyo ang pangkalahatang kumperensya ng Abril 2013, magagamit ninyo ang mga pahinang ito (at ang mga Notebook ng Kumperensya sa darating na mga isyu) upang tulungan kayong pag-aralan at ipamuhay ang mga itinuro kamakailan ng mga buhay na propeta at apostol at ng iba pang mga pinuno ng Simbahan.*

## MGA KUWENTO MULA SA KUMPERENSYA



# Pagkatutong Maging Masunurin

### Ni Pangulong Thomas S. Monson

Noong lumalaki na ako, tuwing summer mula Hulyo hanggang sa mga unang araw ng Setyembre, ang pamilya ko ay namamalagi sa aming maliit na bahay sa Vivian Park sa Provo Canyon sa Utah.

Isa sa matatalik kong kaibigan sa masasayang panahong iyon ay si Danny Larsen, na ang pamilya ay nagmamay-ari rin ng isang maliit na bahay sa Vivian Park. Araw-araw kaming naglilibot sa lugar na ito, nangingisda sa batis at ilog, nangunguha ng mga bato at iba pang magagandang bagay, nagha-hiking, umaakyat, at nagsasaya sa bawat minuto ng bawat araw.

Isang umaga nagpasiya kami ni Danny na gumawa ng campfire kinagabihan kasama ang lahat ng kaibigan namin doon. Kailangan lang naming hawanin ang isang lugar na malapit sa bukid para makapagtipon kaming lahat. Ang mga damo sa buwan ng Hunyo ay tuyo na at nakakasugat, kaya hindi ito akma sa balak namin. Sinimulan naming bunutin ang matataas na damo, sa planong mahawan ang malaking bahagi nito. Buong lakas naming binunot ang mga damo, pero ang nabunot namin ay kakaunti sa matitibay na damong iyon. Alam namin na aabutin kami nang buong maghapon sa paggawa nito, at napapagod na kami at nawawalan na ng gana.

At pagkatapos ay dumating sa walong-taong-gulang kong isipan ang inakala kong magandang solusyon. Sinabi ko kay Danny, "Kailangan lang nating sunugin ang mga damong ito. *Sunugin* lang natin ang gitna ng damuhan!" Agad siyang sumang-ayon, at tumakbo sa bahay namin para kumuha ng posporo.

Baka isipin ninyo na pinapayagan na kami sa edad na walo na gumamit ng posporo, gusto kong linawin sa inyo na kami ni Danny ay pinagbawalan na gamitin ito nang walang nakabantay na matanda. Pareho kaming paulit-ulit na binalaan sa panganib na dulot ng apoy. Gayunpaman, alam ko kung saan itinatago ng pamilya ko ang mga posporo, at kailangan naming mahawan ang lugar na iyon. Hindi na nagdalawang-isip pa, tumakbo ako sa bahay namin at kumuha ng ilang posporo, tiniyak na walang nakakakita sa akin. Mabilis ko itong itinago sa aking bulsa.

Patakbo akong bumalik kay Danny, tuwang-tuwa na nasa bulsa ko na ang solusyon sa aming problema. Naalala ko na naisip ko noon na susunugin lang ng apoy ang gusto naming sunugin at pagkatapos ay basta na lamang mamamatay ang apoy.

Ikiniskis ko ang posporo sa bato at sinunog ang tuyong damo sa buwan ng Hunyo. Naglagablab ito na para bang nabuhusan ng gasolina.

Tuwang-tuwa kami ni Danny noong una habang minamasdan na natutupok ang mga damo, ngunit kaagad naming natanto na hindi basta kusang mamamatay ang apoy. Natakot kami nang matanto namin na wala kaming magagawa para pigilan ito. Sinimulang tupukin ng mapanirang apoy ang mga ligaw na damo na umabot hanggang sa gilid ng bundok, nanganganib ang mga pine tree at lahat ng madaraanan nito.

Sa huli wala kaming opsiyon kundi ang tumakbo at humingi ng tulong. Di-nagtagal lahat ng naroong kalalakihan at kababaihan sa Vivian Park ay nagtakbuhan paroo't parito dala-dala ang mga basang telang sako, at inihahampas sa apoy para maapula ito. Makalipas ang ilang oras ang huling natitirang baga ay tuluyan nang napatay. Ang matatandang puno ng mga pine tree ay nakaligtas, gayon din ang mga bahay na muntik nang maabutan ng apoy.



Natutuhan namin ni Danny ang ilang matitindi pero mahahalagang aral nang araw na iyon—ang malaking bahagi nito ay ang kahalagahan ng pagsunod.

May mga tuntunin at batas na tumutulong para matiyak ang ating pisikal na kaligtasan. Gayundin, ang Panginoon ay nagtatag ng mga tuntunin at kautusan para matiyak ang ating espirituwal na kaligtasan upang matagumpay tayong makapaglakbay sa mortal na buhay na ito na kadalasang puno ng panganib at sa huli ay makabalik sa ating Ama sa Langit. ■

**Mula sa "Ang Pagsunod ay Nagdudulot ng mga Pagpapala," *Liahona,* Mayo 2013, 89–90.**

## MGA TANONG NA PAG-IISIPAN

- Bakit tayo may mga patakaran?
- Bakit mahalaga para sa atin na piliing sundin ang mga utos ng Diyos?
- Sa paanong paraan naging halimbawa ng pagsunod si Jesucristo sa atin?

Isiping isulat ang inyong mga ideya sa inyong journal o talakayin ang mga ito sa iba.

Karagdagang mga sanggunian sa paksang ito: *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (2009), "Pagsunod," 237–244; "Obedience," sa Gospel Topics sa LDS.org; D. Todd Christofferson, "Ang Kapangyarihan ng mga Tipan," *Liahona,* Mayo 2009, 19–23.

# Mga Salita ng Propeta sa mga Member Missionary

"Ipinapangako ko sa inyo, kapag nanalangin kayong malaman kung sino ang kakausapin, papasok ang mga pangalan at mukha sa inyong isipan. Ipapaalam sa inyo ang inyong sasabihin sa mismong sandaling kailangan ninyo ito. Darating sa inyo ang mga pagkakataon. Madaraig ng pananampalataya ang pag-aalinlangan, at bibiyayaan kayo ng Panginoon ng sarili ninyong mga himala."

**Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ito ay Isang Himala," *Liahona,* Mayo 2013, 79.**



## MISSIONARY STATUS HANGGANG SA PANGKALAHATANG KUMPERENSYA NG ABRIL

| | |
|---|---|
| Bilang ng mga missionary na kasalukuyang nasa misyon | 65,634 |
| Bilang ng mga kabataang lalaki at babae na nakatanggap ng kanilang mission call ngunit hindi pa nakakapasok sa missionary training center | Mahigit 20,000 |
| Bilang ng mga kabataang lalaki at babae na kasalukuyang iniinterbyu ng kanilang bishop at stake president | Mahigit 6,000 |
| Bilang ng nalikhang mga bagong mission | 58 |

**Mula kay Pangulong Thomas S. Monson, "Pagbati sa Kumperensya," *Liahona*, Mayo 2013, 5.**

MULA KALIWA: LARAWANG KUHA NG © CORBIS IMAGES; LARAWAN NI THOMAS S. MONSON SA VIVIAN PARK; LARAWANG KUHA NI CRAIG DIMOND

# SINUMANG TINAWAG NG PANGINOON AY BINIBIGYAN NIYA NG KAKAYAHAN

Karamihan sa mga miyembro ng Simbahan ay magkakaroon ng maraming pagkakataong tumanggap ng isang "tungkulin"—isang gawaing maglingkod. "Inaasahan ng Panginoon na magkakaroon ng tungkulin sa Kanyang Simbahan ang bawat isa sa atin nang sa gayon ay mapagpala ang iba ng ating mga talento at impluwensya," sabi ni Pangulong Ezra Taft Benson (1899–1994).[1]

Ang mga lider ng Simbahan, na tinawag para maglingkod, ay umaasa sa ibang mga miyembro na kanilang tatanggapin at tutuparin ang mga tungkuling ibinigay sa kanila. Bawat bagong tungkulin ay isang pagkakataong maglingkod at umunlad at dapat gawin nang may pagpapakumbaba at panalangin. Ang mga tawag na maglingkod sa Simbahan ay ibinibigay ng mga lider ng priesthood matapos humingi ng inspirasyon mula sa Panginoon. "Kayo'y tinawag ng Diyos," paliwanag ni Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan. "Kilala kayo ng Panginoon. Alam Niya kung sino ang nais Niyang maglingkod sa bawat posisyon sa Kanyang Simbahan. Pinili Niya kayo."[2]

Sa ating mga tungkulin kinakatawan natin ang Tagapagligtas, at ang gawaing ginagawa natin—gaano man ito kahamak—ay may mga walang-hanggang ibubunga. Ang impluwensya ng isang masigasig na guro sa Primary, halimbawa, ay maaaring bigyan ng inspirasyon ang isang bata na magmisyon balang-araw. O ang magiliw na pagbati ng isang usher ay maaaring maipadama sa isang miyembrong nahihirapan na tinatanggap siya sa simbahan.

Tutulungan tayo ng Panginoon sa ating mga tungkulin, lalo na kung nahihirapan tayo sa ating mga responsibilidad. Kapag nagdasal tayo sa Ama sa Langit na patnubayan tayo, papatnubayan Niya tayo sa pamamagitan ng inspirasyon at pagpapalain tayo upang makapaglingkod nang husto. Tinutulungan ng Panginoon ang mga naglilingkod sa Kanya at idaragdag ang Kanyang kapangyarihan sa kanilang mga pagsisikap (tingnan sa D at T 84:88). Tulad ng ipinangako ni Pangulong Thomas S. Monson, "Kapag tayo ay nasa paglilingkod ng Panginoon, tayo ay karapat-dapat sa tulong ng Panginoon. Tandaan na sinumang tinawag ng Panginoon ay binibigyan Niya ng kakayahan."[3]

Kapag sinunod natin ang halimbawa ng paglilingkod ng Panginoon at masunuring tinupad ang ating mga tungkulin at responsibilidad sa Simbahan, pagpapalain ang ating buhay at magiging higit tayong katulad ng Diyos (tingnan sa Moroni 7:48; D at T 106:3). ■

## IBIGAY ANG INYONG BUONG KAKAYAHAN

"Ang inyong lakas ay ilang ulit na pag-iibayuhin ng Panginoon. Ang hiling lang Niya ay ibigay ninyo ang inyong buong kakayahan at buong puso. Gawin ito nang masaya at may panalangin ng pananampalataya. Isusugo ng Ama at ng Kanyang Pinakamamahal na Anak ang Espiritu Santo para makasama ninyo upang kayo'y magabayan. Ang inyong mga pagsisikap ay palalakihin sa buhay ng mga taong inyong pinaglilingkuran."

**Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Manindigan sa Iyong Tungkulin," *Liahona*, Nob. 2002, 76.**

Para sa iba pang impormasyon, tingnan ang kabanata 14 sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Lorenzo Snow* (2012).


**MGA TALA**

1. Ezra Taft Benson, sa Dieter F. Uchtdorf, "Magbuhat Kung Saan Kayo Nakatayo," *Liahona*, Nob. 2008, 54.
2. Henry B. Eyring, "Manindigan sa Iyong Tungkulin," *Liahona*, Nob. 2002, 76.
3. Thomas S. Monson, "Duty Calls," *Liahona,* Hulyo 1996, 42.

***Maaari tayong sumangguni sa mga hanbuk, sa manwal, sa payo ng mga lider ng Simbahan, at sa iba pang mga materyal upang malaman natin ang ating mga responsibilidad at masagot ang ating mga tanong.***

*Kapag tumutulong tayo sa gawain ng Panginoon, maaari nating ipagdasal at tanggapin ang Kanyang tulong (tingnan sa D at T 84:88).*

*Hindi natin hinahangad ang mga tungkulin, ni hindi natin karaniwang tinatanggihan ang mga tungkuling ibinibigay sa pamamagitan ng awtoridad ng priesthood (tingnan sa Moises 6:31–32).*



*Ang pagtupad sa ating mga tungkulin ay naghahatid ng mga pagpapala at kagalakan (tingnan sa Mateo 25:23).*

*Lahat ng tungkulin ay pare-parehong mahalaga; kailangan ng Simbahan ang mga nursery leader at maging ang mga Relief Society president (tingnan sa I Mga Taga Corinto 12:14–18). Mas mahalaga kung* paano *tayo naglilingkod kaysa kung* saan *tayo naglilingkod.*

PAGLALARAWAN NI DAVID HABBEN

## PAGSAGOT SA MGA TANONG

### Bakit may mga di-suwelduhang lider ang Simbahan ninyo?

Sa simula pa lamang, tumawag na ang Panginoon ng Kanyang mga disipulo mula sa mga karaniwang tao na iba't iba ang pinagmulan. Naglingkod sila dahil sa pagmamahal nila sa Panginoon at sa iba. Sa Aklat ni Mormon, halimbawa, pumili ang propetang si Alma ng mga lider ng priesthood at "inutusan [sila] . . . na gumawa sa pamamagitan ng sarili nilang mga kamay para sa kanilang panustos. . . .

"At ang mga saserdote ay hindi dapat umasa sa mga tao para sa kanilang panustos; kundi sa kanilang gawain sila ay tatanggap ng biyaya ng Diyos" (Mosias 18:24, 26; tingnan din sa 2 Nephi 26:29–31; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:5).

Gayon din sa ating panahon, ang tawag na maglingkod ay nagbibigay sa atin ng pagkakataong tulungan ang iba at paunlarin at ibahagi ang ating mga talento at espirituwal na mga kaloob. Pinagpapala tayo ng Panginoon kapalit ng ating paglilingkod.

# ISANG TELEBISYON AT ISANG ESPIRITUNG NAPASIGLA

**Ni Kaci Cronin**

Ang asawa ko ay binging-bingi at lubos ang katapatan sa ebanghelyo. Gayunman, dahil maraming taon siyang nahirapang unawain ang mga pulong sa Simbahan tuwing Linggo ay nag-alangan siyang dumalo sa iba pang mga pulong at brodkast para sa priesthood. Bagama't mababait at mapanghikayat ang mga miyembro ng aming ward, ang kakulangan nila sa pag-unawa sa tulong-teknikal na kailangan niya upang makabahagi sa mga pulong ay madalas magpalungkot at magpayamot sa aking asawa.

Bago kami sa aming ward, at panahon iyon ng pangkalahatang kumperensya. Atubiling naghanda ang aking asawa sa pagpunta sa pangkalahatang pulong ng priesthood, na iniisip kung anong mga problema ang makakaharap niya sa pagsisikap na panoorin ang brodkast. Dumating siya at nalaman na walang nakakaalam kung paano maglagay ng closed captions sa malaking overhead projector, kaya naglabas ng telebisyon at inilagay ito sa sulok. Gayunman, may kaunting problema. Ginamit pala sa projector ang kurdon na kailangan para maikonekta ang telebisyon, at nawalan ng silbi ang telebisyon. Nagpunta sa library ang aking asawa, na sanay na sa ganitong mga sitwasyon, at nagsimulang maghanap ng projector cord. Matapos maghanap sa ilang kahon at kabinet, nakakita siya ng maiksing kurdon para sa projector.

Dahil magsisimula na ang brodkast, nag-alala ang lahat sa pagtatanggal ng koneksyon at pag-aayos ng anumang bagay. Napakaikli ng kurdon na nakita ng asawa ko para umabot sa telebisyon na nasa rolling cart, kaya't kinailangang ilipat ang TV sa mas mababang mesa. Inilabas niya ang cart sa chapel at ipinasok sa kalapit na silid. Sinimulan niyang kalagin ang telebisyon mula sa rolling cart at inisip na sana ay may dumating para tulungan siyang iangat ito. Sa sandaling iyon, naramdaman niyang may pumasok sa silid. Ang bishop iyon. Natuwa ang asawa ko nang ilagay nilang dalawa ang TV sa ibabaw ng mesa. Napaandar ng asawa ko ang TV habang kumukuha ng upuan ang bishop at inilalagay ito paharap sa screen.

Pinasalamatan siya ng aking asawa sa pagtulong niya at kinamayan siya, at tumalikod na ang bishop papunta sa pinto. Sa gulat ng asawa ko, hindi lumabas ang bishop at tumuloy sa mga silyang nakasandal sa dingding. Kumuha siya ng isa at naupo sa tabi ng aking asawa. Magkatabi silang dalawa na nakaupo sa buong sesyon.

Ngayon ay nasasabik nang dumalo ang asawa ko sa kanyang mga pulong. Ang simpleng kabutihang ginawa ng bishop ay nagpasigla sa aking asawa at nagpadama ng pasasalamat sa kanyang puso. Bagama't may ilang problema pa ring dumarating, hindi na niya nadarama na nag-iisa siya o hindi siya tanggap. Ang pananaw ng aking asawa ay nagbago magpakailanman dahil sa mabuting ginawa ng isa sa mga pastol ni Cristo. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Mississippi, USA.*

Para sa impormasyon tungkol sa mga resources na makukuha para sa iba't ibang kapansanan, bumisita sa disabilities.lds.org.



PAGLALARAWAN NI J. BETH JEPSON

# KATAPATAN AT INTEGRIDAD



Ang katapatan at integridad "ay laging ipinagagawa o ipinasasabi sa isang tao ang tama anuman ang sitwasyon o isipin ng iba," sabi ni Elder Christoffel Golden Jr. ng Pitumpu sa isang artikulo sa mga pahina 48–49 ng isyu sa buwang ito.

Ang artikulo ay nagsasalaysay tungkol sa isang pangyayari sa buhay ni Elder Joseph B. Wirthlin (1917–2008) ng Korum ng Labindalawang Apostol. Noong siya ay estudyante sa kolehiyo, naglaro si Elder Wirthlin sa isang kampeonato ng American football. Ipinasa sa kanya ang bola, tumakbo papunta sa linya ng kalaban, ngunit napigilang siya ng kalaban dalawang pulgada (5 cm) mula sa goal line. Sa ilalim ng patung-patong na mga manlalaro, sa halip na itulak ang bola papasok, naalala niya ang sinabi ng kanyang ina na dapat niyang gawin palagi ang tama. Hinayaan niya ang bola sa kinalalagyan nito.

Ang sumusunod na mga mungkahi, kasama ang inyong sariling halimbawa, ay makatutulong sa inyo na maituro sa inyong mga anak ang mga alituntuning ito ng ebanghelyo.

### Mga Mungkahi sa Pagtuturo sa mga Kabataan

- Basahin kasama ng inyong anak na tinedyer ang bahaging tungkol sa katapatan at integridad sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*. Talakayin ang mga pagpapala ng katapatan at integridad.
- Isiping magpatulong sa inyong anak na tinedyer na maghanda ng quiz na "Ano ang Gagawin Mo?" para sa family home evening. Gamitin ang *Para sa Lakas ng mga Kabataan* bilang gabay at maglista ng mga sitwasyon na magbibigay sa isang tao ng pagkakataon na magpakita ng katapatan at integridad. Sagutan ninyo ng inyong pamilya ang quiz at pag-usapan ang mga resulta nito.
- Paulit-ulit na nagsalita si Pangulong Thomas S. Monson tungkol sa katapatan. Maghanap ng isa sa kanyang mga mensahe at ibahagi ito sa inyong pamilya. Narito ang ilang posibilidad:

  "Si Propetang Joseph Smith: Huwarang Guro," *Liahona*, Nob. 2005, 67.

  "Happiness—the Universal Quest," *Liahona,* Mar. 1996, 2.

  "In Search of an Abundant Life," *Tambuli,* Ago. 1988, 2.

### Mga Mungkahi sa Pagtuturo sa mga Bata

- Kasama sa integridad ang pagiging tapat sa inyong sarili. Para maipaliwanag ito, isiping magkaroon ng isang family home evening lesson kung saan may pagkaing nakalagay sa harapan ng mga bata. Sabihin sa kanila na hindi pa sila maaaring kumain hangga't hindi ninyo sinasabi. Pagkatapos ay pumikit o piringan ang inyong sarili at magtanong, "Ayos lang ba na kainin ninyo ang pagkain ngayon, dahil lang sa hindi ko kayo nakikita?" Talakayin ang mabubuting bagay na magagawa nila kapag walang nakatingin sa kanila, tulad ng personal na panalangin. Ipaalala sa kanila na lagi silang nakikita ng Ama sa Langit.
- Isiping gamitin ang quiz na ginawa ninyo ng anak ninyong tinedyer (tingnan sa itaas), o gumawa ng isang quiz na angkop sa maliliit na bata na makatutulong sa kanila na kilalanin kung ano ang tapat o hindi tapat. Hayaang talakayin nila ang kanilang mga sagot. Kung kayo ay may mga anak na tinedyer at maliliit na anak, isiping patulungan sa mga tinedyer ang kanilang maliliit na kapatid sa pagsagot sa quiz. ■

**MGA BANAL NA KASULATAN TUNGKOL SA KATAPATAN AT INTEGRIDAD**

Job 27:4–5

Mga Kawikaan 20:7

I Pedro 2:12

Alma 53:20

Doktrina at mga Tipan 124:15

Mga Saligan ng Pananampalataya 1:13

PAGLALARAWAN NI TAIA MORLEY



# WALANG SALITANG MULA SA DIOS NA DI MAY KAPANGYARIHAN

**Ni Sang-Ick Han**

Mga 12 taon na ang nakararaan, nandayuhan kami ng aking asawa at apat na anak na lalaki sa New Zealand mula sa Republic of Korea. Habang nagtatrabaho bilang pangalawang punong-guro sa paaralang Korean sa New Zealand, marami akong nakilalang Koreano na nahihirapang makibagay sa bagong kultura at mga bagong patakaran at tuntunin. Gusto kong tulungan sila at makatulong din sa New Zealand, kaya naisip ko na ang pagiging abogado ay isang paraan para mapag-ugnay ang dalawang lahi at bansa. Kaya, matapos manalangin para matiyak ang aking desisyon, nagpasiya akong mag-aral sa law school sa edad na 53.

Alam kong mahihirapan ako. Ngunit nang matanggap ko ang mga manwal sa kurso, natanto ko na mas mahirap pa ito kaysa inasahan ko. Bawat manwal sa kurso ay napakakapal, at tila hindi ko maunawaan ang mga nilalaman nito. Bagama't halos 10 taon akong nakatulong sa pag-interpret ng wikang Ingles sa wikang Koreano para sa pangkalahatang kumperensya at nakatapos ako ng master's degree sa linguistics sa New Zealand, ang mga katagang ukol sa batas ay tila lubos na kakaibang uri ng Ingles.



***Pinagpala ng Panginoon si Brother Sang-Ick Han sa maraming paraan para matulungan siyang makatapos ng abugasya sa edad na 55.***

Pag-uwi ko mula sa paaralan noong unang araw ng pasukan, pinag-isipan kong mabuti kong dapat akong magpatuloy o hindi na. Sa panahong iyon ng pag-aalinlangan, isang kaisipan ang nanaig sa aking isipan: Magtatagumpay ako kung lubos akong aasa sa Panginoon.

Dahil alam ko na ang Diyos ay buhay at sinasagot ang ating mga panalangin, humingi ako ng tulong sa Kanya. Naalala ko ang isang talata sa Biblia na nagbigay sa akin ng malaking ginhawa: "Sapagka't walang salitang mula sa Dios na di may kapangyarihan" (Lucas 1:37). Ang talatang iyan ay nagbigay sa akin ng lakas na magpatuloy.

Tuwing hirap ako sa aking pag-aaral, ang Diyos ay laging naghahanda ng daan o nagsusugo ng mga anghel—mga taong matulungin—upang gabayan ako.

Isang araw nahirapan akong tapusin ang isang assignment. Ginawa ko ang lahat, pero hindi ko mawari kung ano ang gustong ipagawa sa amin ng lecturer. Pagsapit ng Linggo, ipinagpaliban ko lahat ng pinag-aaralan ko at nagtuon ako sa mga tungkulin ko sa Simbahan. Bilang stake high councilor, dinalaw ko ang isang ward na nakatalaga sa akin para



magbigay ng mensahe sa sacrament meeting. Pagkatapos ng pulong nilapitan ako ng isang lalaki at sinabing nakita na niya ako sa klase. Hindi ko alam na nag-aaral din pala siya ng abugasya. Nang kumustahin niya ang assignment namin, tinapat ko siya na talagang nahihirapan ako. Nagprisinta siyang puntahan ako sa bahay para tulungan ako. Kung hindi ako nagpunta sa ward na iyon at hindi siya nakilala, hindi ko sana naipasa sa oras ang assignment ko. Isa siyang anghel na isinugo ng Diyos para sagutin ang aking panalangin.


Sa isa sa pinakamahihirap kong asignatura, dalawang oras na walang tigil sa pagtuturo ang lecturer tuwing may klase kami. Hindi lang mahirap unawain ang asignatura kundi pati na ang punto ng pagsasalita ng lecturer, kaya sa kanyang pahintulot, inirekord ko ang mga lecture niya para marepaso ko. Isang araw tumanggap ako ng email mula sa isang babaeng hindi ko kilala. Nagpakilala siya na kaklase ko at nagtanong kung puwedeng mahiram ang mga inirekord ko dahil hindi siya nakakapasok sa klase kung minsan dahil sa iskedyul niya sa trabaho.

Siyempre masaya akong bigyan siya ng mga kopya ng mga inirekord ko. Akala ko tinutulungan ko siya, pero hindi naglaon at nalaman ko na isa pa siyang anghel na isinugo ng Diyos para tulungan ako. Para makapasa sa klase, kinailangan naming magpasa ng dalawang assignment at kumuha ng tatlong-oras na pagsusulit. Tinulungan niya akong matapos ang mga assignment at maghanda para sa pagsusulit. Kung hindi sa tulong niya, palagay ko hindi ako pumasa.

Bukod pa sa hirap ng pagiging mas matandang estudyante na hindi matatas magsalita ng Ingles, may iba pa akong mga responsibilidad na nagpahirap sa akin na matapos ang kurso. Malaking oras ang ginugol ko sa trabaho, mga gawain sa komunidad, at mga tungkulin sa Simbahan, at sinikap ko ring pangalagaan at asikasuhin ang pinakamahahalaga kong responsibilidad bilang asawa, ama, at lolo. Nang malaman ng isa sa mga kasamahan ko ang lahat ng dapat kong gawin bukod pa sa pag-aaral, sinabi niya na kahibangang mag-aral pa ako ng abugasya sa dami ng iba ko pang mga obligasyon. Gayunman, naniniwala ako na "ang mga bagay na di mangyayari sa mga tao ay may pangyayari sa Dios" (Lucas 18:27).

Sa edad na 55, natanggap ako bilang solicitor at barrister sa High Court sa New Zealand. Nagpapasalamat ako na hindi lamang ako naging isang abogado sa kabila ng hindi ako gaanong makapagsalita ng wika nila kundi nagkaroon din ako ng mas malakas na patotoo na ang Diyos ay buhay at sinasagot ang matwid nating mga panalangin. Alam ko na walang imposible sa tulong Niya. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa New Zealand.*



### ANG MGA PAGHIHIRAP AY NAGBUBUNGA NG PAGKATUTO

"Maaaring mahirapan tayong kamtin ang ating mga mithiin, ngunit maaari tayong matuto sa ating mga pakikibaka na tulad sa ating pag-aaral. Ang kalakasang tinaglay natin sa pagdaig sa mga hamon ay mapapasaatin sa darating na mga kawalang-hanggan."

**Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol at Kristen M. Oaks, "Pagkatuto at mga Banal sa mga Huling Araw,"** ***Liahona,*** **Abr. 2009, 31.**

PAGLALARAWAN NI DILLEEN MARSH; LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NI SANG-ICK HAN

**Ni Elder M. Russell Ballard**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol



# Pananampalataya at Katatagan ng mga Pioneer Noon at Ngayon

*Kailangan tayong magsama-sama bilang mga pioneer sa panahong ito, na namumuhay na katulad ni Cristo, sinusuportahan ang mabubuting mithiin sa ating komunidad, at pinatatatag ang ating pamilya at tahanan.*

Ang mga unang taon ng kasaysayan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay puno ng malalaking pagsubok. Dahil diyan, nalampasan ng mga lider na nakaligtas sa mga unang panahong ito, tulad nina Brigham Young, Heber C. Kimball, John Taylor, Wilford Woodruff, Lorenzo Snow, at Joseph F. Smith, ang halos di-makayanang mga pagsubok sa pagtawid sa mga kapatagan at pagtatatag ng Simbahan sa Rocky Mountains.



***"Malaki ang utang na loob natin sa mga pioneer at hindi natin dapat kalimutan kailanman na ang tagumpay sa panahong ito ay nakasalig sa katatagan at katapangan ng mapagkumbabang mga dakilang tao ng nakaraan," sabi ni Elder Ballard, na nakalarawan sa itaas kasama ang mga kabataang gumanap na mga pioneer.***

Palagay ko ay mapapangiti ang mga pioneer noong araw kapag nakita nila kung ano na ang naisagawa ng mga Banal sa mga Huling Araw. Malaki ang utang na loob natin sa mga pioneer at hindi natin dapat kalimutan kailanman na ang tagumpay sa panahong ito ay nakasalig sa katatagan at katapangan ng mapagkumbabang mga dakilang tao ng nakaraan.

Tungkol sa ating matatapat na pioneer, sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008): "Mabuting lingunin ang nakaraan para mapahalagahan ang kasalukuyan at magkaroon ng pananaw tungkol sa hinaharap. Mabuting masdan ang mabubuting katangian ng mga nauna sa atin, upang magkaroon ng lakas para sa anumang naghihintay sa atin sa hinaharap. Mabuting pagnilayan ang gawain ng mga taong iyon na nagsumigasig nang husto at kakaunti ang napala sa mundong ito, ngunit mula sa kanilang mga pangarap at maaagang plano, na pinangalagaan nila nang husto, ay nakinabang tayo nang husto sa mga ibinunga nito. Ang kanilang napakalaking halimbawa ay maaaring maging

KALIWA: LARAWANG KUHA NI DEL VAN ORDEN © 1997 *CHURCH NEWS*; KANAN: PAGLALARAWAN NI LLOYD ELDREDGE



makabagbag-damdaming panghihikayat sa ating lahat, sapagkat bawat isa sa atin ay isang pioneer sa kanyang sariling buhay.”[1]

### Pananampalatayang Sumunod

Hindi lamang ang mga lider na iyon ang may sapat na pananampalatayang sumunod kay Brigham Young sa tigang na disyerto. Marami ring sumunod na karaniwan ngunit matapang na mga miyembro ng Simbahan. Mula sa kasaysayan ng Simbahan nakilala natin ang mga magulang ni Oliver Huntington, na noong 1836 ay iniwan ang mariwasang buhay sa Watertown, New York, pati na ang isang 230-acre (93 ha) na bukirin na may magandang bahay na yari sa bato at dalawang kamalig na yari sa matitibay na kahoy, at kasama ang kanilang pamilya ay naglakbay upang makasama ang mga Banal sa Kirtland, Ohio.

Matapos nilang iwan ang lahat, isinulat ni Oliver, “Masakit sa bawat isa [sa mga magulang ko], na makita ang iba na nagugutom at lalong mas masakit sa kanila [na] makitang humihingi ng tinapay ang kanilang mga anak at wala silang maibigay sa kanila ni hindi nila alam kung saan manggagaling ang susunod na pagkain.” Pinatunayan ni Oliver ang pananampalataya ng kanyang pamilya sa pagsasabi na hindi niya kailanman narinig na bumulung-bulong o nagreklamo ang kanyang mga magulang laban sa sinumang mga awtoridad ng Simbahan o nag-alinlangan tungkol sa katotohanan ng gawain.[2]

Naalala ni Emily Partridge, anak ng unang bishop ng Simbahan sa dispensasyong ito, na iniwan nila ang magandang tahanan nila sa Painesville, Ohio, para lumipat sa Jackson County, Missouri, noong 1831 nang siya ay pitong taong gulang lamang.[3] Hindi nagtagal, pinalayas ng masasamang tao ang kanyang pamilya sa kanilang tahanan at kinailangan nilang lumipat sa Clay County. Inilarawan niya kung paano sila nakahanap kalaunan ng isang “lumang bahay na kahoy na dating kuwadra ng mga hayop. . . . May isang malaking silid, at isang maliit na gusali na hindi maayos ang pagkakagawa, ngunit hindi na ito mapapakinabangan, dahil ang sahig ay halos sira nang lahat, at may malalaking daga at ahas doon. Ang kanilang napakalaking halimbawa ay maaaring maging makabagbag-damdaming panghihikayat sa ating lahat, sapagkat bawat isa sa atin ay isang pioneer sa kanyang sariling buhay.”[4]

Kalaunan ay lumipat ang pamilya sa Illinois. Ibinuod ni Emily ang kanilang karanasan: “Mahirap ang panahon at labis ang pagdarahop namin, dahil ninakawan kami at pinalayas sa aming mga tahanan at ari-arian nang maraming beses, at marami ang nagkasakit.”[5]



***Walang kamalay-malay si Phoebe na aakayin siya ng pananampalataya niya sa paglalakbay nang mahigit pa sa 750 milya (1,200 km) mula sa kanyang tahanan sa Scarboro, Maine, patungong Kirtland.***

Si Phoebe Carter ay naglakbay rin ng 750 milya (1,200 km) mula Scarboro, Maine, patungo sa Kirtland, Ohio, noong 1835. Si Phoebe ay 28 taong gulang nang ipasiya niyang sumama sa mga miyembro ng Simbahan, kahit kinailangan niyang maglakbay nang mag-isa. Ayon sa inilahad niya kalaunan: “Namangha ang mga kaibigan ko sa aking pasiya, katulad ko, ngunit may nagtulak sa akin na gawin iyon. Ang kalungkutan ng aking ina sa aking pag-alis ay halos hindi ko makayanan; at kung hindi lang dahil sa espiritu ay baka bumigay na rin ako sa huli. Sinabi ni Inay sa akin na mas mabuti pang makita niya akong nakalibing kaysa mag-isang humayo sa mundong puno ng kalupitan. . . . ‘Phoebe,’ sabi niya, nang buong pagmamahal, ‘babalik ka ba sa akin kung malaman mo na hindi totoo ang Mormonismo?’ Tatlong beses akong sumagot, ‘Opo, inay, babalik ako.’ . . .Nang oras na para umalis ako hindi ko magawang magpaalam, kaya’t sumulat ako ng pamamaalam sa bawat isa, at iniwan ko ang mga ito sa aking mesa, tumakbo ako pababa ng hagdan at sumakay sa karuwahe. Gayon ko nilisan ang pinakamamahal na tahanang kinalakhan ko upang mamuhay sa piling ng mga Banal ng Diyos.”[6]

Sa puntong iyan walang kamalay-malay si Phoebe na aakayin siya ng pananampalataya niya sa paglalakbay nang mahigit pa sa 750 milya (1,200 km) patungong Kirtland. Ikakasal siya kay Wilford Woodruff at sasama sa kanya sa paglalakbay sa Missouri patungong Nauvoo at pagkatapos ay sa 1,350-milya (2,170 km) paglalakbay sa ilang patungong Great Salt Lake Valley.

Ang aking lolo-sa-tuhod na si Henry Ballard ay sumapi sa Simbahan noong Pebrero 1849 sa Thatcham, England, noong siya ay 17 taong gulang. Para mabayaran ang pamasahe papuntang Amerika, nangontrata nang dalawang taon si Henry sa isang kumpanya na kabahagi sa pag-aari sina Lorenzo at Erastus Snow. Inupahan siyang akayin ang kawan ng mga tupa pakanluran patungong Salt Lake Valley. Inilarawan ni Henry ang pagpasok niya sa lambak sa sumusunod na mga salita:

“Noong Oktubre nang akayin ko ang mga tupa pababa sa maliit na bundok at papasok sa bukana ng Emigration Canyon, una kong nakita ang Salt Lake Valley. Kahit nagalak akong makita ang ‘Lupang Pangako,’ natakot ako



na baka may makakita sa akin. Nagtago ako sa likod ng mga palumpong sa buong maghapon hanggang sa dumilim dahil ang suot kong gula-gulanit na damit ay hindi matakpan ang aking katawan at nahihiya akong may makakita sa akin. Nang dumilim tumawid ako sa bukid papunta sa isang bahay na may liwanag . . . at nahihiyang kumatok ako sa pinto. Mabuti na lang, isang lalaki ang nagbukas ng pinto at hindi inilantad ng liwanag ng kandila ang katawan ko sa iba pang mga miyembro ng kanyang pamilya. Humingi ako ng maisusuot para matakpan ang aking hubad na katawan para maipagpatuloy ko ang aking paglalakbay at mahanap ang aking mga magulang. Binigyan ako ng ilang kasuotan at kinabukasan ay ipinagpatuloy ko ang aking paglalakbay at dumating ako sa Salt Lake City noong ika-16 ng Oktubre, 1852, na labis na nagpapasalamat sa Diyos na nakarating ako nang ligtas sa magiging tahanan ko."[7]

Sa saganang mga pagpapala sa atin sa panahong ito, puspos ang puso ko ng pagmamahal at paghanga sa isang dakila at matapang na ninuno.

Ang aking lola-sa-tuhod ay isang Scottish na nagngangalang Margaret McNeil, na dumating sa Utah kasama ang kanyang mga magulang sa edad na 13. Naglakad siya patawid ng kapatagan at akay niya ang isang baka, at pasan-pasan ang kanyang nakababatang kapatid na si James sa halos buong paglalakbay. Sila ng kanyang pamilya ay humimpil sa labas ng bayan ng Ogden, at kalaunan ay itinala niya ito sa kanyang talambuhay:

"Sa kabila ng bukirin mula sa kinaroroonan namin ay may isang maliit na bahay, at sa bakuran nito ay may malaking tumpok ng kalabasa. Halos mamatay na kaming lahat sa gutom. Pinapunta ako ni Inay sa lugar na ito para manghingi ng kalabasa, dahil wala kami ni isang sentimo, at ang ilan sa mga bata ay hinang-hina na dahil sa gutom. Kumatok ako sa pinto, at isang matandang babae ang nagbukas at nagsabing, 'Halika, pasok ka, alam kong darating ka at sinabihan akong bigyan ka ng pagkain.' Binigyan niya ako ng isang malaking tinapay na bagong luto at nagbilin na sabihin ko sa nanay ko na pupunta siya sa amin maya-maya. Hindi nagtagal ay dumating siya at dinalhan

***Nakarating si Henry Ballard sa Salt Lake Valley na gula-gulanit ang damit. Nang dumilim na, "Humingi ako ng maisusuot para matakpan ang aking hubad na katawan para maipagpatuloy ko ang aking paglalakbay at mahanap ang aking mga magulang."***

LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY LIBRARY AND ARCHIVES; MGA PAGLALARAWAN NI DAN BURR

kami ng masarap na lutong pagkain, na matagal na rin naming hindi natikman."[8]

**Pisikal at Espirituwal na Pagsagip**

Mula sa mga karanasan ng mga pioneer, nalaman natin kung gaano kalaking pananampalataya at katapangan ang kinailangan nila para malakbay ang kapatagan 165 taon na ang nakararaan. Bagama't ang mga handcart pioneer ay kumakatawan sa wala pang 10 porsiyento ng mga nandayuhang Banal sa mga Huling Araw mula 1847 hanggang 1868, naging mahalagang simbolo sila sa kultura ng LDS, na sumasagisag sa katapatan at sakripisyo ng henerasyon ng mga pioneer.

Tulad ng naaalala ninyo, inabutan ng maagang pag-ulan ng niyebe ang Willie at Martin company sa Wyoming, at maraming Banal ang namatay sa lamig. Habang naroon sa dinaanan nila ilang taon na ang nakalilipas, nakatayo kami ng aking pamilya at nakatunghay sa Sweetwater area kung saan nahimpil, giginaw at nagutom ang Willie company. Nabasa natin sa kanilang mga journal ang kanilang matitinding pagsubok at kagalakan nang sila ay masagip. Isinulat ni John Chislett:

"Kalulubog pa lamang ng araw sa likod ng malayong kaburulan, . . . ilang bagon na may takip . . . ang nakitang papalapit sa amin. Kumalat ang balita na parang apoy sa aming kampo. . . . Narinig ang hiyawan ng kagalakan; umiyak ang matatapang na kalalakihan hanggang sa malayang umagos ang kanilang mga luha sa kulubot nilang mga pisngi na sunog sa init ng araw. . . .

". . . Nang gabing iyon, sa unang pagkakataon pagkaraan ng mahaba-habang panahon, narinig ang mga awitin ng Sion sa kampo. . . . Dahil napawi na ang gutom, at puspos ng pasasalamat sa Diyos at sa aming mababait na kapatid ang aming puso, nagkaisa kaming lahat sa panalangin, at nagsitulog na kami."[9]



***"Mahirap ang panahon at labis ang pagdarahop namin, dahil ninakawan kami at pinalayas sa aming mga tahanan at ari-arian nang maraming beses, at marami ang nagkasakit," paggunita ni Emily Partridge.***

Habang nakatayo kami sa burol na tinatawag ngayong "the Eminence," nagkaroon ako ng inspirasyong magpatotoo sa aking pamilya at sa iba pa naming mga kasama. Sabi ko, "Kahit malaki ang pasalamat ng matatapat na pioneer na ito na makita ang grupong sumagip sa kanila, higit pang dakila ang pagsagip sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ng Panginoong Jesucristo." Ipinaalala ko sa aming grupo na anuman ang relihiyon ng tao, ang Panginoong Jesucristo—ang Tagapagligtas ng sanlibutan—ang sentro ng lahat ng paniniwalang Kristiyano, at Kanyang sinagip ang buong sangkatauhan. Sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala, binigyan Niya tayong lahat ng pag-asa para sa ngayon at katiyakan sa kawalang-hanggan.

**Pagdaig sa Ilang sa Panahong Ito**

Ang pagdurusa ng mga pioneer ay nagdulot ng lakas sa kanilang buhay na naipasa sa atin. Hindi pag-iimpake ng ilang kagamitan sa mga bagon o kariton at paglalakad nang 1,300 milya (2,090 km) ang paraang ipagagawa sa karamihan sa atin para ipakita ang ating pananampalataya at katapangan. Nahaharap tayo sa iba't ibang pagsubok ngayon—iba't ibang mga bundok na aakyatin, iba't ibang ilog na tatawirin, iba't ibang lambak na "[pamumulaklakin] na gaya ng rosa[s]" (Isaias 35:1). Ngunit kahit ang ilang na ibinigay sa atin upang daigin ay malinaw na kakaiba sa baku-bako at mabatong daan patungong Utah at sa tigang na lupang nakaharap ng ating mga ninunong pioneer, mahirap na pagsubok pa rin ito para sa atin na katulad sa kanila.

Ang pagsubok natin ay nasa paninirahan sa isang mundong makasalanan at walang pagpapahalaga sa mga espirituwal na bagay, kung saan ang pagpapakasaya, panloloko, at kasakiman ay tila makikita sa lahat ng dako. Ang mundo sa panahong ito ay puno ng kalituhan at kaguluhan. Kailangang suungin ng mga pioneer ang ilang na mabato at mga daan sa bundok na puno ng alikabok at natatakpan ng niyebe, na nakatuon ang pananampalataya nila sa Sion at sa pagtatatag ng Simbahan sa Salt Lake Valley.

Kailangan nating maglingkod nang tapat sa Panginoon at sa ating mga komunidad na may gayon ding kasigasigan at pananampalataya na tulad ng mga pioneer. Dapat nating ingatan palagi na hindi maging kaswal sa pagsunod sa mga kautusan ng Diyos, sa pagsunod sa Kanyang mga batas, at sa pagiging matapat at mapagkakatiwalaan sa lahat ng ating ginagawa. Dapat nating iwasan ang mga panlilinlang ng kasamaan na matatagpuan sa Internet, na napakadaling makita sa ating mga computer, tablet, at cell phone. Kung magiging kaswal tayo sa mga bagay na ito, hahanap ng paraan si Lucifer para pahinain tayo at sirain ang ating pananampalataya at pagmamahal sa Panginoon at sa isa't isa, at mawawala tayo sa ilang ng mundong ito.

Ang pag-iwas sa mga tukso at kasamaan ng daigdig ay nangangailangan ng pananampalataya at katatagan ng isang tunay na makabagong pioneer. Kailangan tayong magsama-sama bilang mga pioneer sa panahong ito, na namumuhay na katulad ni Cristo, sinusuportahan ang



mabubuting mithiin sa ating komunidad, at pinatatatag ang ating pamilya at tahanan.

Kapag tunay tayong naniniwala, hindi tayo nagtatanong ng, "Ano ang kailangan kong gawin?" kundi sa halip ay, "Ano pa ang maaari kong gawin?" Kapag ang ating pananalig ay napagtibay ng Espiritu ng Diyos sa ating kaluluwa, ang pananampalataya ay nagiging mabuting impluwensya sa ating buhay, naghihikayat sa bawat kaisipan, salita, at gawa na aakay sa atin patungo sa kalangitan. Nagdarasal tayo nang may pananalig na mabigyan ng lakas at patnubay—tulad ng ginawa ng ating mga ninuno. Iyan ang ibig sabihin ng lumakad nang may pananampalataya sa bawat hakbang. Ganyan ang ginawa ng ating mga ninunong pioneer, at iyan ang dapat nating gawin sa panahong ito. Dapat nating ikintal sa isipan ng ating mga anak at apo ang gayon ding katatagang umakay sa paglalakbay ng mga pioneer.

Nawa'y sama-sama tayong manindigan bilang mga pioneer sa panahong ito, na laging hinahangad ang tulong ng Diyos upang magabayan ang ating mga pamilya. Nawa'y matutuhan natin mula sa nakaraan ang kahalagahan ng paggalang sa ating mga magulang, lolo't lola, at ninuno, at nawa'y magkaroon tayo ng lakas at tapang na harapin ang ating bukas na katulad nila. Nawa'y magningas nang husto ang buhay at ministeryo ng Panginoong Jesucristo sa ating puso't isipan. At nawa'y lalo pang mag-alab ang ating patotoo hanggang buto—tulad ng nangyari sa buhay ng mga pioneer na Banal sa mga Huling Araw. ■

*Mula sa isang mensaheng ibinigay sa Ogden, Utah, noong Hulyo 15, 2012.*

**MGA TALA**


1. Gordon B. Hinckley, "The Faith of the Pioneers," *Ensign,* Hulyo 1984, 3.
2. Tingnan sa Oliver B. Huntington, *Oliver B. Huntington Diary and Reminiscences, 1843 Hunyo–1900 Enero,* 26–28.
3. Tingnan sa Emily D. P. Young, "Autobiography," *Woman's Exponent,* Dis. 1, 1884, 102.
4. Emily D. P. Young, "Autobiography," *Woman's Exponent,* Peb. 15, 1885, 138.
5. Emily D. P. Young, "Autobiography," *Woman's Exponent,* Ago. 1, 1885, 37.
6. Phoebe Carter Woodruff, sa Augusta Joyce Crocheron, *Representative Women of Deseret* (1884), 35–36.
7. Henry Ballard, sa Douglas O. Crookston, editor, *Henry Ballard: The Story of a Courageous Pioneer, 1832–1908* (1994), 14–15.
8. Margaret McNeil Ballard, sa Susan Arrington Madsen, *I Walked to Zion: True Stories of Young Pioneers on the Mormon Trail* (1994), 127.
9. John Chislett, sa LeRoy R. Hafen at Ann W. Hafen, *Handcarts to Zion: The Story of a Unique Western Migration, 1856–1860* (1960), 106, 107.


***"Halos mamatay na kaming lahat sa gutom," sabi ni Margaret McNeil nang makarating ang kanyang pamilya sa Utah. "Pinapunta ako ni Inay sa lugar na ito para manghingi ng kalabasa, dahil wala kami ni isang sentimo, at ang ilan sa mga bata ay hinang-hina na dahil sa gutom."***


Blundells



**Ni Elder**
**Erich W. Kopischke**
Ng Pitumpu

# Diyos ng mga Himala

## ANG MGA BANAL NA SLOVAK SA SHEFFIELD

*Nang pag-isahin ng mga lider ng priesthood, missionary, ward council, at mga miyembro sa Sheffield, England, ang kanilang mga pagsisikap na tunay silang lumago, pinagpala sila sa pambihirang mga paraan.*

Sa makapangyarihang sermon sa isang kongregasyon ng mga nananalig, nagtanong ng isang simpleng bagay ang propetang si Mormon: "Tumigil ba ang mga himala? Agad siyang sumagot ng: "Masdan sinasabi ko sa inyo, Hindi" (Moroni 7:29).

Pagkatapos ay ipinaliwanag ni Mormon kung paano isasakatuparan ang dakilang gawain ng kaligtasan, na tinatalakay ang kaugnayan at pagtutulungan ng Espiritu Santo, gawain ng mga anghel, ating mga dalangin, ating pananampalataya, at ng himala ng Panginoon (see Moroni 7:33–37, 48).

Sa buong banal na kasulatan pinaaalalahanan tayo ng mga propeta na ang Diyos ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman (tingnan sa 3 Nephi 24:6; D at T 20:12). Sa paghahangad nating sundin ang utos na "humayo . . . sa buong sanlibutan, . . . nagbibinyag sa pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo" (D at T 68:8), mahalagang pag-aralan at alalahanin ang sumusunod na mga alituntunin:

- Ang Diyos ay hindi nagbabago.
- Ang Diyos ay Diyos ng mga himala.
- Ang pinakadakilang himala ng Diyos ay ang paghahatid ng walang-hanggang kaligtasan sa Kanyang mga anak.
- Ang Diyos ay gumagawa ng mga himala ayon sa ating pananampalataya, na ipinapakita natin sa ating mga gawa.

*Sa mission presidents' training seminar na idinaos noong Hunyo, muling nagtuon ng pansin ang Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol sa katotohanan na pangunahing responsibilidad ng mga miyembro ng Simbahan, bilang mga disipulo ni Jesucristo, na ibahagi ang ebanghelyo. Tinutulungan ng mga full-time missionary ang mga miyembro sa responsibilidad na ito. Tumutulong ang mga stake at ward council na maorganisa at mapadali ang trabaho ng mga missionary at miyembro.*

*Tulad ng ipinakita sa artikulong ito tungkol sa isang ward sa England, magkakaroon ng mga himala ng pagbabalik-loob kapag ginamit ng mga lider, miyembro, at ward council ang mga alituntuning ito at iniangkop ang mga ito sa mga sitwasyon sa kanilang lugar.*

***Kaliwa:** **Naranasan nina Elder Nicholas Pass at Elder Joseph McKay (inset sa ibaba) ang isang kagila-gilalas na panahong magturo sa mga Banal at investigator na Slovakian—isang panahong nagsimula nang kausapin ng mga missionary si Ludovit Kandrac (inset sa itaas na kasama ang kanyang asawa) malapit sa Fargate pedestrian precinct ng Sheffield.***

MGA LARAWANG KUHA NI ABIGAIL PEGG

- Ang Espiritu Santo ay may mahalagang papel na ginagampanan sa pagbabalik-loob.

**Handang Magsakripisyo**

Habang naglilingkod sa Europe Area, nagkaroon ako ng pribilehiyong makita na nasunod ang mga alituntuning ito nang magkaroon ng himala sa Sheffield, England. Noong katapusan ng 2008, pinag-isipang mabuti ni Bishop Mark Dundon ng Sheffield First Ward kung ano ang magagawa niya para lumago ang kanyang ward. Sa pagsasanay sa pamumuno, tinanong ng kanyang stake president ang mga bishop, "Ano ang handa ninyong isakripisyo para magtagumpay sa gawaing misyonero?" Mula sa mga turo ng kanyang mga lider, nalaman ni Bishop Dundon na mahalaga ang isang mahusay na ward mission leader, isang kumikilos na ward council, at ang kahandaang makinig sa mga pahiwatig ng Espiritu.

Matapos ang maraming pagninilay at pagdarasal, ginamit ni Bishop Dundon ang kanyang mga susi ng priesthood at sinunod ang mga pahiwatig ng Espiritu na i-release ang dalawa niyang tagapayo, sina Gregory Nettleship at Robert McEwen. Pagkatapos ay tinawag ni Bishop Dundon si Brother Nettleship na maging bagong ward mission leader at si Brother McEwen bilang assistant ward mission leader. Malapit sa isa't isa ang mga miyembro ng bishopric, kaya hindi naging madali ang pagbabagong ito sa kanila. Ngunit alam ni Bishop Dundon na sa partikular na sitwasyong ito ay tama ang pasiya, at mapagkumbabang tinanggap ng dalawang tagapayo ang kanilang bagong tungkulin.

Ang bishop, kasama ang kanyang bagong ward mission leader at ward council, ay mapanalanging gumawa ng mga plano at nagtakda ng mga mithiin para lumago ang ward. Nang isagawa nila ang kanilang mga plano, nagsimula silang makakita ng malaking tagumpay. Dumami nang husto ang mga nagpabinyag, at maraming taong muling naging aktibo sa Simbahan. Gayunman, walang kamalay-malay ang mga lider ng ward na ang kanilang pananampalataya at mga pagsisikap ay gagantimpalaan sa mga paraang hindi nila inakalang posible.



## Naantig ng Pagmamahal

Noong Marso 2011 nakipag-usap ang isang bata pang missionary at ang kanyang kompanyon sa mga tao sa mga kalsada ng Sheffield. Nakita ni Elder Nicholas Pass na may isang mag-asawang nagdaan at nagkaroon siya ng malakas na pahiwatig na dapat niya silang kausapin. Hinabol ni Elder Pass at ng kanyang kompanyon ang mag-asawa. Nahirapan silang makipag-usap—ang mag-asawa ay taga-Slovakia at hindi marunong mag-Ingles—ngunit tumulong ang kasama nilang kaibigan sa interpretasyon. Sa pagtuturo sa kalsada, gumamit ng mga larawan ang mga missionary para ituro ang Unang Pangitain at ang mensahe ng Panunumbalik. Pagkatapos ay nakipag-appointment ang mag-asawa sa mga missionary para simulan silang turuan.

Sinimulang basahin ni Ludovit Kandrac, na ama ng pamilya, ang Aklat ni Mormon. Hindi nagtagal at tumigil siya sa paninigarilyo. Sa pagtuturo, kinailangang gumamit ng mga missionary ng maraming interpreter at nag-aral pa sila mismo ng kaunting salitang Slovak. Noong Mayo 14, 2011, nabinyagan si Ludovit, ang isa sa kanyang mga anak na babae, at dalawa pa niyang kamag-anak.

Sa kanyang binyag, nagpatotoo si Brother Kandrac. Sa tulong ng interpreter, ikinuwento niya ang pagkikita nila ng mga missionary. Nang maraanan niya si Elder Pass at ang kompanyon nito sa gitna ng lungsod ng Sheffield, nakaramdam siya ng pag-aalab ng dibdib. Binalewala niya ang nadama niya at nagpatuloy siya sa paglakad, ngunit nang sulyapan niyang muli ang mga missionary, naantig siya ng pagmamahal na ipinakita nila habang kausap nila ang mga tao. Kahit gusto niya silang lapitan, nagpatuloy sa paglakad si Brother Kandrac. Nagulat siya pagkaraan ng isang minuto nang lapitan siya ng mga missionary.

Kasama ang isa pang pamilyang taga-Slovakia na sumapi sa Simbahan noong isang taon, ang mga pagbibinyag na ito ay tanda ng pagsisimula ng isang makabagong himala ng pagbabalik-loob sa populasyong Slovak sa Sheffield, England. Nagsimba ang mga bagong miyembrong ito linggu-linggo, na kasama ang iba pang mga kapamilya at kaibigan. Binuksan nila ang kanilang tahanan sa mga missionary at inanyayahan ang iba sa kanilang komunidad na makinig sa ebanghelyo.

Madalas bisitahin ni Elder Pass at ng kanyang bagong kompanyon na si Elder Joseph McKay ang mga pamilyang ito. Kanila silang tinuruan, pinaglingkuran, tinulungan, at binasbasan. Ito ay isang kagila-gilalas na panahon ng pagtuturo, pag-aaral, at pagtanggap ng mga kaloob ng Espiritu para sa mga investigator, nabinyagan, missionary, lider ng stake at ward, at gayon din sa mga miyembro.



## "Makapiling at Palakasin Sila"

Sa buong tag-init at taglagas ng 2011, marami pang Slovak ang sumapi sa Simbahan. Dahil sa kanilang pagdami, nahirapan ang mga miyembro sa lugar na patuloy na maglaan ng transportasyon papunta at pauwi mula sa meetinghouse. Ilang linggong naglakad nang limang milya (walong km) ang matatapat na Banal na Slovak papunta

***Ang mga pagsisikap ni Bishop Mark Dundon (inset sa itaas), ng mga ward mission leader, at ng ward council sa gawaing misyonero ay ginantimpalaan sa mga paraang hindi nila inakalang posible matapos sumapi sa Simbahan ang maraming Slovak at magsimulang maglakad ng limang milya (8 km) papunta at pauwi, kabilang na ang Darnell Road sa kaliwa, para dumalo sa mga pulong sa araw ng Linggo.***

at pauwi para dumalo sa mga serbisyo ng Linggo sa isang wikang hindi nila maunawaan.

Noong Setyembre 2011 muling inorganisa ang Sheffield stake presidency, at si Bishop Dundon ang tinawag na bagong stake president. Isang buwan pagkaraan nagdaos ng isang fireside kapwa para sa mga Banal na nagsasalita ng Ingles at Slovak at may mga interpreter doon.

Habang nakaupo sa pulpito, nadama ni President Dundon na kailangang magbuo ng isang grupo ng mga Slovak na idurugtong sa Sheffield First Ward ngunit magpupulong sila sa isang pasilidad sa komunidad ng mga Slovak. Hindi nagtagal at isang akmang lugar ang natagpuan at inupahan ang mga silid. Noong Disyembre 11, 2011, idinaos ang unang mga pulong sa bagong pasilidad. Inasahan ng mga lider ng Sheffield First Ward na 50 katao ang dadalo. Sa halip, 84 na katao—kabilang na ang 63 Slovak—ang dumalo.

Kasunod ng muling pag-organisa ng Sheffield stake, tinawag na bishop ng Sheffield First Ward si Robert McEwen. Patuloy na naglingkod si Brother Nettleship bilang mission leader. Sa pamumuno ng dalawang bishop, nagawang akayin ng ward mission leader at ng ward council ang ward sa kahanga-hangang paraan na "makapiling at palakasin" ang mga Banal na Slovak (D at T 20:53).

Nilutas ng ward council ang mga isyung tulad ng paano ilalaan ang mga pangangailangan ng mga bagong miyembro, paano sila matutulungang lubos na makibahagi sa mga aktibidad ng ward, paano sila pangangalagaan sa ebanghelyo, at paano sila magkakaunawaan sa wika. Nag-ayuno at nanalangin ang mga miyembro ng council na tulungan sila ng Diyos at pagkatapos ay masigasig silang kumilos. Binisita nila ang mga bagong miyembro at sumama sa mga appointment sa pagtuturo ng mga full-time missionary. Naglaan sila ng transportasyon. Umorder sila ng mga materyal ng Simbahan sa wikang Slovak. Dinala nila sa templo ang bagong binyag na mga miyembro para magsagawa ng mga binyag para sa mga patay.

Nagbuo rin ang mga lider ng ward ng isang proyekto sa paglilingkod sa Kapaskuhan. Ang mga miyembro ng ward ay nagbigay ng pera at nangalap ng mga laruan, damit, at iba pang mga regalo. Malalaking bag na puno ng mga Pamaskong regalo na may kasamang pagkain para sa hapunan sa Pasko ang ipinamahagi sa mga Banal na Slovak at sa iba pang mga pamilya na sakop ng ward noong Bisperas ng Pasko.

Kakaunti lamang ang nauunawaan ng matatagal nang miyembro at mga bagong miyembro sa wika ng isa't isa, ngunit nadama nilang lahat ang init ng tunay na pagmamahal. Puspos ng pambihirang kagalakan, kaligayahan, at katuwaan ang mga miyembro at investigator.

*Kanan: Binabati ni Faro Dunka, lider ng grupong Slovak sa Sheffield, ang mga taong dumarating sa sacrament meeting. Ginawang branch ang grupo noong Marso 2013. Inset sa itaas: Mga lider ng Sheffield First Ward sa ward council. Inset sa ibaba: Nagsasalita ang isang miyembrong babae sa sacrament meeting.*

Nang sumunod na taon ang maliit na grupong ito ay naging isang matatag na unit ng Simbahan, na buu-buong pamilya ang nabibinyagan at sumasapi sa Simbahan. Naorden ang mga ama sa Aaronic at Melchizedek Priesthood, ang mga anak na lalaki sa Aaronic Priesthood, nagtatag ng isang Primary na may mahigit 20 bata, at nagbuo ng Young Men at Young Women na may mahigit 25 kabataang dumadalo linggu-linggo. Ang Panginoon ay naglaan ng isang full-time missionary mula sa Czech Republic na nakapagsasalita ng wika at nagdaragdag ng suporta sa grupo. Kasabay nito, nagpadala ang mga pamilyang ito ng mga referral sa kanilang bayang tinubuan.

### Diyos ng mga Himala

Bakit ito nangyari? Dahil ang Diyos ay hindi tumitigil sa pagiging Diyos ng mga himala. Dahil masigasig na hinanap ng matatapat na missionary ang mga taong handang tanggapin ang ebanghelyo. Dahil ang stake president at mga bishop ay kumilos nang may pananampalataya at sumunod sa patnubay ng Espiritu Santo. Dahil ginampanan ng ward council ang kanilang responsibilidad at nagkakaisa silang kumilos. Dahil natutuhan ng mga miyembro ang wika ng pagmamahal at kumilos nang anyayahan ng kanilang mga lider, nang may pananampalataya at tiwala na totoo ang sinabi ng Diyos na: "Ako ay Diyos ng mga himala; at ipakikita ko sa mundo na ako ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman" (2 Nephi 27:23).

Ang tagumpay sa Sheffield ay hindi kailangang maging minsanang pangyayari. Ipinaaalala nito sa atin ang mga pangakong ibinigay sa pamamagitan ng mga propeta at mapapalakas nito ang ating pananampalataya at hangaring maging mga kasangkapan sa mga kamay ng Diyos sa pamamagitan ng pag-anyaya sa mga tao sa ating paligid na lumapit kay Cristo. Kung gagawin natin ito, magiging karapat-dapat tayong mabiyayaan ng Panginoon ng mga pagkakataong magturo, magpaaktibo, at mapangalagaan ang iba. At makikita natin ang mga katibayan na Siya ay isa pa ring Diyos ng mga himala. ■



# PAGTATRABAHO PARA SA PANGINOON

Kami ng asawa kong si Cyrus ay ikinasal sa templo noong Mayo 23, 2006. Bago kami ikinasal, kinailangang pumasok si Cyrus sa kanyang trabaho sa laboratoryo tuwing Linggo. Palipat-lipat ang iskedyul niya, pero karaniwan ay nagtatrabaho siya mula hatinggabi hanggang alas-8:00 n.u. Pagkatapos ng trabaho uuwi na siya para palitan ang kanyang uniporme ng damit-pangsimba at tutuloy na sa simbahan, na nagsisimula nang alas-9:00 n.u. Ganito ang iskedyul niya hanggang sa ikasal kami.

Kung minsan mag-isa akong nagsisimba dahil hindi siya nakakauwi kaagad mula sa trabaho. Noon pa man ay pinangarap na namin na hindi na niya kailanganing magtrabaho sa araw ng Sabbath. Noong unang Linggo ng Hunyo 2006, nag-ayuno kami sa unang pagkakataon bilang mag-asawa. Nanalangin kami nang may pananampalataya na mabiyayaan ng trabaho si Cyrus na hindi siya pagtatrabahuhin tuwing Linggo.

Makaraan ang ilang araw bandang alas-10:00 n.u., nagtaka ako kung nasaan si Cyrus dahil karaniwan ay umuuwi siya sa pagitan ng alas-8:00 at alas-9:00 n.u. Bigla kong naisip: "Baka nataas na siya ng ranggo." Sa wakas ay dumating din si Cyrus nang bandang alas-11:00 n.u. Pagkapasok niya sa bahay namin, sinabi niya mayroon siyang mabuting balita at masamang balita.

Sinabi ko sa kanya na sabihin muna niya sa akin ang masamang balita. Sinabi niya na hindi maglalaon ay lilisanin namin ang Iligan, Pilipinas, at lilipat kami sa Panay, Pilipinas. Noong una ay hindi ko nagustuhan ang balita dahil mahal namin ang mga tao sa aming stake. Mababait sila sa amin at itinuturing kaming kapamilya nila, batid na wala kaming kamag-anak ni Cyrus sa malapit.

Nang tanungin ko siya kung bakit kailangan naming lumipat sa Panay, sinabi niya na dahil iyon sa mabuting balita. Ininterbyu siya ng kanyang boss para sa ibang trabaho na nasa Panay. Tinanong ko siya kaagad hindi tungkol sa kanyang suweldo kundi kung pagtatrabahuhin pa rin siya tuwing Linggo. Nang sumagot siya ng, "Hindi na!" napakasaya ko. Niyakap ko siya at sinabi sa kanya na ang bago niyang trabaho ang sagot sa aming mga panalangin at pag-aayuno. Makalipas ang dalawang buwan, nagsimulang magtrabaho si Cyrus sa Panay.

Inaalala tayo ng Ama sa Langit, at pinagpapala Niya tayo kapag sumasampalataya tayo at sumusunod sa Kanyang mga kautusan. Nagpapasalamat ako sa mga alituntunin ng panalangin at pag-aayuno. Isang biyaya sa amin ang trabaho ng aking asawa. Ngayon ay may oras na siyang gampanan ang kanyang tungkulin sa aming ward, at ang tanging ginagawa niya tuwing Linggo ay ang gawain ng Panginoon. ■

Mary Jane Lumibao Suya, Pilipinas

Kung minsan mag-isa akong nagsisimba dahil hindi nakakauwi kaagad ang asawa ko mula sa trabaho. Noon pa man ay pinangarap na namin na hindi na niya kailanganing magtrabaho sa araw ng Sabbath.



# ISANG WALANG-HANGGANG PAMILYA

Noong 19 anyos ako, binisita ko sa huling pagkakataon ang lolo't lola ko bago ako umalis para sa tatlong-buwang humanitarian trip sa Ecuador. Lumipat ang lolo ko sa assisted-living center dahil humihina na ang katawan niya. Nagkasakit siya ng dementia at iba pang sakit na dala ng katandaan.

Habang papasok kami ng pamilya ko sa gusali ng assisted-living center, nalungkot ako, dahil alam ko na baka ito na ang huling pagbisita ko sa lolo ko. Alam ko na mamamatay siya habang wala ako, at nakokonsiyensya akong umalis.

Bago kami pumasok sa kuwarto niya, kalilipat pa lang ng kawani ng ospital sa lolo ko sa isang wheelchair. Dinala namin siya sa lobby ng gusali. Kausap ng nanay ko ang isa sa mga kawani ng ospital habang kausap namin ng 16 anyos kong kapatid ang aming lolo.

Hindi na siya tulad ng dati. Kitang-kitang apektado na ang pag-iisip niya, at para siyang naguguluhan. Nang tanungin namin kung ilan ang kanyang apo, mali ang sagot niya. Pagkatapos ay malambing naming pilit na ipinaisip sa kanya kung ilan talaga ang apo niya.

Naawa ako sa kanya. Pero mayamaya, kahit naguguluhan at mali-mali ang sagot sa mga tanong namin, biglang sinabi ng lolo ko na, "Isang walang-hanggang pamilya."

Nagulat ako. Hindi naintindihan ng kawaning nasa tabi namin ang sinabi ni lolo, pero nagkatinginan kaming magkapatid. Malinaw naming narinig ang sinabi niya. Inulit niya itong muli, "Isang walang-hanggang pamilya." Narinig na rin siya ng aming ina.

Wala na akong maalala pang iba sa pag-uusap naming iyon. Ang alam ko lang habang palabas kami ng ospital, naiyak ako sa lungkot at galak—lungkot dahil iniwan namin ang taong hindi ko na makikitang muli ngayon sa buhay na ito at galak dahil sa magiliw na habag na dulot ng simpleng mga katagang iyon at sa kapayapaang iniwan nito sa puso ko.

Alam ko na kahit hindi na malinaw ang isip ng lolo ko, nagawa niyang ibahagi sa huling sandali ang matibay niyang pananalig at kaalaman na ang mga pamilya ay walang hanggan.

Di-nagtagal umalis na ako papunta sa humanitarian trip ko. Nang mabalitaan kong pumanaw na ang lolo ko isang linggo bago ako nakabalik, payapa ang pakiramdam ko. Alam ko noon at hanggang ngayon, na balang araw ay makikita ko siyang muli. Salamat sa mga ordenansa sa templo dahil naging walang hanggan ang mga pamilya. ■

Kellee H. Mudrow, Utah, USA



Hindi na tulad ng dati ang lolo ko. Kitang-kitang apektado na ang pag-iisip niya, at para siyang naguguluhan.

MGA PAGLALARAWAN NI BRADLEY CLARK

## HINDI KA PUWEDENG UMAKYAT DITO

Ang asawa kong si John ay isang malaking tao. Anim na talampakan at apat na pulgada (1.9 m) ang taas niya at mahigit 200 libra (90.9 kg) ang timbang niya. Para sa kanya, hindi masarap magbiyahe na nasa economy class, at masakit pa sa katawan.

Noong Agosto 2006 tinawag kaming maglingkod sa Church educational service mission sa Brigham Young University–Hawaii. Nang oras na para umuwi, naisip namin ang hirap na titiisin niya sa biyahe pabalik sa mainland. Nang mag check-in kami natuwa kaming malaman na may *isa* pang bakanteng upuan sa first class, kaya ipina-upgrade namin ang tiket niya. Makakaupo na siya nang komportable dahil maluwag na ang gagalawan ng mahahaba niyang binti.

Sa kalagitnaan ng biyahe, ipinasiya kong puntahan siya at kumustahin. Nang papalapit na ako sa first-class area, humarang sa pintuan ang flight attendant para pigilan ako.

"May maitutulong ba ako?" tanong niya.

"Oo, gusto kong makita sandali ang asawa ko," sagot ko.

"Sori po," malumanay ngunit mariin niyang sabi, "hindi po kayo puwedeng umakyat dito."

"Pero asawa ko siya, at gusto ko lang siyang makita sandali."

Nakaharang pa rin sa pintuan, sinabi niyang muli, "Sori po, pero hindi kayo puwede rito. Puwede kong iparating ang mensahe ninyo sa asawa ninyo, at kung gusto niya, puwede niya kayong puntahan. Pero patakaran po na mga pasahero lang sa first class ang puwede sa lugar na ito."

Saglit akong natigilan, pero nang makita kong determinado siya, tahimik akong bumalik sa upuan ko sa economy class.

Naisip ko ang tatlong antas ng kaluwalhatiang binanggit sa mga banal na kasulatan at ng mga propeta. Nabasa natin na bibisitahin ni Cristo ang mga nasa kahariang terestriyal (tingnan sa D at T 76:77), at bibisitahin ng naglilingkod na mga anghel ang nasa kahariang telestiyal (tingnan sa D at T 76:88), ngunit ang mga nasa mas mabababang kaharian ay hindi kailanman makakapunta sa kahariang selestiyal (tingnan sa D at T 76:112; tingnan din sa D at T 88:22–24). Habang pinag-iisipan ko ang naranasan ko, parang bahagya kong nadama ang maaaring madama ng mga nasa mas mabababang kaharian. Ano ang madarama nila kapag narinig nila ang mga salitang "Sori po, hindi kayo puwedeng umakyat dito"?

Mga limang buwan kalaunan namatay ang asawa ko sa kanser. Ang naranasan ko sa eroplano ay mas nakahimok sa akin na mamuhay sa paraang hindi ko na kailanman maririnig na muli ang mga salitang iyon—lalo na sa kabilang buhay. ■

Bonnie Marshall, Utah, USA



Nang papalapit na ako sa first-class area, humarang sa pintuan ang flight attendant para pigilan ako.

# HINDI MATUTUMBASAN NG PERA ANG KALIGAYAHAN

Kamakailan pumunta ako sa bangko para mag-withdraw ng perang pangsuweldo sa mga empleyado ko. Bago ibinigay sa akin ng teller ang aking withdrawal, pinapalitan ko sa kanya ang ilang 200-sol bill ng ilang 50-sol bill. Pinalitan ng teller ang pera ko, pero parang nakita kong nagkamali siya sa pagbilang ng pera.

Ibinigay niya sa akin ang mga 50-sol bill, at tumabi ako para hintayin ang aking withdrawal. Habang naghihintay, binilang ko ang pera. Nagbigay ako sa teller ng 1,200 sol, pero pinalitan niya ito ng 2,200 sol—sobra ng isang libong sol. Nang sandaling iyon natukso ako. Sabi ko sa sarili ko marami namang pera ang bangko. Pero alam ko sa puso ko na hindi akin ang pera; dapat ko itong ibalik.

Ilang sandali pa tinawag ako ng teller para kumpletuhin ang transaksyon ko. Binilang niya ang aking withdrawal, at nang iabot niya sa akin ang pera, itinanong niya. "May kailangan pa ba kayo?"

"Oo," sabi ko. "Binigyan kita ng 1,200 sol para palitan ng mas maliliit na bill, pero ang ibinigay mo sa akin ay 2,200."

Pagkatapos ay inabot ko sa kanya ang 2,200 sol. Nanginginig ang mga kamay, binilang niya nang dalawang beses ang pera. Halos hindi siya makapaniwala sa nalaman niya. Tiningnan niya ako at sinubukang magsalita, pero ang tanging nasabi niya nang dalawang beses ay, "Maraming salamat po."


Umalis ako ng bangko nang masaya. Nang linggong iyon naghahanda ako ng ituturo sa mga kabataang lalaki sa ward namin tungkol sa paglaban sa tukso. Nakakatuwang ikuwento sa kanila ang naranasan ko sa bangko.

"Nagbibiro ka yata," pagbibiro ng ilan sa kanila. "Isang libong sol ang ibinalik mo!"


"Hindi matutumbasan ng pera ang kaligayahan," nakangiti kong sagot.

Nagpapasalamat ako sa karanasang ito, na nagpalakas sa aking patotoo at sa patotoo ng mga kabataang lalaki tungkol sa kahalagahan ng paglaban sa tukso. ■

Abelino Grandez Castro, Peru



Binigyan ako ng teller ng bangko ng 2,200 sol—sobra ng isang libong sol. Nang sandaling iyon natukso akong itabi ang sobra.



**Ni Elder**
**Keith K. Hilbig**
Naglingkod bilang miyembro ng Pitumpu mula 2001 hanggang 2012

# MAMUHAY PARA SA Kawalang-Hanggan

*Nakikiusap ako sa inyong mga young adult na madalas isipin ang magiging buhay ninyo sa langit kasama ang inyong pamilya sa kawalang-hanggan.*

Gaano naiiba at gaano kahirap ang daigdig ng mga young adult (may-asawa o wala) ngayon kung ihahambing sa daigdig ng mga young adult sa nakalipas na dalawa o tatlong henerasyon. Marami sa mga pagsubok ngayon ang hindi namin naranasan, o hindi gaanong matindi, noong nasa kolehiyo ako.


Ngunit narito kayo ngayon, sa sandaling ito. Masigla kayong sumusulong habang ang matatanda ninyo ay nagsisipanaw na. Hindi nagkataon lang na narito kayo sa panahong ito kundi bahagi ito ng isang walang-hanggang plano—ginawa, sinang-ayunan, at ipinatupad bago nilikha ang mundo.

Napakapalad ninyong malaman ang Panunumbalik ng ebanghelyo! Alam ninyo na bago kayo isinilang sa mundo ay nabuhay kayo sa piling ng Ama sa Langit at ni Jesucristo. Tinuruan kayo at sinubukan. Natutuhan ninyo ang mga batas na magtutulot sa inyong umunlad at sumulong. Sinunod ninyo ang mga batas na iyon, kaya nagkaroon kayo ng karapatang magtungo sa mundo, na naglalagay sa inyo sa landas tungo sa kadakilaan, kapangyarihan, at pagkadiyos.

Nauunawaan ninyo ang mga layunin ng mortalidad sa mundo, at itinuro sa inyo ang mga bagay hinggil sa mga oportunidad ninyo sa kabilang buhay. Sa madaling salita, may kaalaman kayo sa kawalang-hanggan—malilingon ninyo ang nakaraan, at matatanaw ninyo ang hinaharap.




MGA PAGLALARAWAN NI DAVID STOKER



*Hindi kayo dapat mamuhay para sa ngayon; bagkus, dapat kayong mamuhay para sa kawalang-hanggan. Lagi ninyong tandaan na kung kayong mag-asawa, o kayo ng inyong mapapangasawa kung wala pa kayong asawa, ay masunurin, kayo ay "magtatamo ng kaluwalhatiang idaragdag sa [inyong] mga ulo magpakailanman at walang katapusan."*

Karamihan sa mga katulad ninyong young adult na hindi miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, at ang daigdig sa kabuuan, ay di-gaanong alam ang mga katotohanang ito. Nabubuhay sila na parang nasa isang kahon na ang nalalaman ay limitado sa dalawang kaganapan: pagsilang at kamatayan. Nagpapasiya sila at kumikilos nang may limitadong pananaw. Masasabing nabubuhay sila para magpakasaya ngayon—ang panahon sa pagitan ng kanilang pagsilang at kamatayan, na napakaikling panahon lang sa saklaw ng kawalang-hanggan. Malamang na wala silang alam sa kanilang buhay bago sila isinilang at kakaunti ang alam nila tungkol sa kawalang-hanggan.

## Ang Inyong Walang-Hanggang Potensyal

Gayunman, alam ninyo ang pangako ng maaari ninyong kahinatnan sa kawalang-hanggan. Sa mga mag-asawang nabuklod sa banal na templo, nangako ang Panginoon:

"Kayo ay magbabangon sa unang pagkabuhay na mag-uli . . . at magmamana ng mga trono, kaharian, pamunuan, at kapangyarihan, mga sakop, lahat ng taas at lalim . . . at kung siya ay susunod sa aking tipan, at hindi gagawa ng pagpaslang upang makapagpadanak ng dugo ng walang malay, ito ay magagawa sa kanila sa lahat ng bagay anuman ang ipataw sa kanila ng aking tagapaglingkod, sa panahon, at sa lahat ng kawalang-hanggan; at magkakaroon ng buong bisa kapag sila ay wala na sa daigdig; at sila ay makararaan sa mga anghel, at sa mga diyos, na inilagay roon, tungo sa kanilang kadakilaan at kaluwalhatian sa lahat ng bagay, na ibinuklod sa kanilang mga ulo, kung aling kaluwalhatian ay magiging isang kaganapan at isang pagpapatuloy ng mga binhi magpakailanman at walang katapusan.

"Pagkatapos sila ay magiging mga diyos, sapagkat sila ay walang katapusan; samakatwid sila ay magiging mula sa kawalang-hanggan hanggang sa kawalang-hanggan, sapagkat sila ay


magpapatuloy; sa gayon sila ay mangingibabaw sa lahat, sapagkat lahat ng bagay ay saklaw nila. Sa gayon sila ay magiging mga diyos, sapagkat taglay nila ang lahat ng kapangyarihan, at ang mga anghel ay saklaw nila" (D at T 132:19–20).

Nakikiusap ako sa inyo na laging isipin ang magiging buhay ninyo sa langit kasama ang inyong pamilya sa kawalang-hanggan, isang kalagayang di-maarok sa kaluwalhatian at kalamangang hindi pa natin lubos na maunawaan. Gayunman, ang talagang tiyak natin ay napanatili ng bawat isa sa inyo ang inyong "unang kalagayan" (Abraham 3:26), bawat isa sa inyo ay nakapasa sa lahat ng pagsubok bago kayo isinilang sa mundong ito, bawat isa sa inyo ay nanampalataya nang lubos, at dahil diyan, bawat isa sa inyo ay tumanggap ng pribilehiyong magkamit ng katawang lupa at mabuhay sa mundong ito.

Samakatwid, hindi kayo dapat mamuhay para sa ngayon; bagkus, dapat ay mamuhay kayo para sa kawalang-hanggan. Lagi ninyong tandaan na kung kayong mag-asawa, o kayo ng inyong mapapangasawa kung wala pa kayong asawa, ay masunurin, kayo ay "magtatamo ng kaluwalhatiang idaragdag sa [inyong] mga ulo magpakailanman at walang katapusan" (Abraham 3:26)—isang napakagandang bagay na ipinangako mismo ng Diyos para sa bawat isa sa Kanyang mga anak.

Kung kayo ay tapat sa pagsunod sa mga kautusan ng Diyos, ang Kanyang mga pangako ay ganap na matutupad. Subalit ang kaaway ng mga kaluluwa ng tao ay nagpupumilit na bulagin ang kanilang mga isipan. Kung siya ay hahayaan nila, magbabato si Satanas ng buhangin, ika nga, sa kanilang mga mata, at sila ay mabubulag sa at bubulagin ng mga bagay ng mundo.

Ang mahuhusay at matatalinong tao ng Kristiyanismo ay hindi alam ang alam ninyo sa mga bagay na ukol sa kawalang-hanggan, ngunit alam ito ni Satanas! Alam niya ang inyong




***Binigyan kayo ng Diyos hindi lamang ng karapatang pumili ng mabuti o masama kundi ng kakayahang piliin ang mabuti kaysa masama! Sa huli, kayo ang nagpapasiya, hindi si Satanas.***

paghahanda bago ang buhay na ito, ang layunin ninyo sa mundo, at bukod pa riyan ang inyong walang-hanggang potensyal.

Sa wikang Hebreo ang ibig sabihin ng salitang *diyablo* ay "maninira."[1] Hangad ng diyablo na sirain ang paglalakbay ninyo patungo sa kawalang-hanggan. Tinatangka niyang hadlangan ang inyong potensyal dito at sa kabilang buhay. Gusto niyang piliin ninyo ang mali. Iniisip ng ilang kabataang gusto nang magsarili sa buhay na ang kanilang pagsasarili ay pinakamainam na maipapakita kapag pinili nilang gawin ang isang bagay na mali. Sinumang hangal ay magagawa iyan; anumang grupo ng mga tao ay magagawa iyan.

Sa katunayan, ang pagsasarili, ang tunay na kalayaan, ay maipapakita at mararanasan sa pagpili ng tama. Binigyan kayo ng Diyos hindi lamang ng *karapatang* pumili sa pagitan ng mabuti at masama kundi ng *kapangyarihang* piliin ang mabuti *kaysa* masama! Sa ganyang paraan kayo ay binigyan ng Diyos ng mas malakas na kapangyarihan kaysa kay Satanas at kanyang mga alagad. Kayo pa rin ang nagpapasiya, hindi si Satanas.

Ipinlano ng Ama sa Langit ang buhay na ito sa mundo dahil sa mahalagang layunin: upang tayo ay masubok at makapanaig sa masama. Hindi Niya karaniwang sinasadyang maganap ang mga pagsubok at tukso, ngunit alam Niya na maraming mararanasang ganito sa mundo. Nais Niya na habang narito tayo sa mundo, matututuhan nating pag-aralang daigin ang ating "likas" na mga sarili (tingnan sa Mosias 3:19), ilayo ang ating sarili sa makamundong bagay, at patunayang tayo ay karapat-dapat. May ibang mga pakana si Satanas. Gagawin niya ang lahat para hadlangan ang ating pag-unlad.

### Ang mga Tukso ng Daigdig

Ang daigdig na ito, kaakibat ang mapanlinlang at masamang pagtulong at pag-udyok ni Satanas, ay tinutukso kayong gawin ang lahat para matanggap ng ibang tao, gawin ang ginagawa ng nakararami, magpakasasa sa kasiyahang dulot ng panahon ngayon—marahil sa pamamagitan ng mahahalay na pelikula o video games, kasalanang moral (kabilang na ang pornograpiya), masamang pananalita, mahalay na kasuotan, o

kasinungalingan. Guguluhin ni Satanas ang pagkaunawa ninyo sa banal na plano ng langit para sa pamilya: na ang kasal ay inorden ng Diyos sa pagitan ng lalaki at babae at na ang mga anak ay may karapatang mapangalagaan ng isang ina at isang ama.[2]

Kung sa buhay ngayon ay nagpadala kayo sa panunukso ni Lucifer, maaari niyang alisin sa inyo ang mga pagpapala ng kawalang-hanggan. Si Satanas ay walang anumang magiging pagpapala sa kawalang-hanggan. Alalahanin ninyo, *natalo* siya sa digmaan sa langit, digmaang ginamitan ng patotoo (tingnan sa Apocalipsis 12:11) kung saan nagapi siya at ang kanyang mga alagad ng matatapat na tagasunod ni Cristo. Malaki ang bilang ng mga napahamak: lahat ng alagad ni Satanas—ang ikatlong bahagi ng hukbo ng langit—ay itinaboy. Hindi sila kailanman tatanggap ng katawang lupa o magkakaroon ng buhay na walang hanggan.

Sinabi ni Lehi sa anak niyang si Jacob:

"At ako, si Lehi, ayon sa mga bagay na aking nabasa, ay talagang kailangang ipalagay na ang isang anghel Diyos, ayon sa yaong nakasulat, ay nahulog mula sa langit; anupa't siya ay naging diyablo, na hinahangad yaong masama sa harapan ng Diyos.

"At sapagkat siya ay nahulog mula sa langit, at naging kaaba-aba magpakailanman, kanyang hinahangad din ang kalungkutan ng buong sangkatauhan" (2 Nephi 2:17–18).

Itinuro din ni Lehi: "Anupa't ang tao ay malaya ayon sa laman. . . . At sila ay malayang makapipili ng kalayaan at buhay na walang hanggan, sa pamamagitan ng dakilang Tagapamagitan ng lahat ng tao, o piliin ang pagkabihag at kamatayan, alinsunod sa pagkabihag at kapangyarihan ng diyablo; sapagkat hinahangad niya na ang lahat ng tao ay maging kaaba-abang katulad ng kanyang sarili" (2 Nephi 2:27).

Sa ating panahon, ang mga nagbebenta ng mga bawal na gamot, nagpapamahagi ng pornograpiya, tumatangkilik ng masasamang libangan, sumusuporta sa mga kasinungalingan, nagpapaanunsyo ng mahahalay na kasuotan, nag-uudyok ng imoralidad, at tumutuligsa sa tradisyunal na pamilya ay nangungumbinsing piliin ang mga bagay na magpapahina ng espirituwalidad, na maaaring magbunga pa ng espirituwal na kamatayan, ng mga anak ng Diyos.

Lagi ninyong tandaan na humahalakhak si Satanas sa kasawian ng mga nalinlang ng gayong mga panunukso (tingnan sa Moises 7:26). Iba-iba ang kanyang mga pamamaraan, ngunit may iisang layunin ang mga ito: pagsuway at ang pagkawala ng mga pagpapalang dulot nito.

## Mga Pagpapala ng Pagsunod

Ang pagsunod ay nagbubunga ng mga pagpapala at kapayapaan. Isipin ang isang matibay na pagpapasiya ninyong gawin ang tama, kahit napakalakas ng tuksong gawin ninyo ang mali. Marahil ito ay pagpapasiyang paalisin ang maruming pag-iisip o magsabi ng totoo kahit mas madali ang magsinungaling. Marahil ito ay pagpapasiyang tumayo at lumabas sa sinehan (o kahit anong masamang lugar) na inaanunsyong kalugud-lugod gayong ang totoo ay hindi katanggap-tanggap ito.

Kapag iniisip ninyo ang inyong mga tamang desisyon, ano ang nadarama ninyo? Kagalakan? Kakayahang supilin ang sarili o karagdagang lakas? Ibayong kumpiyansa sa harapan ng Panginoon? Dagdag na kakayahang labanan ang kasamaan? Iyan ang kapangyarihan; iyan ang kalayaan!

Kung patuloy ninyong nilalabanan ang tukso, mas madali nang gawin ito—hindi dahil sa nabago ang likas na katangian ng paglaban sa tukso, kundi ang kapangyarihan ninyong gawin ito ay naragdagan.[3] Mapaglalabanan ninyo ang anumang tuksong kinakaharap ninyo (tingnan sa 1 Mga Taga Corinto 10:13).

Alam ninyo ang inyong banal na pinagmulan. Nalalaman ninyo nang lubos ang inyong banal na tadhana. Inaanyayahan ko kayo na "magtaglay ng kabanalang mula sa Kanya"[4] at mamuhay *hindi* para sa ngayon kundi para sa kawalang-hanggan.

Kayong kalugud-lugod na mga young adult, kayo na magiging mga lider sa kaharian ng Diyos at sa lipunan, ay hindi dapat magapi sa walang tigil na labanang ito. Nakayanan ninyo ang digmaan sa langit; mapagtatagumpayan ninyo ang digmaan sa lupa. Huwag kayong mamuhay para sa ngayon bagkus mamuhay kayo para sa kawalang-hanggan.

Makatitiyak kayo, sulit ang lahat ng pagsisikap ninyong sundin ang mga kautusan, dahil ang inyong gantimpala ay ang makabalik sa piling ng Diyos sa pinakamataas na antas ng selestiyal na kaharian. ■

*Halaw mula sa isang mensahe sa debosyonal na ibinigay sa Brigham Young University–Idaho noong Marso 12, 2007. Para sa buong teksto sa Ingles, bisitahin ang web.byui.edu/devotionalsandspeeches.*

### MGA PANGUNAHING DOKTRINA

Sa pamamagitan ng Pagkabuhay na Mag-uli, alam ng mga Banal sa mga Huling Araw na

- Ang Ama sa Langit ay nangako ng walang-hanggang kaluwalhatian sa mga masunurin.
- Hangad ni Satanas ang kalungkutan ng buong sangkatauhan.
- Ang mga anak ng Diyos ay may kapangyarihang daigin ang tukso.

**MGA TALA**

1. Bible Dictionary, "Devil."
2. Tingnan sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona*, Nob. 2010, 129.
3. Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Heber J. Grant* (2002), 39.
4. Gordon B. Hinckley, "Bawat Isa'y Maging Mas Mabuting Tao," *Liahona*, Nob. 2002, 99.



ANG UNANG GINAWA, NI DAVID LINN © IRI, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM

# Mga Karanasan sa Pagtitiwala nang Lubos

**Ni Melissa Zenteno**
Mga Magasin ng Simbahan

Noong si Claire (binago ang pangalan) ay anim na taon, nagdiborsyo ang kanyang mga magulang. Sa mga sumunod na taon, marami siyang nakitang mag-asawa na naghiwalay at mga miyembro ng pamilya na may problema sa adiksyon, hindi na gaanong nagsisimba, at may depresyon. Dahil nalulungkot at naguguluhan, hindi na naniwala si Claire na mahalaga ang pamilya.

"Sinabi ko sa sarili ko na hindi yata para sa akin iyang pag-aasawa," sabi niya. "Pero itinatago ko lang ang takot ko na baka mangyari din sa akin ang naranasan ko."

Maliban pa sa matinding lungkot dahil sa sitwasyon ng kanyang pamilya, damdam ni Claire ay nag-iisa siya. Isang araw noong tinedyer pa siya, napaluhod siya sa sobrang lungkot at nagdasal, na isinasamong malaman kung naroon ba ang Ama sa Langit. "Nang huminto ako sa pag-iyak at pagsasalita, napuspos ako ng nag-aalab na damdamin na payapa, masidhi, at napakapersonal," wika niya. "Alam kong naroon ang Ama sa Langit at lagi akong mamahalin at tutulungan sa aking mga pagsubok."

Dahil sa natanggap na sagot ninais ni Claire na palakasin ang kanyang patotoo at tiwala sa Diyos at sa Kanyang mga kautusan hinggil sa pamilya. Hindi lamang niya ipinagpatuloy ang pagdarasal kundi nagbasa rin siya ng mga banal na kasulatan, nag-seminary, at sumunod sa mga kautusan.

Ngayon ay may-asawa na si Claire, at natututong humarap sa kanyang mga pagsubok nang may pananampalataya. "Hindi ko na inaalala kung imposible bang magpalaki ng matatag na pamilya dahil nagpasiya na kaming mag-asawa na laging palakasin ang aming patotoo, gawing bahagi ng aming buhay ang Ama sa Langit at ang Tagapagligtas, at alalahanin ang di-maitatatwang katotohanan ng ebanghelyo."

Para kay Claire, ang pagkakaroon ng tiwala sa Diyos ay nagsisimula sa simple at tapat na panalangin. Ngunit ano pa ang maaari nating gawin para magkaroon ng tiwala sa Ama sa Langit? Ibinahagi ng mga young adult sa iba't ibang panig ng mundo—na may kani-kanyang pagsubok—ang kanilang mga karanasan kung paano sila nagkaroon ng tiwala sa Panginoon at natutong umasa sa Kanyang kalooban, at sa Kanyang takdang panahon.

### Patuloy na Magpasalamat

Pag-iisip sa kanyang mga pagpapala ang tumutulong kay Stefanie Egly ng Hesse, Germany, na magtiwala sa plano ng Ama sa Langit at sa Kanyang takdang panahon.

Sinimulang isulat ni Stefanie ang kanyang mga pagpapala nang magwakas ang magandang pagtitinginan nila ng kanyang kaibigan. "Kahit hindi kami nagdedeyt, inasam ko na noon pa man na lumalim pa ang aming pagtitinginan. Nawalang lahat ang pag-asa ko nang sabihin niya sa akin na may kasintahan na siya."

Sa kanyang kalungkutan, naaliw si Stefanie matapos basahin ang isang artikulo sa *Liahona* tungkol sa pasasalamat. Naisip niyang isulat kung paano siya napagpala—lalo na kung paano naging pagpapala ang kanyang pag-iisa sa buhay.

Nakatulong ang listahan niya para matanto na hindi man siya nagkaroon ng pagkakataong makapag-asawa, hindi ibig sabihin niyon ay napagkaitan siya ng mga pagpapala. Natanto ni Stefanie na nabiyayaan siya ng Panginoon ng pagkakataong maging guro sa elementarya at magturo sa mga bata. Nakapagbiyahe siya, nakadalo sa pangkalahatang kumperensya, at nakabahagi bilang tagapayo sa programang Especially for Youth. Nakilala niya ang ilan sa pinakamalalapit niyang kaibigan sa mga single adult conference na dinaluhan niya.

Ngunit ang pinakamalaki raw niyang pagpapala ay ang makapag-ukol ng panahon sa kanyang lola bago ito pumanaw, isang bagay na hindi nagawa ng kanyang mga kapatid at pinsan dahil malayo ang kanilang tirahan o may mga pamilya silang aalagaan.

Limang taon na ang nakalipas mula nang simulang isulat ni Stefanie ang kanyang mga pagpapala. Hinihintay pa rin niya ang panahon na magkakaroon siya ng oportunidad na makasal sa templo. Sabi niya, "Hindi ko alam kung kailan ko makikilala ang makakasama ko nang walang hanggan, pero alam kong darating ang panahong iyon. Bago dumating iyon, alam ko na patuloy akong magkakaroon ng mga karanasang tutulong sa akin na matuto at umunlad." Lubos siyang pinagpala ng Ama sa Langit, at alam niya na patuloy Niya itong gagawin kung siya ay tapat.

### Basahin ang Salita ng Diyos Araw-araw

Kadidiborsyo lang ni Daniel Martuscello na taga-Colorado, USA, at hindi pa siya mapanatag sa bago niyang sitwasyon. Hindi lang dahil wala na siyang asawa kundi kasisilang lang ng kanyang unang anak at wala siyang trabaho. Hindi niya maunawaan kung bakit nangyari ito—gayong lagi naman niyang hangad na maging mabuting tao.

Dahil pakiramdam niya ay nag-iisa siya at nawawalan ng pag-asa, bumaling si Daniel sa mga banal na kasulatan. "Naalala ko ang nadama kong kapanatagan noon sa pagbabasa ng



*ALALAHANIN ANG MGA ITO,* NI DAVID LINN, HINDI MAARING KOPYAHIN

mga banal na kasulatan, kaya pinagtuunan ko na ito bawat araw," wika niya. Sa araw-araw na pagbabasa ng mga banal na kasulatan kinailangan niyang limitahan ang paglilibang tulad ng panonood ng telebisyon at paggamit ng internet. Pero hindi ito sakripisyo, wika niya. "Nang magbasa ako, nakatanggap ako ng kapanatagan at patnubay. Pumangalawa na lang sa kahalagahan ang iba pang mga bagay. Hindi ako nagbasa para lang makapagbasa, kundi naghanap din ako ng sagot. Nagbasa ako nang may layunin."

Nakadama ng kapanatagan si Daniel sa mga banal na kasulatan nang matanto niya na lahat ay dumaranas ng pagsubok. "Mababait ang mga propeta at iba pa pero nagkaroon pa rin sila ng mga pagsubok," wika niya. "Ang pagbabasa tungkol sa kanilang mga karanasan ay nagpaunawa sa akin na may araw sa buhay natin na nagdurusa tayong lahat, ngunit sa pagdurusang iyon mas mapapalapit tayo kay Cristo."

Bukod pa riyan, sinabi ni Daniel na pinagaan ng araw-araw na pagbabasa ang pasanin niya dahil isang paraan ito para maging bahagi ng kanyang pang-araw-araw na buhay ang Tagapagligtas. "Sa pakikipag-usap sa akin ng Diyos sa pamamagitan ng mga talatang nabasa ko, nagtiwala ako na magiging mas maayos ang mga bagay-bagay at sa Kanyang tulong, may magandang idudulot ang karanasang ito."

### Unahin ang Diyos

Nakadama ng takot si Po Nien ng Kaohsiung, Taiwan, matapos niyang yayaing pakasal ang kasintahan niyang si Mei Wah. "May mga naideyt na ako bago iyon, at mga tatlong beses na akong nagkaroon ng seryosong relasyon na nauwi lang sa hiwalayan. Dahil sa mga karanasang iyon nabawasan na ang tiwala ko na magkaroon ng relasyong pangwalang-hanggan," pag-amin niya.

Kahit napanatag si Po Nien nang

ipagdasal niya ang pagpapakasal kay Mei Wah, nag-alinlangan siya sa sagot na natanggap niya. Talaga bang nakadama siya ng pagpapatunay ng Espiritu? O nadala lang siya ng kanyang damdamin? Hahantong ba sa templo ang engagement na ito? O mauuwi rin sa hiwalayan ang relasyong ito?

Sa mga sandaling ito naalala ni Po Nien ang sinabi ni Pangulong Ezra Taft Benson (1899–1994) na binanggit sa isang klase sa institute: "Dapat nating unahin ang Diyos sa lahat ng iba pang bagay sa ating buhay. . . . Kapag inuna natin ang Diyos sa ating buhay, lahat ng iba pang bagay ay nalalagay sa tamang lugar o naglalaho sa ating buhay."[1]

Ang payong ito ang naging tanda ng pagbabago sa buhay ni Po Nien. "Alam ko na kung uunahin ko ang Diyos sa aking buhay at hangga't ako ay tapat sa Kanya, lahat ng bagay na mali ay maglalaho at lahat ng bagay na mabuti ay malalagay sa tamang lugar," wika niya. Kung uunahin niya ang Diyos at maganda ang pagtitinginan nila ni Mei Wah, tutulong ang Ama sa Langit na maging maayos ang lahat.

Taglay ang patuloy na pagtitiwala, pinakasalan ni Po Nien si Mei Wah sa Hong Kong China Temple. "Marami akong naging pagpapala dahil nagtitiwala ako sa Panginoon," wika niya.

### Hangaring Sundin ang Kanyang Kalooban

Ang isa pang paraan para magkaroon ng tiwala sa Ama sa Langit ay ang sundin ang Kanyang kalooban. Para kay Marta Fernández-Rebollos ng Tarragona, Spain, natuto siyang magtiwala sa Ama sa Langit nang piliin niyang panatilihin ang kanyang mga pamantayan.

Nakikipagdeyt siya noon sa isang binatang hindi miyembro ng Simbahan at hindi interesadong sumapi. "Nagtatalo ang kalooban ko kung susundin ko ba ang itinuro sa akin tungkol sa walang-hanggang kasal at ang daandaang katwiran ng puso ko para talikuran ang lahat ng ito at pakasalan ang binatang iyon nang panghabangpanahon lamang," wika niya. "Punungpuno ng pagkalito, pasakit, at pagluha ang mga buwang iyon."

Dahil nahihirapang magpasiya, pumunta sa kanyang silid si Marta at naghanap ng gabay mula sa kanyang patriarchal blessing. Binasa niya ang pangako sa kanya kapag pinili niya ang tama. Bigla siyang napaiyak at nalaman kung ano ang dapat niyang gawin. "Hindi na mahalaga sa akin ang mangyayari kapag hindi na kami magkasintahan. Hindi ko alam ang mangyayari, ngunit nanalig ako na hangga't nasa panig ako ng Panginoon, tiyak na magiging maganda iyon. Natuklasan ko na kapag pinagtuunan natin ang ating mithiin at sinunod ang mga pahiwatig ng Espiritu Santo, matutuklasan natin na ang mga bunga ng kabutihan ay 'napakatamis . . . higit pa sa lahat ng natikman [na natin]' (1 Nephi 8:11)."


Sa Mga Kawikaan 3:5–6, mababasa natin:

"Tumiwala ka sa Panginoon ng buong puso mo, at huwag kang manalig sa iyong sariling kaunawaan.

"Kilalanin mo siya sa lahat ng iyong mga lakad, at kaniyang ituturo ang iyong mga landas."

Ang pagkakaroon ng tiwala sa Diyos at sa Kanyang mga plano ay hindi laging madali. Bawat isa sa atin ay may sariling mga pagsubok. Siguro hanggang ngayon ay wala pa kayong nakikitang maidedeyt sa ward o branch ninyo na makakasundo ninyo. Marahil ikinasal na kayo, ngunit wala pang anak. Marahil ay nakikipagdiborsyo kayo. O marahil natatakot kayo sa mas seryosong relasyon dahil sa mga naranasan ninyo noon. Alam ng Panginoon ang mga paghihirap ninyo at hinihiling Niyang magtiwala kayo sa Kanya. Kapag natutuhan ninyong magtiwala sa Ama sa Langit, darating ang kapayapaan at patnubay. ■

### ANG TIWALA NINYO SA DIYOS AY DAPAT MAGING MATIBAY AT NAGTATAGAL



"Ang buhay na ito ay isang karanasan sa pagtitiwala nang lubos—pagtitiwala kay Jesucristo, pagtitiwala sa Kanyang mga turo, pagtitiwala sa ating kakayahan ayon sa pagakay ng Banal na Espiritu na sundin ang mga turong iyon para lumigaya ngayon at para mabuhay nang may layunin at lubos na kaligayahan sa kawalang-hanggan. Ang ibig sabihin ng magtiwala ay sumunod nang kusa nang hindi nalalaman ang wakas mula sa pasimula (tingnan sa Mga Kawikaan 3:5–7). Upang magkabunga, ang tiwala ninyo sa Panginoon ay dapat maging mas matibay at nagtatagal kaysa sa tiwala ninyo sa personal ninyong damdamin at karanasan. . . .

"Kapag nagtiwala kayo sa Kanya, sumampalataya kayo sa Kanya, tutulungan Niya kayo."

**Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Trust in the Lord," *Liahona,* Ene. 1996, 15.**

**TALA**

1. Ezra Taft Benson, "The Great Commandment—Love the Lord," *Ensign,* Mayo 1988, 4.


"Ano ba ang tamang gawin dito? At ano ba ang tamang sabihin?"



**Ni Elder**
**Jeffrey R. Holland**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# MATIBAY NA PANANALIG NA MAY PAGKAHAHABAG

*Ang reaksyon natin sa mga tao at mga sitwasyon ay kailangang kakitaan ng kabuuan ng mga pinaniniwalaan ng ating relihiyon at katapatan natin sa ebanghelyo.*

Kamakailan inimbita akong magsalita sa isang stake single-adult devotional. Pagpasok ko sa pinto sa likod ng stake center, isang mga 30-anyos na dalaga ang halos kasabay kong pumasok. Kahit napakarami ng mga pumapasok sa chapel, mahirap na hindi siya mapansin. Batay sa naaalala ko, mayroon siyang ilang tato, iba't ibang hikaw sa tainga at ilong, naka-spike ang buhok na may iba't ibang kulay, napakaikli ng palda, at napakababa ng leeg ng blusa.

Ang babae bang ito ay puno ng problema, hindi natin ka-relihiyon, na inakay—o kaya naman ay isinama ng isang tao—sa patnubay ng Panginoon sa debosyonal na ito sa pagsisikap na tulungan siyang magkaroon ng kapayapaan at patnubay ng ebanghelyo na kailangan niya sa kanyang buhay? O miyembro kaya siya na medyo nawalan ng pag-asa at nalihis sa mga pamantayang ipinapayo ng Simbahan na sundin ng mga miyembro nito ngunit, mabuti na lamang at nakikihalubilo pa rin siya at piniling dumalo sa aktibidad ng Simbahan sa gabing iyon?

Ano man ang maging reaksyon ng sinuman sa dalagang iyon, ang tuntunin magpakailanman ay na sa lahat ng pakikihalubilo at kilos natin, kailangan tayong kakitaan ng kabuuan ng ating mga pinaniniwalaan sa ating relihiyon at ng ating katapatan sa ebanghelyo. Ibig sabihin, anuman ang reaksyon natin sa anumang sitwasyon dapat ay makabuti ito, hindi lalong makasama. Hindi tayo maaaring kumilos sa paraan na mas malaki pa ang nagawa nating kasalanan, sa kasong ito, kaysa sa kanya. Hindi ibig sabihin nito ay wala tayong mga opinyon, na wala tayong mga pamantayan, na kahit paano ay binabalewala natin ang mga kautusan na "dapat gawin" at "hindi dapat gawin" sa buhay. Ngunit ang ibig sabihin nito ay kailangan nating ipamuhay ang mga pamantayang iyon at ipagtanggol ang mga "dapat gawin" at "hindi dapat gawin" sa mabuting paraan sa abot-kaya natin, sa paraang ipinamuhay at ipinagtanggol ito ng Tagapagligtas. At ginawa Niya sa tuwina ang dapat gawin para mapabuti ang sitwasyon—mula sa pagtuturo ng katotohanan, sa pagpapatawad sa mga makasalanan, hanggang sa paglilinis ng templo. Dakilang kaloob ang malaman kung paano gawin ang gayong mga bagay sa tamang paraan!

Kaya, hinggil sa babaing kakaiba ang suot na damit at anyo, simulan natin sa pag-alaala na siya ay anak ng Diyos at walang-hanggan ang kanyang kahalagahan. Simulan natin sa pag-alaala na siya ay anak ng isang tao dito sa lupa at, sa ibang pagkakataon, maaaring anak ko siya. Simulan natin sa pasasalamat na dumalo siya sa aktibidad ng Simbahan, at hindi umiiwas kanino man. Sa madaling salita, sinisikap *nating* gawin ang pinakamainam sa ganitong sitwasyon sa hangaring tulungan *siyang* gawin ang pinakamainam. Patuloy nating ipinagdarasal nang tahimik: Ano ba ang tamang gawin dito? At ano ba ang tamang sabihin? Ano ba ang magpapabuti *sa huli* sa sitwasyong ito at sa kanya? Ang pagtatanong ng mga bagay na ito at pagsisikap na gawin ang gagawin ng Tagapagligtas sa palagay ko ang ibig Niyang sabihin nang sabihin Niyang, "Huwag kayong magsihatol ayon sa anyo, kundi magsihatol kayo nang matuwid na paghatol" (Juan 7:24)

Dahil diyan, pinaaalalahanan ko ang lahat na sa paghanap at pagtulong sa pagbabalik ng isang tupang naligaw, may malaking responsibilidad din tayo sa 99 na hindi nangaligaw at sa kagustuhan at kalooban ng Pastol. May


MGA PAGLALARAWAN NI DAVID MALAN

isang kawan, at dapat ay naroon tayong lahat, anuman ang kaligtasan at mga pagpapalang natatanggap natin dahil dito. Mga bata kong kapatid, kailanman ay hindi "babaguhin" ng Simbahang ito ang mga doktrina nito para lamang umangkop sa lipunan o maging katanggap-tanggap ito o sa iba pang dahilan. Tanging ang seguridad ng inihayag na katotohanan ang naglalagay sa atin sa katayuan na kung saan maiaangat natin ang isang taong nababagabag o pinabayaan. Ang ating pagkahabag at pagmamahal—na mahahalagang katangian ng ating pagiging Kristiyano ay *hindi*—kailanman dapat bigyang-kahulugan na pagsasapalaran ng mga kautusan. Gaya ng sinabing minsan ng kahanga-hangang si George MacDonald, sa gayong mga sitwasyon "hindi tayo obligadong sabihin ang lahat ng ating [pinaniniwalaan], kundi obligado tayong huwag [matulad] sa hindi natin [pinaniniwalaan]."[1]

### Kailan Tayo Kailangang Humatol

Tungkol dito, kung minsan ay may di-pagkakaunawaan, lalo na sa ating mga kabataang nag-iisip na hindi natin dapat hatulan ang anuman, na hindi natin dapat halagahan ang anumang bagay. Dapat tayong magtulungan sa bagay na iyan dahil nilinaw ng Tagapagligtas na sa ilang sitwasyon ay *dapat* tayong humatol, obligasyon nating humatol—tulad nang sabihin Niyang, "Huwag ninyong ibigay sa mga aso ang anomang banal, ni ihagis man ang inyong mga perlas sa harap ng mga baboy" (Mateo 7:6). Parang paghatol na iyan para sa akin. Ang isang di-katanggap-tanggap na alternatibo ay ang magpaubaya at maging katulad ng makabagong mundo na nagbibigay ng kaluwagan sa mga pamantayang sumisira sa kagandahang-asal, na nagsasabing walang bagay na walang hanggan ang katotohanan o napakasagrado, at, samakatwid, walang isang pananaw tungkol sa anumang usapin na higit na mahalaga kaysa iba. At sa ebanghelyo ni Jesucristo, talagang hindi iyan totoo.

Sa prosesong ito ng pagsusuri, hindi tayo sinasabihang isumpa ang iba, kundi sinasabihan tayong gumawa ng mga desisyon sa araw-araw na kakikitaan ng paghatol—sana, mabuting paghatol. Minsan ay tinukoy ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol ang ganitong uri ng mga desisyon bilang "pansamantalang paghatol," na kadalasan ay dapat nating gawin para sa ating kaligtasan o para sa kaligtasan ng iba, kumpara sa tinatawag na "huling paghatol," na magagawa lamang ng Diyos na nakaaalam sa lahat ng pangyayari.[2] (Tandaan, sa talatang nabanggit kanina, sinabi ng Tagapagligtas na ang mga ito ay dapat



Sa ilang sitwasyon dapat tayong humatol. Dapat tayong gumawa ng "mga pansamantalang paghatol" para sa ating kaligtasan o para sa kaligtasan ng iba.

maging "mabubuting paghatol," *hindi* pagmamagaling lamang, na lubhang kakaiba.)

Halimbawa, hindi sisisihin ng sinuman ang magulang na nagbabawal sa isang bata na tumatakbo sa lansangan na maraming nagdaraang sasakyan. Kaya bakit sisisihin ang magulang na nag-aalala kung anong oras dapat umuwi sa gabi ang mga anak na iyon, sa pagtanda ng mga ito nang kaunti, o anong edad sila dapat makipagdeyt o kung dapat silang sumubok ng seks o droga o pornograpiya? Hindi, gumagawa tayo ng mga desisyon at naninindigan at muling pinagtitibay ang ating mga pinahahalagahan—sa madaling salita, gumagawa tayo ng mga "pansamantalang paghatol"—sa lahat ng oras, o kahit paano ay dapat nating gawin ito.

**"Hindi Ba't May Kalayaang Pumili ang Iba?"**

Maaaring magtanong ang mga kabataan kung angkop ba sa lahat ng sitwasyon ang bagay na ito o ang patakarang ginawa ng Simbahan, na nagsasabi: "Alam natin kung paano tayo kikilos, ngunit bakit kailangan nating pilitin ang ibang tao na tanggapin ang mga pamantayan natin? Hindi ba't may kalayaan silang pumili? Hindi ba tayo nagiging mapagmagaling at mapanghusga, na ipinipilit natin sa iba ang ating mga paniniwala, na inuutusan sila, gayundin tayo, na kumilos sa partikular paraan?" Sa gayong mga sitwasyon kailangan ninyong ipaliwanag nang buong ingat kung bakit ang ilang prinsipyo ay pinaninindigan at ang ilang kasalanan ay tinututulan *saanman matagpuan ang mga ito* dahil ang mga isyu at batas ukol dito ay hindi lamang sa ngayon ang bunga kundi sa kawalang-hanggan. At bagama't hindi nating nais saktan ang kalooban ng mga taong iba ang paniniwala sa atin, mas ayaw nating saktan ang kalooban ng Diyos.


Para bang sinasabi ng isang kabataan na, "Ngayong puwede na akong magmaneho, alam kong dapat akong tumigil sa pulang ilaw, pero dapat ba nating husgahan at patigilin ang lahat kapag pula ang ilaw?" Sa gayon ay dapat ninyong ipaliwanag kung bakit, oo, umaasa tayo na *lahat* ay titigil kapag pula ang ilaw. At dapat ninyong gawin ito nang hindi hinahamak ang mga taong lumalabag o kaiba ang paniniwala sa atin dahil, oo, mayroon silang kalayaang moral. Ngunit huwag pagdudahan na may panganib sa paligid kung pinipiling sumuway ng ilan.

Mga bata kong kaibigan, maraming iba't ibang paniniwala sa mundong ito at may kalayaang moral para sa lahat, ngunit hindi malayang kumilos ang sinuman na para bang pipi ang Diyos sa mga bagay na ito o na parang mahalaga lang ang mga kautusan kung nagkakasundo ang mga tao ukol sa mga ito.

Wala akong alam na mas mahalagang kakayahan at integridad na maipapakita kaysa maingat na pagtahak sa landas na iyon—paninindigan sa moralidad na naaayon sa ipinahayag ng Diyos at sa mga batas na ibinigay Niya, ngunit gawin ito nang may habag, pag-unawa at malaking pagmamahal sa kapwa. Mahirap talagang gawin ito—ang ganap na pagtukoy sa kasalanan at sa nagkasala! May alam akong ilang pagkakaiba na mas mahirap gawin o mas mahirap ipaliwanag kung minsan, pero kailangan nating sikaping gawin ito nang may pagmamahal. ■

*Halaw sa CES devotional na ibingay noong Setyembre 9, 2012. Para sa buong teksto sa Ingles, na may pamagat na "Israel, Israel, God Is Calling," bisitahin ang cesdevotionals.lds.org.*

**MGA TALA**
1. George MacDonald, *The Unspoken Sermons* (2011), 264.
2. Tingnan sa Dallin H. Oaks, "'Judge Not' and Judging," *Ensign,* Ago. 1999, 6–13.




**Ni David Dickson**
Mga Magasin ng Simbahan

# PATAWARIN ANG SARILI



*Kung nakapagsisi na tayo at pakiramdam natin ay pinatawad na tayo ng Panginoon, bakit napakahirap pa ring patawarin ang ating sarili kung minsan?*



## Unti-unting Pag-unlad

Para sa maraming taong nabubuhay sa makabagong panahon, parang mahirap mabuhay nang walang elektrisidad. Ang madilim na silid ay dagling mapupuno ng liwanag sa isang pindot lang sa switch. Ang mga simpleng gawain na kailan lang ay kinailangang maghintay na gawin hanggang sa magbukang-liwayway o kinailangang gawin sa liwanag ng aandap-andap na ningas ng kandila ay madali nang magagawa ngayon sa tulong ng imbensyong hindi ganoon kadaling nalikha.

Si Thomas Edison ay gumugol nang ilang taon at sumubok nang mahigit 1,000 iba't ibang materyal bago nakakita ng tamang filament (ang manipis na alambreng nasa sentro ng bombilya) na makapagbibigay ng pangmatagalang ilaw sa murang halaga. Dahil laging positibo ang pananaw, inisip ni Edison na bawat materyal na hindi umubra ay makakatulong para mahanap niya ang tamang materyal. At nang magawa niya ito, hindi na katulad ng dati ang daigdig.

## Pagtingin sa Kalooban

Marami pang magagandang kuwento tungkol sa mga atleta, matatalinong tao, artist, at marami pa na marunong matuto mula sa kanilang mga pagkakamali at hindi sumusuko. Magsikap nang magsikap nang magsikap hanggang sa magtagumpay—mga salita sa isang kuwento na tila hindi natin pinagsasawaang pakinggan. Maliban na lamang kung ang bida sa kuwentong iyan ay nagkataong tayo mismo.

Pagdating sa pagsunod sa mga kautusan, napakarami sa atin ang gustong maging perpekto sa isang iglap lang at nang walang hadlang. Para itong pag-asam na makakalikha ng susunod na imbensyong magkakahalaga ng milyong dolyar nang walang babaguhing anuman sa orihinal na disenyo o pag-asam na manalo ng kampeonato nang wala ni isang talo. Kapag tayo ay nagkakasala at nagkukulang, madalas na hindi natin mapatawad ang sarili at patuloy na nagpupunyagi.

Itinuro ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan: "Kapag iniutos ng Panginoon na patawarin natin ang lahat ng tao, kabilang diyan ang ating sarili. Kung minsan, sa lahat ng tao sa mundo, ang taong pinakamahirap patawarin—at marahil ay siyang pinakakailangan nating patawarin—ay ang ating sarili."[1]

## Isang Nagbagong Kaluluwa

Ngunit paano natin gagawin iyan?" Ang pag-aaral sa buhay ni Ammon, isang propeta sa Aklat ni Mormon, ay makadaragdag ng kaalaman.

Ang mga karanasan ni Ammon bilang misyonero sa mga Lamanita ay mahimala at nagbibigay-inspirasyon. Mula sa pagtatanggol sa mga tupa ng hari, hanggang sa pangangaral kay Haring Lamoni, sa pagtulong na maipalaganap ang ebanghelyo sa buong bansa, ang buhay at ministeryo ni Ammon ay nananatiling isa sa nakakaantig na mga kuwento sa banal na kasulatan.

Ngunit ang dating si Ammon ay hindi ang matwid at mapanampalatayang lalaki na nangaral nang may kapangyarihan sa mga Lamanita. Nakagawa siya ng mga pagkakamali—mabibigat na pagkakamali. Bilang isa sa mga anak ni Mosias, si Ammon ay nakabilang sa isa mga humayo upang "wasakin ang simbahan, at upang iligaw ang mga tao ng Panginoon, taliwas sa mga kautusan ng Diyos," (Mosias 27:10).

Si Ammon, pati na ang kanyang mga kapatid at si Nakababatang Alma, ay mapangwasak sa gawain ng Diyos kaya isang anghel ng Panginoon ang nagpakita sa kanila, na nangusap na "katulad ng tinig ng kulog, na naging dahilan upang mayanig ang lupang kanilang kinatatayuan." (Mosias 27:11), at sila ay pinagsisisi.


Maliwanag na may mabibigat na kasalanan si Ammon na kailangan niyang pagsisihan, at ginawa nga niya ito. Subalit paano kung hindi niya pinatawad ang sarili? Paano kung hindi siya nagmisyon dahil inakala niyang huli na ang lahat para kanya? Kung hindi siya nagmisyon, hindi niya mararanasan ang galak na nadama nilang magkakapatid matapos ang maraming taong pagtuturo sa mga Lamanita. "Ngayon masdan, tayo ay makatatanaw at makikita ang mga ibinunga ng ating mga pagpapagal; at sila ba'y iilan?" Ang tanong ni Ammon sa kanyang mga kapatid. "Sinasabi ko sa inyo, Hindi, marami sila; oo, at nasasaksihan natin ang kanilang katapatan, dahil sa pagmamahal nila sa kanilang mga kapatid at gayon din sa atin" (Alma 26:31). Libu-libo ang

KALIWA: RETRATO © THINKSTOCK/ISTOCKPHOTO; KANAN: RETRATO © THINKSTOCK/HEMERA



**NAIBALIK NA MULI**

Itinuro ni Elder Shayne M. Bowen ng Pitumpu kung paano maibabalik na muli at mapapabanal ng Pagbabayad-sala ang ating buhay. Panoorin ang video na "Reclaimed" sa lds.org/pages/mormon-messages #reclaimed.



namulat sa katotohanan dahil sa kanilang ginawa bilang misyonero.

### Ang Panganib na Dulot ng Panghihina ng Loob

Sa kabila ng malinaw na payo mula sa mga lider ng Simbahan at mga halimbawa mula sa banal na kasulatan, naniniwala pa rin ang ilan sa atin na hindi tayo kabilang sa ginawan ng Pagbabayad-sala, na hindi na tayo maliligtas. Hindi natin maibaba ang mabigat na pasaning dulot ng ating kasalanan, kahit pa nakapagsisi na tayo nang tapat. Maaaring ang iba ay huminto pa nga na pagsikapan ito.

Kunsabagay, bakit nga ba iaangat mo pa ang sarili mo sa lupa, kung babagsak ka rin namang muli? Iyan ang gusto ng kaaway na isipin ninyo. Ang gayong takbo ng isip ay hindi lang espirituwal at emosyonal na nakapanghihina kundi lubusang mali.

Itinuturo sa atin sa mga banal na kasulatan na ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ay walang hanggan ang saklaw at para sa lahat. "Magsiparito kayo ngayon, at tayo'y magkatuwiranan, sabi ng Panginoon: bagaman ang inyong mga kasalanan ay maging tila mapula, ay magiging mapuputi na parang niebe; bagaman maging mapulang gaya ng matingkad na pula, ay magiging parang balahibo ng tupa" (Isaias 1:18). Lahat tayo ay *maaaring* magtagumpay. Maaari tayong sumubok muli. At tutulungan tayo ng Panginoon sa bawat sandali.

### Hindi Pa Huli ang Lahat

Nagbigay ng malinaw na payo si Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol na huwag mawalan ng pag-asa sa sarili. "Gaano man karaming pagkakataon ang iniisip ninyong lumagpas sa inyo, gaano man karaming pagkakamali ang inaakala ninyong nagawa ninyo o mga talentong wala kayo, o gaano man kayo napalayo sa inyong tahanan at pamilya at sa Diyos, pinatototohanan ko na hindi pa rin kayo ganap na napalayo sa pag-ibig ng Diyos. Hindi posibleng lumubog kayo nang mas malalim kaysa kayang abutin ng walang-hanggang liwanag ng Pagbabayad-sala ni Cristo."[2]

Itinuro pa sa atin ni Elder Holland na panatilihing nakatuon sa kabutihan ng Diyos: "Ang pormula para manampalataya ay magpatuloy, magsumikap,

DETALYE MULA SA *THE LOST LAMB*, NI DEL PARSON, HINDI MAAARING KOPYAHIN; RETRATO © THINKSTOCK/ISTOCKPHOTO

magsimula hanggang matapos, at hayaang mapawi ang mga alalahanin noong una—totoo man iyon o inakala lang—sa kasaganaan ng gantimpala sa bandang huli."[3]

**Puno ng Pag-asa**

Bagama't hindi dapat ituring nang gayun-gayon lang ang kasalanan, totoong maaaring magsisi. Totoong may kapatawaran. Ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ay nagbibigay sa atin ng pagkakataong magsimulang muli nang may malinis na puso. Tulad ni Ammon na napatawad, mapapatawad din kayo.

Tunay ngang may darating na bagong pag-asa. Itinuro ni Apostol Pablo, "Puspusin nga kayo ng Dios ng pagasa ng buong kagalakan at kapayapaan sa pananampalataya, upang kayo'y managana sa pag-asa sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo" (Mga Taga Roma 15:13).

Dahil binigyan tayo ng kaloob na pagsisisi, lahat tayo ay maaari nang maniwalang muli sa ating sarili. ■

**MGA TALA**

1. Dieter F. Uchtdorf, "Ang Mahabagin ay Kahahabagan," *Liahona*, Mayo 2012, 75.
2. Jeffrey R. Holland, "Ang mga Manggagawa sa Ubasan," *Liahona*, Mayo 2012, 33.
3. Jeffrey R. Holland, "Ang mga Manggagawa sa Ubasan," 32.

# PERMANENT MARKER

Ni Dani Dunaway Rowan

*Ang mga marka ng ating mga pagkakamali ay hindi dapat maging permanente. Ang magkaroon ng malilinis na mga kamay ay sulit, kahit pa masakit.*

Isang linggo nang makatapos ako ng high school, lumipat ako sa kabilang panig ng bansa para makasama ang pamilya ng ate ko sa tag-init bago magsimula ang klase ko sa kolehiyo sa taglagas.

May ilan akong naging kaibigan, karamihan sa kanila ay mas matanda sa akin at nasa kolehiyo. Isang Sabado ng gabi dalawa sa bago kong mga kaibigan ang sumundo sa akin para makinig sa mahusay na bandang tumutugtog sa club doon.

Nang pumarada kami, unti-unti akong kinabahan, pero ayaw kong tumutol at sirain ang gabi. Pumasok kami sa club, at tiningnan ng lalaki sa counter ang lisensya ko sa pagmamaneho. Walang sabi-sabing ginuhitan niya ng permanent marker ang mga kamay ko.

Gulat akong napatingin. Nalaman ko na minarkahan niya ang mga kamay ko para makita na napakabata ko pa para bumili ng alak sa bar.

Agad akong hindi mapakali. Nag-iinuman at naninigarilyo ang mga tao.

Nalulungkot akong sabihin na hindi ako nagkaroon ng lakas ng loob na umalis kaagad. Makalipas ang 30 minuto, tinanong ako ng isa sa mga kaibigan ko kung OK lang ako. Sinabi ko sa kanya na sumakit ang ulo ko dahil sa tugtog at usok. Nagprisinta siyang ihatid ako pauwi, at nagpapasalamat akong pumayag.

Nagmadali akong tumakbo sa banyo sa bahay ng kapatid ko at kinuskos ang mga itim na marka hanggang sa sumakit ang mga kamay ko. Makikibahagi ako sa sakramento kinabukasan gamit ang mga kamay na ito, kaya gusto ko talagang malinis ang mga ito. Pero nakikita pa rin ang dalawang itim na guhit sa marosas kong balat.

Bago ako natulog, humingi ako ng tawad sa hindi ko pagkakaroon ng lakas ng loob na umalis—at higit sa lahat, sa hindi ko pagkakaroon ng lakas ng loob na huwag pumasok doon. Nangako ako sa Ama sa Langit na hindi ko na hahayaang malagay akong muli sa gayong sitwasyon.

Kinabukasan natanggal ko na halos lahat ang marka, at halos malinis na malinis na ang mga kamay ko nang nakibahagi ako sa sakramento. Inisip ko kung paano naging katulad ng mga itim na markang iyon ang kasalanan. Kailangang magsumigasig at masaktan pa nga, pero maaari tayong magsisi at hayaang tanggalin ang ating mga kasalanan ng kapangyarihan ng Pagbabayad-sala at malinis mula sa mga itim na marka sa ating buhay. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*





# KATAPATAN AT INTEGRIDAD

*Bilang disipulo ni Cristo, ang mga personal na katangiang ito ay nagpapakita ng tunay mong pagkatao.*



**Ni Elder Christoffel Golden Jr.**
Ng Pitumpu

Sa isang larong pang-kampeonato ng American football may nangyari kay Joseph B. Wirthlin na tinawag niyang "karanasang nakakaapekto ng pagkatao" habang nasa gitna ng napakahalagang laro.

"Ako ang pinatakbo sa gitna na hawak ang bola para makalamang ng score sa kalaban," sabi niya. "Kinuha ko ang bola mula sa quarter back at sunud-sunod na sinagasaan ang manlalaro sa linya. Alam kong malapit na ako sa goal pero hindi ko alam kung gaano kalapit. Bagamat naipit ako sa ilalim ng patung-patong na manlalaro, inunat ko nang ilang pulgada ang mga daliri ko at naramdaman ko iyon. Dalawang pulgada (5 cm) ang layo ng goal.

"Sa sandaling iyon natukso akong itulak papasok ang bola. Nagawa ko sana. . . . Pero naalala ko ang sinabi ng aking ina. 'Joseph,' madalas niyang sabihin sa akin, 'gawin mo ang tama, anuman ang mangyari. Gawin mo ang tama at magiging maayos ang lahat.'

"Gustung-gusto kong makaiskor sa touchdown na iyon. Pero higit sa pagiging bayani sa mga mata ng mga kaibigan ko, gusto kong maging bayani sa mga mata ng aking ina. Kaya hinayaan ko ang bola sa kinalalagyan nito—dalawang pulgada mula sa goal."[1] Si Elder Wirthlin (1917–2008) ay naglingkod kalaunan bilang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol.

### Ginagawa ang Tama

Ang desisyon ni Elder Wirthlin ay napakagandang halimbawa ng taong hindi ipagpapalit ang kanyang integridad. Ang katapatan at integridad ay sumusubok sa ating pagkatao. Kailangan dito na laging ginagawa o sinasabi ng isang tao ang bagay na tama anuman ang mangyari o isipin ng iba.

Isa sa mga pamantayan sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* ay katapatan at integridad. Bilang mga Banal sa mga Huling Araw at tagasunod ni Cristo, inaasahan kayo na "maging tapat sa inyong sarili, sa iba, at sa Diyos sa lahat ng panahon. Ang ibig sabihin ng maging tapat ay ang piliing huwag magsinungaling, magnakaw, mandaya, o manlinlang sa alinmang paraan . . .

"Magkaugnay ang katapatan at integridad. Ang integridad ay pag-iisip at paggawa ng tama sa lahat ng panahon, anuman ang mangyari. Kapag kayo ay may integridad, handa kayong ipamuhay ang inyong mga pamantayan at paniniwala kahit walang nakamasid."[2]

### Ang Pagiging Disipulo

Ang layunin natin habang nasa pagsubok na ito na kalagayan ng ating buhay sa mundo ay maging "banal sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Cristo" (Mosias 3:19). Ang maging banal ay wala nang iba kundi ang maging tunay na disipulo ni Cristo. Hindi ito mahirap na tulad nang inaakala ninyo; baka nga alam na ninyo kung paano ito gawin. Gayunman, kailangan talagang pagsikapan ito, at kung minsan matinding pagsisikap ang hinihingi sa atin nito. Pero magagawa natin ito.

Itinuturo ng Aklat ni Mormon, "Sapagkat masdan, ang Espiritu ni Cristo ay ipinagkakaloob sa bawat tao, upang malaman niya ang mabuti sa masama; samakatwid, ipakikita ko sa inyo ang paraan sa paghatol; sapagkat ang bawat bagay na nag-aanyayang gumawa ng mabuti, at humihikayat na maniwala kay Cristo, ay isinugo sa pamamagitan ng kapangyarihan at kaloob ni Cristo; kaya nga, malalaman ninyo nang may ganap na kaalaman na iyon ay sa Diyos" (Moroni 7:16).


Bilang disipulo ni Cristo matutuklasan ninyo kung paano magsalita at kumilos sa pamamagitan ng pagtatanong sa sarili ng, "Ano ang gagawin ni Jesus?" Susunod ang mga pahiwatig, at kung tatalima kayo sa mga pahiwatig na ito, mapapatotohanan ninyo sa inyong sarili na kumilos kayo nang tama. Gayunman, totoo rin na kung minsan kailangan ninyo munang maghintay bago ninyo makita ang tunay na mga ibinunga at pagpapala ng matatapat ninyong gawa.

### Maging Ganap na Matapat

Ipinaaalala sa atin ng *Para sa Lakas ng mga Kabataan*: Ang pagiging hindi matapat ay nakasasakit sa inyo at sa iba. Kapag kayo ay nagsisinungaling, nagnanakaw, nangungupit, o nandaraya, pinipinsala ninyo ang inyong espiritu at ang pakikipagugnayan ninyo sa iba. Ang pagiging tapat ay magpapaganda ng inyong mga oportunidad sa hinaharap at magdaragdag sa inyong kakayahang magabayan ng Espiritu Santo."[3]

Ang totoong sukatan ng totoong integridad at ganap na katapatan ay kung ano ang ginagawa ninyo kapag walang nakakaalam ng iniisip, sinasabi, o ginagawa ninyo. Bilang mga tunay na dispulo ni Cristo, dapat na kahinatnan at gawin natin ang mismong ipinakita sa atin ng Tagapagligtas. Nasa atin ang di-mapapantayang kaloob na Espiritu Santo. Itinuro ng Tagapagligtas, "Datapuwa't ang Mangaaliw, sa makatuwid baga'y ang Espiritu Santo, na susuguin ng Ama sa aking pangalan, siya ang magtuturo sa inyo ng lahat ng mga bagay, at magpapaalaala ng lahat na sa inyo'y aking sinabi" (Juan 14:26).

Binigyan din tayo ng ating Tagapagligtas ng malaking kapangyarihan na nagmumula sa araw-araw na panalangin, pag-aaral ng banal na kasulatan, at pagbabasa ng mga salita ng mga buhay na propeta at apostol. Ang magagandang bagay na ito na ginagawa araw-araw ay humuhubog ng katapatan at integridad sa atin. Tandaan, bilang disipulo ni Cristo at miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ang katapatan ninyo ay nagpapakita ng inyong integridad at ng tunay ninyong pagkatao. ■



***Ang araw-araw na panalangin, pag-aaral ng banal na kasulatan, at pagbabasa ng mga salita ng mga buhay na propeta at apostol ay humuhubog ng katapatan at integridad sa atin.***

**MGA TALA**

1. Joseph B Wirthlin, "Mga Aral na Natutuhan Ko sa Buhay," *Liahona*, Mayo 2007, 46.
2. *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (buklet, 2011), 19.
3. *Para sa Lakas ng mga Kabataan,* 19.

MGA PAGLALARAWAN NI BEN SOWARDS



# IBINALIK NANG MAY DANGAL

*Ayokong maging magnanakaw, kahit di-sinasadya.*

**Ni Valerie Best**

Pagkatapos ng mga klase ko sa hapon, dumaan ako sa isang maliit na tindahan ng mga antigong bagay bago ako umuwi—isang bagay na gusto kong gawin kahit palakas nang palakas ang ulan. Ako lang ang kostumer sa tindahan, at inasikaso ako ng tindera sa pagbili ko ng lamparang nagustuhan ko.

Nang magbukas siya ng supot, napansin ko ang nakadisplay na makukulay na pulseras sa counter. Tiningnan ko ang isa habang isinusupot niya ang lampara. Nasagi niya ang mga nakadispley, at nagkalat sa sahig ang halos kalahati ng mga pulseras. Parang nataranta siya pero tinapos ang pag-aasikaso sa binili ko. Umalis na ako, hawak sa isang kamay ang payong at sa isang kamay naman ang nakasupot na lampara.

Umuwi na ako, hinubad ang mga basang bota, at nagpatugtog. Nang inilabas ko ang lampara mula sa supot, may napansin akong isang bagay sa bandang ilalim ng supot. Pulang pulseras ito. Siguro nahulog ito mula sa display at napunta sa supot ko. Napangiti ako, iniisip na ang sandaling ito ay parang katulad ng isang kuwento mula sa manwal ng Young Women: *"Pagkatapos ay naisip ni Valerie ang isang lesson na katatapos lang nilang talakayin sa Laurels class."*

Hinagis ko ang pulseras sa kama at binuksan ang lampara. Pinasigla ng pagkinang nito ang mapanglaw na dapithapon. Dumungaw ako sa bintana. Lalong lumakas ang ulan, at nagpuputik na ang niyebe sa lupa.

Tiningnan ko ang pulseras. Pulang-pula ang kulay nito. Isinukat ko ito. Nakalagay sa etiketa nito ang presyong—$20. Siyempre ibabalik ko ito. Hindi pumasok sa isip ko na hindi ko ito ibabalik. Hinubad ko ito at ipinatong sa nakasalansang mga libro na balak ko nang alisin. Pumunta ako sa kabilang kuwarto para magtimpla ng mainit na tsokolate.

Pagkatapos ay bumalik ako.

Gaano ko na ba katagal na ipinagpapalibang alisin ang mga librong iyon? Matagal na. Gaano katagal mananatili roon ang pulseras kung ipagpapaliban kong ibalik ito?

*Intensyon* kong ibalik ito. Pero kailan? Patatagalin ko pa ba ito hanggang sa maasiwa na akong ibalik ito? Hahayaan ko na lang ba ito?

Medyo nag-alinlangan pa ako. Dumungaw akong muli sa bintana. Naisip ko na kapapahinga pa lang ng mga paa ko mula sa lamig. Inisip ko ang aking masarap at mainit na tsokolate.

Pagkatapos ay hinablot ko ang pulseras, nagsuot ng bota, at lumabas.

Nang dumating ako sa tindahan, may inaasikasong kostumer ang babae. Tumayo ako at naghintay. Nang matapos siya, inilabas ko mula sa

PAGLALARAWAN NI GREG NEWBOLD



bulsa ng diyaket ko ang pulseras at ipinaliwanag kung bakit napunta iyon sa akin. Parang nagulat siya, medyo nagtaka, at nagpasalamat, at wala nang sinabi. Hindi niya ako ginantimpalaan sa katapatan ko. Simple lang siyang nagpasalamat. At wala ni sinumang nakasaksi noon.

Habang pauwi ako, inisip ko kung bakit palagi kong iniisip na matapat akong tao. Ito ang katangiang pinahahalagahan at hinahanap ko sa iba. Pero ang tunay na katapatan, gaya ng tunay na pagmamahal at tunay na kawanggawa, ay dapat ipakita sa gawa. Gaano man karangal at katotoo ang aking intensyon, naging matapat na tao lang ako nang isinuot kong muli ang mga botang iyon at isinagawa ang intensyon ko.

Nadama kong wala nang nakasuot sa kamay ko at napangiti ako. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa New York, USA.*

# KAPANGYARIHAN SA MGA TIPAN



Kapag naririnig ninyo ang salitang *tipan,* ano ang naiisip ninyo? Kung ang sinabi ninyo ay, "Pangako ninyo ng Diyos sa Isa't isa," tama kayo.


Ngunit ang pakikipagtipan sa ating Ama sa Langit ay higit pa riyan. Sa sagradong pangakong iyan, may kapangyarihan, lakas, at kapayapaan. Kapag pinagninilayan ninyo ang mga tipang ginawa ninyo at gagawin sa inyong buhay, at ginawa ninyo ang inyong bahagi sa tipan, magsisimulang magbago ang pakiramdam at pamumuhay ninyo. Naiimpluwensyahan ng mga tipan ang pagkilos ninyo at ginagabayan kayo sa inyong mga pagpili.

Narito ang ilang halimbawa ng kaibhang naidulot ng mga tipan sa buhay ng ilang kabataan.



"Pinapanatili kayo ng tipan sa makipot at makitid na landas, tinutulungan kayong mamuhay nang mas mabuti, at binibigyan kayo ng mas malalim na pang-unawa."
**Marcus A., edad 17, Utah, USA**

"Ang katotohanang nakipagtipan ako sa Ama sa Langit ay nagbigay sa akin ng mga oportunidad na espritwal na umunlad at maging mas matapat na miyembro. Sa tuwing may gagawin ako, iniisip ko ang mga tipang ginawa ko sa ating Ama sa Langit at tinatanong ang sarili ko kung tinutupad ko ba ang mga pangako ko sa Kanya noong binyagan ako at noong tinanggap ko ang priesthood. Ang mga tipang ginawa ko sa ating Ama sa Langit ay tumulong sa akin na manatiling matatag sa ebanghelyo at makasama Siya balang araw."
**Efraín V., edad 14, New Zealand**



"Naaalala ko noong binyagan ako—iyon ang pinakamasaya kong sandali dahil iyon ang pinakauna kong tipan. Sumunod ay noong tinanggap ko ang priesthood. Ganoon din ang nadama kong saya. Ang laki ng ngiti sa mukha ko nang matanto kong nakipagtipan ako sa Diyos. Kapag naririnig kong pinagtatawanan ng mga bata ang Simbahan, inaalala ko ang kaligayahang nadama ko at naaalala ko na nakipagtipan ako sa Diyos at hindi sa tao."
**Bradford A., edad 16, Arizona, USA**

"Ang pakikipagtipan ay nagbibigay sa atin at sa aming pamilya ng napakaraming biyaya. Halimbawa, kapag nabinyagan na tayo nakakaya nating magbago, mas magpakabuti. Ang mga tipang ginawa natin sa ating Ama sa Langit ay nagpapatibay sa pananampalatayang kailangan natin upang manatiling tapat sa ebanghelyo."
**Naomi A., edad 15, Guadalajara, Mexico**



"Nitong nakaraang tag-init pumunta ako sa templo nang madalas para magpabinyag para sa mga patay. Sa pagtupad ko sa aking mga tipan at pagpunta sa templo at paggawa ng tama, pinagpala ako. Talagang kinakabahan ako kapag huling eksamen na. Pumunta ako sa templo, at naging mas maayos ang lahat. Kapag tinutupad ko ang mga tipan nagiging mas magaan at mas masaya ang buhay."
**McKenna M., edad 18, California, USA**

"Noong unang beses akong nagpasa ng sakramento bilang deacon, kabadong-kabado ako. Pagkatapos ay naalala ko ang araw na nabinyagan ako, at nadama ko ang Espiritu Santo. Kusa na lang nawala ang kaba ko at nakapagpasa ako nang mabuti."
**Seth A., edad 12, Mexico City, Mexico**



MGA ARALING PANG-LINGGO


*Ang Paksa sa Buwang Ito:* **Mga Ordenansa at mga Tipan**

## *Ang tipan ay isang pangako, at marami pang iba.*



## SUMALI SA USAPAN

Sa buong Hulyo, pag-aaralan ninyo ang tungkol sa mga ordenansa at mga tipan sa inyong mga priesthood quorum at mga klase sa Young Women at Sunday School. Gumawa ng listahan ng mga tipan na ginawa ninyo at inaasam na gawin. Ano ang sinasabi sa inyo ng listahan na iyan tungkol sa nais ninyong pamumuhay? Isiping ibahagi ang inyong mga kaisipan sa iba sa pamamagitan ng pagpapatotoo sa tahanan, simbahan, o sa social media.




"Nakatanggap ako ng maraming biyaya sa pagtupad ko sa aking mga tipan. Dahil sa mga tipan ko sa binyag, natulungan ako ng Espiritu Santo na makapagpasiya. Ang tipan noong tanggapin ninyo ang priesthood ay ang pangako na gagamitin ang priesthood para tulungan ang iba at maglingkod. Mapapalakas ang patotoo ninyo kapag kayo ay naglilingkod."

**Erik N., edad 15, Alberta, Canada**

"Hindi puwede iyong basta mo na lang gagawin kahit anong gusto mo at pagkatapos aasa ka na tutuparin ng Diyos ang pangako Niya. Malaki ang inaasahan niya sa iyo dahil alam Niya ang potensyal mo. Talagang lalo akong nahikayat nito na magpakabuti."

**Jolee H., edad 15, Colorado, USA**



### PINATATATAG NG MGA BANAL NA TIPAN ANG PAGIGING KRISTIYANO

"Hinihimok ko ang bawat isa na maging marapat sa at tanggapin ang lahat ng ordenansa ng priesthood sa abot ng inyong makakaya at tapat na tupdin ang mga pangako ninyo sa tipan. Sa oras ng pagdurusa, pahalagahan sa lahat ang inyong mga tipan at hustuhin ang inyong pagsunod. Sa gayo'y makahihiling kayo nang may pananampalataya, walang pag-aalinlangan, ayon sa inyong pangangailangan, at ang Diyos ay sasagot. Susuportahan Niya kayo."

**Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang Kapangyarihan ng mga Tipan," *Liahona*, Mayo 2009, 22.**

MULA KALIWA: MGA PAGLALARAWAN NINA CHRISTINA SMITH AT CRAIG DIMOND © IRI; DETALYE MULA SA *TINATAWAG NI CRISTO SINA PEDRO AT ANDRES*, NI HARRY ANDERSON © IRI

# MGA PABORITONG FAMILY HOME EVENING



## MGA ESPIRITUWAL NA SUPERHERO

Ngayong taon binibisita kami sa bahay ng mga kahanga-hangang superhero tuwing Lunes ng gabi! Bawat superhero ay kahawig ng isang miyembro ng pamilya, may kakaibang kapangyarihan, at nagturo ng mahalagang aralin na nakapagpapalakas ng patotoo na naghikayat sa amin na mas pagbutihin ang pakikitungo sa isa't isa.

Halimbawa, tinuruan kami isang linggo ni Media Man kung paano protektahan ang mga mata namin mula sa mga hindi nararapat na mga pelikula, palabas sa TV, at mga magasin. Sa isa pang linggo ipinaliwanag ni Fit Miss kung paano kami magkakaroon ng di-pangkaraniwang lakas sa pamamagitan ng regular na ehersisyo. Si Bee Still, ang superhero na nakadamit-bumblebee ay nagturo naman sa amin kung paano tumigil sa pag-iingay at maging mapitagan sa simbahan at tahanan. Ipinaliwanag ni Word Girl kung paano at kailan namin mas mapupuri ang isa't isa. Dumalo rin sina Thankful Girl, Do It Yourself Dude, Scripture Scholar, No Sass Lass, Missionary Man, at iba pang superhero sa mga family home evening lesson namin.

Nagpapasalamat ako na seryoso at maingat na pinag-isipan ng mga miyembro ng aking pamilya kung anong problema sa pamilya ang gusto nilang lutasin bilang superhero. Lahat kami ay sabik na inaabangan ang family home evening, at napakasaya namin sa bawat pagbisita ng superhero. Nagpapasalamat ako na tuwing may pinag-iisipan kaming problema sa aming pamilya, binibigyan kami ng Ama sa Langit ng ideya kung paano mas epektibong matuturuan ang isa't isa. Ito ang mga alaala ng mga superhero na pahahalagahan namin kailanman.

Victor W., USA

## ANG PATOTOO NI KUYA

Ang nanay ko ay nagtatrabaho araw-araw mula alas-3:00 ng hapon hanggang alas-11:00 ng gabi. Kahit hindi siya nakakauwi tuwing Lunes ng gabi, ipinasiya namin ni kuya na magdaos ng family home evening—na kami lang dalawa. Walong taon nang hindi nagsisimba si kuya, pero kailan lang ay dumadalo siya sa institute at ipinasiya niyang siya ang magbigay ng mensahe isang Lunes ng gabi. Ibinahagi niya ang isang espirituwal na kaisipan mula sa Aklat ni Mormon na hindi ko naisip kailanman, kahit apat na taon akong nakapag-seminary at natapos ko na ang aking Pansariling Pag-unlad. Nadama ko ang espiritung siya kong inasam na madama kapag dumating ang pagkakataon na magkaroon ako isang karapat-dapat na mayhawak ng priesthood sa aking tahanan.

Nagpapasalamat ako na binibigyan ako ng Ama sa Langit ng pagkakataong patatagin ang aking pamilya linggu-linggo sa pamamagitan ng family home evening. Mahal ko ang ebanghelyo ni Jesucristo, at natutuwa akong maranasan ang nakapagpapakumbabang family home evening na ito na kasama si kuya.

Isadora A., Brazil

## NALIWANAGAN SA DILIM

Hinding-hindi ko malilimutan ang family home evening lesson namin noong nawalan kami ng ilaw. Wala kaming mababasa kung walang ilaw, at naisip ko na hindi magiging maganda ang family home evening.

"Paano kami makakapag-family home evening kung hindi namin mabasa ang mensahe mula sa *Liahona,* o paano namin makakanta ang awitin mula sa himnaryo nang walang ilaw?" naisip ko.

Mabuti na lang at dumating ang kapatid kong babae. Maganda ang ideya niya na kumanta kami ng mga himnong kabisado namin at pagkatapos ay ibahagi namin ang aming natutuhan sa Linggong nagdaan. Lahat kami ay nagbahagi ng isang alituntunin at natuto kami sa isa't isa. Sa palagay ko, ang matuto nang magkakasama ang layunin ng family home evening. Sigurado ako na labis na nasiyahan ang Panginoon nang sundin namin ang utos na magdaos ng family home evening, kahit walang ilaw.

Alam ko na ayaw ng Panginoon na bumalik tayo sa Kanyang piling nang nag-iisa. Nais Niya tayong bumalik na kasama ang ating pamilya, at nais Niyang gawin natin ang lahat ng maaaring gawin para mangyari ito, pati na ang pagdaraos ng family home evening. ■

Hérica S., Brazil

*Ang mga karanasang ito ay nagpapakita kung paano makakapagpasigla at mapapasaya ang family home evening!*



MGA PAGLALARAWAN NI LLOYD ELDREDGE



# ANG MGA SUMMER KO MALAPIT SA TEMPLO

*Malalaking pagpapala ang dumating nang gamitin ng aking pamilya ang aming bakasyon sa pagpunta sa templo tuwing summer.*

**Ni David Isaksen**

Lumaki ako sa Norway. Ang pinakamalapit na templo ay nasa Stockholm, Sweden, na 8- hanggang 10-oras ang biyahe. Hindi na kailangang sabihin pa na anumang pagpunta sa templo ay kailangang planuhin at pag-isipang mabuti. Nagplano ang aming stake na dalawang beses bibisita sa templo para sa mga kabataan bawat taon; uupa ng bus ang ilang ward at magpupunta sa templo sa katapusan ng linggo. Masayang makasama ang ibang mga kabataan, pero gusto namin ng pamilya ko na magsama-sama kaming minsan sa pagpunta sa templo.

Kaya't isang taon ay nagpasiya kaming magpunta sa Stockholm sa summer vacation namin. Napakagandang karanasan niyon, at di-naglaon ay nakaugalian na naming gawin iyon tuwing summer. Nagkakamping kami sa isang campground na malapit sa templo. Tuwing umaga gigising kami nang maaga para sa baptismal session kasama ang iba pang mga pamilya mula sa Norway na nagpunta sa templo. Pagkatapos ay naglalaro kami ng football at nagsu-swimming sa campground.

Ang mga summer na ito ay mga sagradong alaala sa akin ngayon. Bagama't hindi gaanong malapit sa templo ang tirahan namin para magpunta roon buwan-buwan, laging espesyal na okasyon ang pagpunta namin. At kahit matagal at nakakapagod ang biyahe, pinagpala kami ng Panginoon sa aming sakripisyo. Ang mga espirituwal na karanasan ko sa templo ay nakatulong para mahalin ko ang templo at ang mga ordenansa nito. Mas pinaglapit din kami nito bilang pamilya.

Ang isang natatanging karanasang naaalala ko ay nang makaramdam ako ng kaunting pagrerebelde. Parang nakikita ko ang napakaraming mali ng mga magulang ko, at pakiramdam ko'y wala silang karapatang payuhan ako kung paano mamuhay. Bagama't namuhay ako nang karapat-dapat para makapunta sa templo, pinagdudahan ko ang tungkulin ng aking ama bilang aming padre-de-pamilya. Ngunit nang sama-sama kaming magpunta sa templo para magsagawa ng mga binyag at kumpirmasyon, nadama ko roon ang presensya ng magiliw na espiritu. Nang ipatong ng aking ama ang kanyang mga kamay sa aking ulo para ikumpirma ako alang-alang sa mga taong pumanaw na, nadama kong pinagtibay sa akin ng Espiritu na kumikilos siya sa pamamagitan ng tunay na awtoridad ng priesthood.

Ipinaunawa nito sa akin na kahit hindi perpekto ang aking ama, isa pa rin siyang mabuting ama at mapalad akong maging anak niya. Nadama ko na kailangan kong pagsisihan ang pagrerebelde ko at sikaping makita ang karunungan at pagmamahal sa kanyang mga pangaral.

Maraming taon na ang lumipas malinaw pa sa aking isipan ang alaala ng mga summer na iyon sa templo. Ang templo ay naging isa sa tunay na magagandang lugar sa mundo, tulad ng mga Tubig ng Mormon sa mga tao ni Alma: "Anong ganda nito sa mga mata nila na nakarating sa kaalaman ng kanilang Manunubos" (Mosias 18:30). ■

*Ang awtor ay nakatira sa Utah, USA.*

## MGA PAGPAPALA NG TEMPLO


Anong mga pagpapala ang napasainyo nang magpunta kayo sa templo? Isiping ibahagi ang inyong damdamin sa isang miyembro ng pamilya o isulat ito sa inyong journal.


LARAWAN NG STOCKHOLM SWEDEN TEMPLE NA KUHA NI STEFAN HALLBERG, HINDI MAAARING KOPYAHIN; BACKGROUND AT BORDER © THINKSTOCK/ISTOCKPHOTO

# Family Home Evening Wheel




Maaari kayong gumawa ng assignment wheel para makatulong sa pagpaplano ng family home evening. Idikit sa makapal na papel ang mga bilog na ito at pagdikitin ang mga ito sa gitna gamit ang metal fastener. Isulat nang paikot sa labas ng bilog ang pangalan ng bawat miyembro ng pamilya. Ikutin ang wheel para palitan ang mga assignment linggu-linggo.





Isulat nang paikot ang pangalan ng mga miyembro ng inyong pamilya sa labas na gilid.

MGA PAGLALARAWAN NI SCOTT GREER

# ILIGTAS 'NYO SIYA!

Ni Heidi S. Swinton

Tuwing summer dalawang buwang namamalagi ang pamilya Monson sa kanilang cabin sa Provo River. Natutong lumangoy si Tommy Monson sa mabilis na agos ng tubig sa ilog. Isang mainit na hapon noong si Tommy ay mga 13 anyos, sumakay siya sa isang malaki at mapintog na interior ng gulong at nagpalutang sa ilog.

Noong araw na iyon isang malaking grupo ng mga tao ang nagtipon sa isang piknikan sa tabi ng ilog para kumain at maglaro. Magpapalutang na sana si Tommy sa pinakamabilis na parte ng ilog nang marinig niya ang nahihintakutang hiyaw na, "Iligtas 'nyo siya! Iligtas 'nyo siya!" Isang batang babae ang nahulog sa mapanganib na alimpuyo sa tubig. Walang tao sa pampang na marunong lumangoy para iligtas siya.

Noon dumating si Tommy at nakita niyang lumubog ang ulo ng bata sa tubig. Iniunat ni Tommy ang kanyang kamay, sinunggaban ang bata sa buhok nito, at saka ito isinakay sa gilid ng interior ng gulong. Pagkatapos ay kumampay-kampay si Tommy papunta sa pampang. Una'y niyapos ng pamilya ang bata, pinaghahagkan ito habang umiiyak. Pagkatapos ay sinimulan nilang yakapin at hagkan si Tommy. Nahiya siya sa pagpansin sa kanya ng lahat, at agad siyang bumalik sa kanyang interior ng gulong.

Habang patuloy na nagpapalutang-lutang si Tommy sa ilog, napakasaya ng kanyang pakiramdam. Natanto niya na nakapagligtas siya ng buhay. Narinig ng Ama sa Langit ang sigaw na, "Iligtas 'nyo siya! Iligtas 'nyo siya!" Ginawa Niyang posible na magpalutang-lutang si Tommy malapit doon sa mismong oras na kailangan siya. Sa araw na iyon nalaman ni Tommy na ang pinakamasayang pakiramdam ay ang matanto na kilala ng ating Diyos Ama sa Langit ang bawat isa sa atin at hinahayaan tayong matulungan Siya na iligtas ang iba. ■

PAGLALARAWAN NI JENNIFER TOLMAN; MGA PAGLALARAWAN SA INSET NI HOLLIE HIBBERT



## Gawin ang Iyong Tungkulin

Noong si Tommy ay 11 taong gulang, nagkaroon siya ng natatanging tungkuling tulungan ang kanyang mga kaklase na tumawid ng kalye. Tingnan ang larawan sa ibaba. Makakakita ba kayo ng dalawang bagay na ginamit ni Tommy para magampanan niya ang kanyang tungkulin?



## Safety Circle

Nang matutong lumangoy si Tommy sa Provo River, pinaligiran siya ng kanyang pamilya para kung kailanganin niya ng tulong, may taong laging malapit sa kanya. Maaari kayong tumulad kay Tommy at maglaro ng Safety Circle game.


**Kailangan Ninyo ng:**

Apat o mahigit pang manlalaro
Isang maluwang na lugar

**Paano Laruin:**

Tumayo nang pabilog at maghawakan ng kamay. Tumayo ang isang manlalaro sa gitna ng bilog. Piringan ang manlalarong nasa gitna at dahan-dahan siyang palakarin nang paikot sa iba't ibang direksyon—saanman niya gustong pumunta. Kailangang maghawakan ng kamay ang mga manlalarong nasa bilog, pero sikaping huwag mahawakan ng manlalarong nasa gitna. Maghalinhinan sa pagtayo sa gitna.






### MGA SALITA MULA KAY PANGULONG MONSON

"Tunay na walang katapusan ang ating mga oportunidad na ibigay ang ating sarili sa paglilingkod. . . . May mga pusong pasasayahin. May mabubuting salitang sasambitin. May mga regalong ibibigay. May mga gawaing isasakatuparan. May mga kaluluwang ililigtas."

**Mula sa "First Presidency Christmas Devotional," *Ensign*, Peb. 2001, 73.**

# Ang mga Pamilya ay Bahagi ng Plano ng Ama sa Langit



Magagamit ninyo ang aralin at aktibidad na ito para matutuhan pa ang iba tungkol sa tema ng Primary sa buwang ito.

Ikinuwento sa Aklat ni Mormon ang tungkol sa isang masamang lalaking nagngangalang Amalikeo. Gusto niyang wasakin ang Simbahan at maghari sa mga Nephita.

Si Kapitan Moroni ay isang malakas at matwid na pinuno ng mga hukbo ng mga Nephita. Gusto ni Kapitan Moroni na ipaalala sa mga tao kung gaano kahalagang ipagtanggol ang kanilang pamilya at pananampalataya. Pinunit niya ang kanyang bata at ginawa itong isang watawat, o bandila. Isinulat niya roon ang mga salitang ito:

"Sa alaala ng ating Diyos, ating relihiyon, at kalayaan, at ating kapayapaan, ating mga asawa, at ating mga anak."

Tinawag niya ang kanyang bandila na "bandila ng kalayaan," at ikinabit ito sa dulo ng isang mahabang kahoy. Pagkatapos ay lumuhod siya at nagdasal na manatiling malaya ang mga tao para masamba pa nila ang Diyos at matanggap ang Kanyang mga pagpapala. (Tingnan sa Alma 46:3–18.)


Ngayon ay mayroon tayong isang bagay na magpapaalala sa atin kung gaano kahalaga ang ating pamilya at pananampalataya. Ito ay "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo." Narito ang ilan sa mga salita roon:

"Ang mag-anak ang sentro ng plano ng Tagapaglikha para sa walang hanggang tadhana ng Kanyang mga anak. . . . Ang mag-anak ay inorden ng Diyos." ■

## Mga Ideya na Pag-uusapan ng Pamilya

Kasama ang inyong pamilya, maaari ninyong basahin ang "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo." Mapag-uusapan din ninyo ang ilang paraan para tulung-tulong ninyong mapatatag ang inyong pamilya. Pagkatapos ay makakapili kayo ng isa sa mga paraang iyon at maipaplano ninyo kung paano iyon gagawin.






KALIWA: PAGLALARAWAN NI BRANDON DORMAN; KANAN: PAGLALARAWAN NI RACHEL HOFFMAN-BAYLES

## Awit at Banal na Kasulatan

- "Mag-anak ay Magsasamang Walang Hanggan," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 98
- Alma 46:3–18

## Aktibidad na Paggawa ng Bandila ng Pamilya

Gumamit ng isang pirasong papel o tela para gawing bandila na kumakatawan sa pamilya ninyo. Gumamit ng mga marker o krayola para idrowing ang mga bagay na mahalaga sa pamilya ninyo. Magdagdag ng isang sipi o kasabihan na nagpapahayag kung ano ang pakiramdam ng mga miyembro ng inyong pamilya tungkol sa kanilang pananampalataya kay Jesucristo at sa Ama sa Langit o tungkol sa mga pagpapala ng pagiging isang pamilya.

# Mga Hamon sa Missouri

Ni Jennifer Maddy

*Samahan ninyo kaming maglibot sa isang mahalagang lugar sa kasaysayan ng Simbahan!*

Para kay Joseph Smith matagal at mahirap ang paglalakbay mula Kirtland, Ohio, hanggang Independence, Missouri. Naglakbay siya sakay ng bagon, ng bangka, at ng karuwahe. Sa huling 250 milya (402 km), kinailangan niyang maglakad! Ngunit sinabihan na siya ng Panginoon na magpunta sa Missouri para itatag ang lungsod ng Sion, kaya sumunod si Joseph Smith.

Nagsimulang magdatingan ang iba pang mga miyembro ng Simbahan sa Missouri noong 1831. Nagbungkal sila ng lupa, nagtayo ng mga bahay, at nag-ani ng mga pananim.

Nang dumami nang dumami ang mga miyembrong lumilipat sa Independence, Missouri, naghinala at nagalit ang ilan sa mga taong naninirahan na roon. Nilusob ng mga mandurumog ang mga tahanan ng mga Banal at inutusan silang umalis. ■



***Ipinapakita ng displey na ito sa visitors' center sa Independence na abalang nagtatrabaho ang mga Banal sa kanilang tahanang yari sa troso.***









MGA LARAWANG KUHA NI JENNIFER MADDY; MGA PAGLALARAWAN NI PAUL MANN



*Nagtayo ng printing shop si William W. Phelps sa Independence, kung saan naglathala siya ng isang pahayagan. Naglimbag din siya ng mga pahina para sa Aklat ng mga Kautusan, na naglalaman ng ilan sa mga paghahayag ng Panginoon kay Propetang Joseph Smith. Nasa Doktrina at mga Tipan na ngayon ang mga paghahayag na ito.*



## LIBERTY JAIL

Noong taglamig ng 1838 dinakip si Joseph Smith at ang lima pang mga pinuno ng Simbahan dahil sa mga maling paratang at dinala sila sa Liberty Jail. Madilim, marumi, at napakalamig ng bilangguan, at walang makapal na kumot o maayos na pagkain ang mga bilanggo. Makakapal ang dingding na bato ng Liberty Jail. Ang silid sa itaas ay para sa bantay at sa pamilya nito, at ang silid sa ibaba—ang "piitan"—ay para sa mga bilanggo. Isang maliit na pinto lamang ang madaraanan papasok at palabas ng unang palapag.


Habang nasa piitan ang Propeta, sinabi sa kanya ng Panginoon, "Huwag katakutan ang nagagawa ng tao, sapagkat ang Diyos ay kasama mo magpakailanman at walang katapusan" (D at T 122:9).

Itinayong muli ng Simbahan ang ilang bahagi ng piitan mula sa ilang orihinal at ilang bato na binuong muli at pagkatapos ay nagtayo ng visitors' center sa paligid nito. Ngayon ay maraming bisitang nagpupunta upang makita ang lugar kung saan tumanggap ang isang propeta ng Diyos ng nakapapanatag na mga paghahayag habang nakapiit siya.

# ANG ATING PAHINA



***Gustong maglingkod ni Ricardo O., edad 3, taga-Mexico. Tuwing Sabado, kasama ang bunsong kapatid na babae na si Olea, tinutulungan niya ang kanyang mga magulang sa pagwawalis sa gusali kung saan nagdaraos ng sacrament meeting ang kanilang branch. Naglilingkod siya nang nakangiti—hindi lamang sa simbahan kundi pati sa tahanan.***



***Natutuhan ng mga bata ng Junction Branch Primary, Mandeville District, Jamaica, West Indies, ang tungkol sa Tagapagligtas at sinisikap nilang sundan ang Kanyang halimbawa sa pamamagitan ng pagpapabinyag at paghahandang magpunta sa templo.***




**Loi P., edad 7, Cambodia**




**Nguyen L., edad 7, Cambodia**



***Nagbigay ng mensahe si Maria C., edad 4, taga-Brazil, sa sacrament meeting kung saan pinahanga niya ang lahat nang bigkasin niya ang 13 Saligan ng Pananampalataya nang walang nakakaligtaang salita. Sinabi ng Primary president ni Maria na taimtim manalangin si Maria, at nagpapatotoo siya tungkol kay Jesucristo.***





Gusto kong magsimba at dumalo sa klase namin sa Primary. Natututo akong magbasa, at gustung-gusto ko ang mga kuwento sa Aklat ni Mormon. Gusto naming magkapatid na tulungan ang nanay namin. Gustung-gusto naming basahin ang bahaging pambata ng *Liahona.* Ipinagdarasal namin sina Pangulong Monson at Sister Monson.
**Alison A., edad 6, at Juana A., edad 3, Argentina**



***Si Renato at ang kanyang pamilya sa kanyang binyag***

Isang araw bumisita ang Primary namin sa São Paulo Brazil Temple. Ang mga hardin doon ay mas maganda kaysa lahat ng nakita ko na. Nalaman namin na sa pamamagitan ng mga tipan na ginagawa natin sa templo, maaari nating makapiling ang ating pamilya magpasawalang-hanggan. Nagsalita sa amin ang pangulo ng templo sa waiting room, kung saan nakakita kami ng magagandang painting. Napakasarap at napakasaya ng pakiramdam ko, at sinabi sa akin ng nanay ko na Espiritu Santo iyon na nagpapatotoo sa akin na ang natutuhan ko ay totoo. Nagkaroon ako ng patotoo na ang templo ay bahay ng Panginoon.
**Renato B., edad 8, Brazil**





Napakaganda ng labas ng templo—maraming bulaklak doon. Pero nang ibuklod ako sa aking pamilya, nakita ko na mas maganda pa pala ang loob nito.
**Nicolas M., edad 5, Colombia**

NATATANGING SAKSI


MGA BATA

# Bakit napakahalaga ng family history?



**Ni Elder David A. Bednar**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

*Ang mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol ay mga natatanging saksi ni Jesucristo.*



Ipinahayag ni Propetang Joseph Smith na ang ating "pinakamalaking responsibilidad sa mundong ito . . . ay ang saliksikin at kilalanin ang ating mga patay."[1]

Ang family history ay isang mahalagang bahagi ng gawain para sa kaligtasan at kadakilaan.

May responsibilidad tayo sa tipan na saliksikin ang ating mga ninuno at ilaan sa kanila ang nakapagliligtas na mga ordenansa ng ebanghelyo.

Inaanyayahan ko ang mga kabataan ng Simbahan na matutuhan at maranasan ang Diwa ni Elijah.[2]

Hinihikayat ko kayong mag-aral, na saliksikin ang inyong mga ninuno, at ihanda ang inyong sarili na magpabinyag sa templo para sa inyong mga namatay na kaanak.

Sa pagtugon ninyo nang may pananampalataya sa paanyayang ito, ang inyong puso ay babaling sa mga ama.

Ang pagmamahal at pasasalamat ninyo sa inyong mga ninuno ay mag-iibayo.

Kayo ay pangangalagaan sa inyong kabataan at sa habambuhay.


Ang inyong patotoo at pananalig sa Tagapagligtas ay lalalim at mananatili. ■

*Hango sa "Ang mga Puso ng mga Anak ay Magbabalik-loob,"* Liahona, *Nob. 2011, 24–27.*

**MGA TALA**

1. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 557.
2. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 2:1–2.

PAGLALARAWAN NI ADAM KOFORD



# Ang Alpombrang May Kuwento

*Sino ang mag-aakala na maraming kuwento ang mababalot sa isang alpombra?*

**Ni Kay Timpson**

Batay sa tunay na buhay

*"Mga ninuno'y ating hahanapin, Ngalan nila'y aalalahanin" ("Katotohanan mula kay Elijah,"* Aklat ng mga Awit Pambata, *146–47).*

Paluksu-lukso si Katy sa bangketa papunta sa malaking puno ng oak sa kanto ng kalye nila. Madaling makita ang bahay ni Lola dahil sa matandang puno.

Tulad ng dati, nakaupo si Lola sa kanyang sala, at tahimik na nagtitirintas at nananahi ng mahahabang piraso ng matingkad na tela. Ang makintab na sahig na kahoy ng bahay ni Lola ay may dekorasyong magagandang alpombra na ginawa mismo ni Lola.

"Hello, honey," sabi ni Lola pagpasok ni Katy. Hindi nagtagal pinag-uusapan na nila ang tinatawag ni Lola na "aming kapanahunan." Sabay nilang tiningnan ang mga retratong black-and-white. Gustong makita ni Katy lalo na ang mga damit at estilo ng buhok ng kanyang mga kamag-anak noong kabataan nila.

"Ibang-iba ang panahon noon," sabi ni Lola na napabuntung-hininga. "Alam mo, wala kaming mga kotse o TV o cell phone."

Ni hindi maubos-maisip ni Katy na maglalakad lang saan man pumunta. "Ano po ang mga libangan ninyo noon, Lola?" tanong ni Katy.

"Gustung-gusto naming magkantahan. Pumapalibot kami sa piyano sa gabi at kumakanta ng mga paborito naming awitin. Kung minsan kumakanta kami hanggang sa mapaos kami! Napakasaya niyon."

Sumulyap si Lola sa bakuran na para bang kaya niyang ibalik ang panahon at pagmasdang muli ang mga iyon.

Naupo si Katy sa tabi ng nakabalumbon na alpombra na nakalaglag mula sa kandungan ni Lola. Sinundan niya ng kanyang mga daliri ang maliliit na tahi.

"Naisip ko lang," marahang sabi ni Lola, "gusto mo bang gumawa ng alpombra na ikaw mismo ang nagtirintas?"

Napalukso at napapalakpak si Katy.

"Gusto ko po, Lola! Puwede pong ngayon na?"

Napahagikgik si Lola. "Aba, may kailangan ka munang gawin. Umuwi ka at magtipon ng mga lumang damit na magugupit natin nang pira-piraso."

Kumislap ang mga mata ni Lola at bumulong kay Katy na para bang mayroon silang sikreto.

"Iyan ang dahilan kaya espesyal ang alpombra. Dahil gawa iyon sa mga damit, maikukuwento ng alpombra ang buhay mo. Bawat tirintas ay parang kabanata sa isang aklat tungkol sa iyo. Habang tinitingnan mo ang tela ng isang lumang damit ay maaalala mo ang mga lugar kung saan mo ito isinuot at ano ang ginawa mo habang suot ito."

Nanlaki ang mga mata ni Katy. Itinuro niya ang alpombrang itinitirintas ni Lola.

"Naaalala po ba ninyo ang lahat ng tungkol sa telang ginamit sa alpombrang ito?"

Ngumiti si Lola. "Oo naman! Ang pulang pirasong ito ay nagmula sa damit na suot ko nang ipanganak ka. Naaalala ko na idiniin ko ang ilong ko sa bintanang salamin sa nursery para makita kita nang malapitan. Kulay rosas at kulubot pa ang balat mo."

Nagtawanan sina Katy at Lola habang patuloy na nagsasalaysay si Lola kay Katy ng mga kuwento mula sa alpombra. Pag-uwing-pag-uwi ni Katy nang gabing iyon, nagtabi sila ni Inay ng mga lumang damit na magagamit ni Katy.

Kinabukasan, dinala ni Katy ang tela sa bahay ni Lola. Ipinakita ni Lola kay Katy kung paano gupitin ang tela sa mahahabang piraso, itirintas ang mga ito, at sama-samang tahiin ang mga tirintas.

Araw-araw pagkatapos ng klase, nagpupunta si Katy sa bahay ni Lola para gawin ang alpombra.

Unti-unting lumaki ang alpombra. Sa paglipas ng mga araw, nalaman at naisapuso ni Katy ang marami sa mga kuwento ni Lola. May mga araw na siya ang maraming ikinukuwento kay Lola.

Isang araw, matapos idagdag ang asul na bahagi sa alpombra na dati-rati'y paborito niyang maong, hinaplus-haplos ni Katy ang makukulay na tirintas.

"Hindi pa ba tapos ang alpombrang iyan?" tanong ni Lola, na tumingala mula sa kanyang ginagawa.

"Hindi pa po," sabi ni Katy na nakangiti. Ayaw niyang matapos ang oras na ito na kasama si Lola. ■

PAGLALARAWAN NI G. BJORN THORKELSON

# PAGPAPALITAN NG MGA KUWENTO NG PAMILYA

Ang makulay na alpombra ni Lola ay nakatulong sa pagkukuwento niya kay Katy (tingnan sa mga pahina 66–67). Narito ang isang larong makatutulong para makapagkuwentuhan ang mga miyembro ng inyong pamilya!

**Kailangan ninyo ng:**

- Ilang maliliit na bagay na solido ang kulay. Sikaping makahanap ng kahit anim man lang na magkakaibang kulay. Maaari kayong gumamit ng mga butones, kinulayang mga bato, o makukulay na kendi.
- Isang bag na paglalagyan ng mga ito.

**Paraan ng paggawa:**

1. Punan ang chart sa ilalim ng pahinang ito sa pamamagitan ng pagsulat ng kulay ng isang bagay sa bawat prompt o gagawin.
2. Paupuin nang pabilog ang mga miyembro ng pamilya. Ipasok sa bag ang maliliit na bagay.
3. Ipasa ang bag nang paikot sa bilog. Maghalinhinan ang lahat sa pagbunot ng isang bagay at pagsunod sa gagawin na tugma sa kulay ng bagay na pinili nila. Magpatuloy hanggang sa maubos ang pagpipilian.



## TSART NG PAGPAPALITAN NG MGA KUWENTO NG PAMILYA

Naaalala mo ba ang iba't ibang kuwentong ibinahagi ng mga tao para sa bawat kulay?

| Kulay: | Gagawin: |
|---|---|
| | Magkuwento ka tungkol sa pinakamatalik mong kaibigan. |
| | Kailan mo kinailangang maging matapang? |
| | Magkuwento ka tungkol sa isang kakulitan o nakakahiyang bagay na ginawa mo. |
| | Ano ang paborito mong kuwento sa banal na kasulatan? Bakit? |
| | Magkuwento ka tungkol sa isang school project na masayang gawin. |
| | Kung maaari kang maging hayop, anong hayop ang gusto mo at bakit? |
| | |
| | |

# Hi, Ako si Erika
## na taga-El Salvador

Ang pangalan ko ay Erika Z., at nakatira ako sa lungsod ng San Salvador sa El Salvador, at gustung-gusto kong maghanda ng mga pangalan para sa mga ordenansa sa templo.



Itinanong ng mga Relief Society sister sa branch namin kung gusto kong matutong mag-index ng mga pangalan gamit ang FamilySearch program. Gusto kong tumulong. Gusto rin ng nanay ko na tumulong ako, kaya sabay naming pinag-aralan kung paano mag-index.

Nang magsimula ako, isang buong araw kong na-index ang siyam na pangalan. Pero ngayon matapos magsikap at magpraktis, kaya ko nang mag-index ng 300 pangalan sa isang araw.

Matapos gawin ang homework ko, nag-iindex ako ng mga pangalan. Para sa akin, ang pag-iindex ay kasingsaya ng paglalaro o panonood ng TV. Pero alam ko na mas dakila ang layunin nito.





Alam ko na biniyayaan ako ng Ama sa Langit ng pagkakataong tumulong sa paghahanda ng mga pangalan para sa mga ordenansa sa templo para sa mahigit 2,000 ninunong Salvadorian na nasa daigdig ng mga espiritu.

MGA LARAWAN NI ERIKA AT NG RELIEF SOCIETY SA KAGANDAHANG-LOOB NG PAMILYA NI ERIKA, LARAWAN NG SAN SALVADOR EL SALVADOR TEMPLE NA KUHA NI MATTHEW REIER © IRI

PARA SA MALILIIT NA BATA

# Tinawag ni Jesus ang Kanyang mga Disipulo


**Ni Margo Mae**

*Mula sa Lucas 5:1–11.*



Sina Simon at Andres ay magkapatid na mangingisda. Isang gabi, magdamag na nangisda sina Simon at Andres pero wala silang mahuli.

Nakasakay si Jesus sa bangka ni Simon. Sinabi niya sa magkapatid na minsan pang ihagis ang kanilang mga lambat sa dagat. Nang iangat nila ang kanilang mga lambat, puno ng isda ang mga ito!




MGA PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT




Tinawag nina Simon at Andres ang mga kaibigan nilang sina Santiago at Juan para tulungan silang ilipat ang laman ng kanilang mga lambat sa kanilang bangka. Napakaraming isda kaya napuno nila ang dalawang bangka! Sinabi ni Jesus sa mga lalaki na kung susunod sila sa Kanya, manghuhuli sila ng isang bagay na mas mainam kaysa mga isda. Magiging mga mamamalakaya sila ng mga tao.

Iniwan nina Simon, Andres, Santiago, at Juan ang lahat, pati na ang kanilang mga bangka. Naging mga disipulo sila ni Jesus. Sumunod sila kay Jesus at tinulungan Siyang ipangaral ang ebanghelyo sa lahat ng tao.



Tulad ng mangingisda na may dalang mga isda sa lambat, makapagdadala tayo ng mga tao sa ebanghelyo sa pagiging mabuting halimbawa at pagtuturo sa kanila tungkol kay Jesus. Maaari din tayong maging mga mamamalakaya ng mga tao! ■





PAGLALARAWAN NI JARED BECKSTRAND

**TINAWAG NI JESUS ANG KANYANG MGA DISIPULO**

*"At sinabi ni Jesus kay Simon, Huwag kang matakot; mula ngayon ay mamamalakaya ka ng mga tao. "At . . . iniwan nila ang lahat, at nagsisunod sa kaniya" (Lucas 5:10–11).*

# MGA BALITA SA SIMBAHAN

*Bisitahin ang news.lds.org para sa iba pang mga balita at kaganapan sa Simbahan.*

## Mga Bagong Mission President na Tinawag na Maglingkod

Tinawag ng Simbahan ang sumusunod na mga bagong mission president, na magsisimulang maglingkod sa kanilang itinalagang lugar sa buwang ito.

| MISSION | BAGONG PRESIDENT |
|---|---|
| **Alabama Birmingham** | Richard D. Hanks |
| **Angola Luanda** | Danny L. Merrill |
| **Argentina Buenos Aires North** | David S. Ayre |
| **Argentina Buenos Aires South** | Larry L. Thurgood |
| **Argentina Comodoro Rivadavia** | Mark F. Rogers |
| **Argentina Córdoba** | Rubén V. Alliaud |
| **Argentina Posadas** | Lee R. LaPierre |
| **Arizona Gilbert** | K. Brett Nattress |
| **Arizona Mesa** | Kirk L. Jenkins |
| **Arizona Scottsdale** | Karl R. Sweeney |
| **Arizona Tempe** | James L. Toone |
| **Armenia Yerevan** | J. Steven Carlson |
| **Australia Brisbane** | Lon E. Henderson |
| **Australia Melbourne** | Cory H. Maxwell |
| **Australia Sydney South** | Philip F. Howes |
| **Australia Sydney South** | Larry J. Lew |
| **Bolivia La Paz** | Julián A. Palacio |
| **Bolivia Santa Cruz** | Jason A. Willard |
| **Bolivia Santa Cruz North** | Richard C. Zambrano |
| **Botswana Gaborone** | Merrill A. Wilson |
| **Brazil Curitiba** | Anderson M. Monteiro |
| **Brazil Curitiba South** | Leonel R. Fernandes |
| **Brazil Fortaleza East** | Carlos Fusco |
| **Brazil Goiânia** | David Kuceki |
| **Brazil João Pessoa** | Izaias P. Nogueira |
| **Brazil Juiz de Fora** | Luciano Cascardi |
| **Brazil Londrina** | C. Alberto de Genaro |
| **Brazil Natal** | Saulo Soares |

| MISSION | BAGONG PRESIDENT |
|---|---|
| **Brazil Piracicaba** | Kennedy F. Canuto |
| **Brazil Ribeirão Preto** | Mauro T. Brum |
| **Brazil Santa Maria** | Adalton P. Parrela |
| **Brazil Santos** | Celso B. Cabral |
| **Brazil São Paulo West** | José Luiz Del Guerso |
| **California Bakersfield** | James M. Wilson |
| **California Carlsbad** | Hal C. Kendrick |
| **California Irvine** | Von D. Orgill |
| **California Long Beach** | Ryan M. Tew |
| **California Los Angeles** | David N. Weidman |
| **California Rancho Cucamonga** | Bruce E. Hobbs |
| **California Redlands** | Daniel J. Van Cott |
| **Canada Edmonton** | Larry G. Manion |
| **Canada Montréal** | Victor P. Patrick |
| **Chile Antofagasta** | Craig L. Dalton |
| **Chile Concepción** | Kent J. Arrington |
| **Chile Rancagua** | Thomas R. Warne |
| **Chile Santiago North** | David L. Cook |
| **Chile Santiago West** | José A. Barreiros |
| **Colombia Barranquilla** | Kent R. Searle |
| **Colorado Denver South** | J Blake Murdock |
| **Colorado Fort Collins** | Kelly W. Brown |
| **Czech/Slovak** | James W. McConkie III |
| **Democratic Republic of the Congo Kinshasa** | W. Bryce Cook |
| **Ecuador Guayaquil South** | Maxsimo C. Torres |
| **Ecuador Guayaquil West** | Jorge Dennis |
| **Ecuador Quito North** | Brian A. Richardson |
| **El Salvador San Salvador East** | David L. Glazier |
| **El Salvador San Salvador West/Belize** | Kai D. Hintze |
| **England Leeds** | Graham Pilkington |
| **Florida Jacksonville** | Paul W. Craig |
| **Florida Orlando** | Michael J. Berry |
| **Florida Tallahassee** | Bradley J. Smith |
| **Florida Tampa** | Mark D. Cusick |
| **Georgia Macon** | Brent T. Cottle |

| MISSION | BAGONG PRESIDENT |
|---|---|
| **Ghana Accra West** | Norman C. Hill |
| **Guatemala Cobán** | John F. Curtiss |
| **Guatemala Retalhuleu** | Johnny F. Ruiz |
| **Hawaii Honolulu** | Stephen R. Warner |
| **Honduras San Pedro Sula East** | Norman S. Klein |
| **Honduras San Pedro Sula West** | James M. Dester |
| **Idaho Boise** | John Winder |
| **Idaho Nampa** | Stuart B. Cannon |
| **Idaho Twin Falls** | Glen R. Curtis |
| **Illinois Chicago** | Paul S. Woodbury |
| **Illinois Chicago West** | Jerry D. Fenn |
| **India Bangalore** | David M. Berrett |
| **Indiana Indianapolis** | Steven C. Cleveland |
| **Indonesia Jakarta** | Christopher L. Donald |
| **Iowa Des Moines** | John R. Jensen |
| **Italy Milan** | Bruce L. Dibb |
| **Italy Rome** | Michael Waddoups |
| **Jamaica Kingston** | Kevin G. Brown |
| **Japan Nagoya** | Kazuhiko Yamashita |
| **Japan Tokyo South** | Takashi Wada |
| **Kansas Wichita** | Michael L. Bell |
| **Kenya Nairobi** | Gary C. Hicken |
| **Korea Daejeon** | Yong-In S. Shin |
| **Korea Seoul South** | Marshall R. Morrise |
| **Liberia Monrovia** | Roger L. Kirkham |
| **Marshall Islands Majuro** | Thomas L. Weir |
| **Mexico Aguascalientes** | Juan Villarreal |
| **Mexico Cancún** | Dale B. Kirkham Jr. |
| **Mexico Chihuahua** | Ulises Chávez |
| **Mexico Ciudad Juarez** | Rodolfo Derbez |
| **Mexico Ciudad Obregón** | Mauricio Munive |
| **Mexico Culiacán** | Jesús Velez |
| **Mexico Mérida** | Sergio A. Garcia |
| **Mexico Mexico City Chalco** | Jerald D. Crickmore |
| **Mexico Mexico City East** | Sergio M. Anaya |
| **Mexico Mexico City Northwest** | Brad H. Hall |
| **Mexico Mexico City West** | George F. Whitehead |

| MISSION | BAGONG PRESIDENT |
|---|---|
| **Mexico Monterrey East** | Larry C. Bird |
| **Mexico Pachuca** | Andrew E. Egbert |
| **Mexico Querétaro** | Javier L. Mejorada |
| **Mexico Reynosa** | Abelardo Morales |
| **Mexico Saltillo** | L. Fernando Rodriguez |
| **Mexico Villahermosa** | Israel G. Morales |
| **Michigan Detroit** | Nolan D. Gerber |
| **Missouri St. Louis** | Thomas W. Morgan |
| **Mongolia Ulaanbaatar** | Joseph P. Benson |
| **Nevada Las Vegas West** | Michael B. Ahlander |
| **New Hampshire Manchester** | Philip M. Stoker |
| **New Mexico Albuquerque** | Steven J. Miller |
| **New York Rochester** | Arthur R. Francis |
| **New Zealand Hamilton** | Charles A. Rudd |
| **Nicaragua Managua North** | Monsop Collado |
| **Nicaragua Managua South** | Bryan G. Russell |
| **Nigeria Benin City** | Akingbade A. Ojo |
| **Nigeria Enugu** | Freebody A. Mensah |
| **Nigeria Lagos** | Richard K. Ahadjie |
| **Ohio Cincinnati** | John P. Porter |
| **Oklahoma Oklahoma City** | Stewart R. Walkenhorst |
| **Oregon Salem** | Michael R. Samuelian |
| **Panama Panama City** | Curtis Carmack |
| **Papua New Guinea Lae** | Mark P. Peteru |
| **Paraguay Asunción North** | Garn H. McMullin |
| **Pennsylvania Philadelphia** | T. Gary Anderson |
| **Peru Arequipa** | Richard Zobrist |
| **Peru Cusco** | Robert C. Harbertson |
| **Peru Huancayo** | David Y. Henderson |
| **Peru Iquitos** | Alejandro Gómez |
| **Peru Lima North** | John R. Erickson |
| **Peru Lima West** | Blake D. Archibald |
| **Peru Trujillo** | D. Kurt Marler |
| **Philippines Baguio** | Anthony John Balledos |
| **Philippines Butuan** | Pastor B. Torres |
| **Philippines Cagayan de Oro** | Alberto C. Bulseco |
| **Philippines Cauayan** | George R. Rahlf |

| MISSION | BAGONG PRESIDENT |
|---|---|
| **Philippines Cavite** | Douglas C. Tye |
| **Philippines Cebu East** | Richard L. Tanner |
| **Philippines Iloilo** | Jaime R. Aquino |
| **Philippines Legaspi** | Jovencio A. Guanzon |
| **Philippines Naga** | L. Barry Reeder |
| **Philippines Quezon City** | Carlos Revillo |
| **Philippines Urdaneta** | William J. Monahan |
| **Poland Warsaw** | Steven C. Edgren |
| **Puerto Rico San Juan** | P. Knox Smartt III |
| **Russia Moscow** | Garry E. Borders |
| **Russia Samara** | Michael L. Schwab |
| **Russia Yekaterinburg** | Val J. Christensen |
| **Sierra Leone Freetown** | David B. Ostler |
| **South Africa Durban** | John A. Zackrison |
| **Taiwan Taichung** | Kurt L. Blickenstaff |
| **Texas Fort Worth** | Rodney A. Ames |
| **Texas McAllen** | Fernando Maluenda |
| **Texas San Antonio** | James E. Slaughter |
| **Tonga Nuku'alofa** | Leitoni M. Tupou |
| **Uganda Kampala** | Robert F. Chatfield |
| **Ukraine L'viv** | Daniel E. Lattin |
| **Uruguay Montevideo West** | Thomas A. Smith |
| **Utah Salt Lake City** | Stephen W. Hansen |
| **Utah Salt Lake City East** | John C. Eberhardt |
| **Utah Salt Lake City South** | Robert E. Chambers |
| **Utah St. George** | John R. Center |
| **Venezuela Valencia** | Guillermo I. Guardia |
| **Virginia Chesapeake** | Alan J. Baker |
| **Virginia Richmond** | E. Bradley Wilson |
| **Washington DC North** | Peter S. Cooke |
| **Washington Everett** | Mark Bonham |
| **Washington Federal Way** | Robert I. Eaton |
| **Washington Kennewick** | Boyd S. Ware |
| **Washington Seattle** | Yoon Hwan Choi |
| **Washington Vancouver** | Derlin C. Taylor |
| **Wisconsin Milwaukee** | Raymond A. Cutler |
| **Zambia Lusaka** | Leif J. Erickson |

# Nagsalita si Elder Cook sa mga Miyembro at Investigator sa Ivory Coast

**Ni R. Scott Lloyd**
*Mga Balita sa Simbahan*

Si Elder Quentin L. Cook ng Korum ng Labindalawang Apostol ay naglakbay papuntang Abidjan, Cote d'Ivoire (Ivory Coast), noong Pebrero 2013. Sa pagbisita niya, nangulo siya sa isang priesthood leadership conference, nagdaos ng espesyal na pulong kasama ang mga miyembro at investigator, at bumisita sa mga pangunahing opisyal ng pamahalaan.

Si Elder Cook ay sinamahan nina Elder L. Whitney Clayton ng Panguluhan ng Pitumpu; Elder John B. Dickson ng Pitumpu, Pangulo ng Africa West Area; at Elder Joseph W. Sitati ng Pitumpu, Unang Tagapayo sa Africa West Area Presidency, sa paglalakbay.

Ang kabuuang bilang ng mga dumalo sa priesthood leadership conference at sa pulong ng mga miyembro at investigator ay 9,693, kasama na ang 619 investigator. Maraming miyembrong nagsakripisyo nang malaki para makadalo. Sinabi ni Virginie Oulai Tongo ng Meagui Branch, Cote d'Ivoire Abidjan Mission, na nag-ipon ng pera ang kanyang pamilya para makapunta at makita ang isang Apostol. "Naglakbay kami nang 12 oras, pero masaya ako," wika niya.

Maraming dumalo sa kumperensya ang nag-ulat tungkol sa Espiritung lubos na umantig sa kanila. Sabi ni Bishop Leon Kouadio ng Dokui Ward, Cocody Stake, "Alam ko na kapiling namin ang isang marangal na lingkod ng ating Tagapagligtas."

Ang mga miyembro ng Simbahan sa Cote d'Ivoire ay naging limang stake at isang district na ngayon mula sa dating isang pamilya noong 1984.

Nitong mga nakaraang taon ang katapatan ng mga Banal sa Ivory ay malinaw na nakita sa paggawa nila ng family history at gawain sa templo. Nakasama ang tatlo sa limang stake sa Cote d'Ivoire sa nangungunang 25 sa Simbahan sa porsiyento ng mga nasa hustong gulang na nagsumite ng mga pangalan para sa mga ordenansa sa templo noong 2012. Sa lahat ng stake sa Simbahan, ang

LARAWANG KUHA SA KAGANDAHANG-LOOB NG *CHURCH NEWS* © IRI



*Si Elder Quentin L. Cook ng Korum ng Labindalawang Apostol ay nagsalita sa libu-libong nagtipon sa Abidjan, Cote d'Ivoire, noong Pebrero.*

Cocody Stake ang may pinakamataas na porsiyento ng mga nasa hustong gulang na nagsumite ng mga pangalan, sa iba't ibang pagkakataon, para sa gawain sa templo.

Ginagawa rin ng mga kabataan ang kanilang bahagi. Ang porsiyento ng mga kabataang Ivorian na gumagawa ng indexing ay mahigit doble ng karaniwang bilang ng nag-iindex sa Simbahan, sa kabila ng katotohanan na halos wala sa kanila ang may sariling computer at Internet kundi nagpupunta pa sila sa isang stake family history center para gawin iyon.

Naituro sa mga miyembro na ang paggawa ng family history ay mahalagang bahagi ng pamumuhay ayon sa ebanghelyo. Sinisikap nilang ihanda ang mga pangalan ng kanilang mga kapamilya bago sila sumakay ng bus para sa mahabang biyahe papuntang Accra Ghana Temple—at karaniwan ay hindi lamang kakaunting pangalan ang dala nila, kundi marami.

Hinikayat nina Elder Cook at Elder Clayton ang mga Banal na sumulong sa apat na pangunahing bagay: palakasin ang kanilang pananampalataya sa Panginoong Jesucristo, patatagin ang kanilang pamilya, aktibong ibahagi ang ebanghelyo sa iba, at magpatuloy sa kamangha-mangha nilang mga pagsisikap na gumawa ng family history at gawain sa templo. ■

# Pagpanaw Kamakailan ni Frances J. Monson

"Nang una kong makita si Frances, nalaman ko na natagpuan ko na ang babaeng para sa akin," ang sabi ni Pangulong Thomas S. Monson tungkol sa kanilang pagliligawan.[1] Paulit-ulit na napatunayang tama ang kanyang nadamang iyon sa ipinakitang habambuhay na paglilingkod at pagsuporta ni Frances Beverly Johnson Monson sa kanyang asawa.

Si Sister Monson ay mapayapang pumanaw noong Mayo 17, 2013, sa edad na 85, dahil sa sakit na dala na rin ng katandaan.

Bagama't hindi niya gustong makatawag ng pansin, madalas na sinamahan ni Sister Monson si Pangulong Monson sa kanyang mga pagbisita sa matatanda at sa mga may karamdaman. Siya ang pinagkuhanan ng lakas ni Pangulong Monson nang tawagin itong bishop sa batang edad, at magkasama silang naglingkod nang panguluhan nito ang Canadian Mission mula 1959 hanggang 1962. Patuloy niyang sinuportahan ang kanyang pinakamamahal na si "Tommy" nang tawagin ito bilang General Authority at nang ito'y maglingkod sa Korum ng Labindalawang Apostol, sa Panguluhan, at bilang Pangulo ng Simbahan.

"Lubos niyang minahal ang aking ama at nakita niya ang mga talento at kaloob na ibinigay dito at masayang sinuportahan at tinulungang mapaunlad pa ang mga talento nito," sabi ni Ann Monson Dibb, kanilang anak.[2]

Isinilang noong Oktubre 27, 1927, si Frances ay anak nina Franz E. Johnson at Hildur Booth Johnson. Siya ay ikinasal kay Thomas S. Monson sa Salt Lake Temple noong Oktubre 7, 1948. Siya ay naglingkod sa Relief Society at Primary. Napakahusay niyang tumugtog ng piano, palabiro siya, at higit sa lahat gustung-gusto niya ang pagiging ina, lola, at lola sa tuhod.

Inilarawan ni Sister Dibb ang kanyang ina bilang "isang taong laging handang makinig at magsabi ng mga gagawin niya kung siya ang nasa gayong sitwasyon. . . . Ang kanyang halimbawa sa tuwina . . . ay napakalaking impluwensya sa aking buhay. Hindi niya pinag-alinlanganan ang kanyang pinaniwalaan, ang kanyang gagawin, at ang inasahan niyang gagawin ng iba. Ipinakita niya kung ano dapat ang isang Banal sa mga Huling Araw, bilang isang Kristiyano."[3]

"Ni minsan ay hindi ko nakitang nagreklamo si Frances sa mga responsibilidad ko sa Simbahan," sinabi ni Pangulong Monson. Inilarawan niya siya bilang "babaeng tahimik at may malalim at malakas na pananampalataya."[4] ■



© IRI

*Sina Pangulo at Sister Monson matapos ang isang sesyon ng pangkalahatang kumperensya noong Abril 2010.*

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Thomas S. Monson, "Lubos na Pinagpala," *Liahona,* Mayo 2008, 111.
2. Ann M. Dibb, sa "Frances J. Monson, Wife of President Thomas S. Monson, Passes Away" (Mayo 17, 2013), mormonnewsroom.org.
3. Ann M. Dibb, sa "Frances Monson: Through the Eyes of Daughter, Ann Monson Dibb" (Mormon Times video, May 12, 2013), ksl.com.
4. Thomas S. Monson, sinipi sa Jeffrey R. Holland, "Pangulong Thomas S. Monson: Sa Mga Yapak ng Maestro," suplemento sa *Liahona*, Hunyo 2008, 8.

LARAWANG KUHA SA KAGANDAHANG-LOOB NG CARIBBEAN AREA AT *CHURCH NEWS*



***Si Elder Neil L. Andersen (gitna) ng Korum ng Labindalawang Apostol ang nangulo sa pag-aalis ng tabing ng isang plake ng paggunita sa ika-30 anibersaryo ng Simbahan sa Haiti.***

## Ipinagdiwang ng Haiti ang Ika-30 Anibersaryo ng Simbahan

Tatlong dekada na ang nakararaan binisita ni Pangulong Thomas S. Monson—na noon ay miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol—ang Haiti at inilaan ang lupain para sa pangangaral ng ipinanumbalik na ebanghelyo.

Kamakailan ay binisita ni Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol ang Haiti para ipagdiwang ang anibersaryo. Si Elder Andersen ang nangulo sa pag-aalis ng tabing ng isang plake ng paggunita na magsisilbing permanenteng paalaala ng pagsisimula ng Simbahan sa Haiti. Pinanood ng mga miyembrong nagtipon para sa pag-aalis ng tabing ang isang mensahe ni Pangulong Monson sa telebisyon na inirekord bago sumapit ang kaganapan.

## Tumugon ang Simbahan sa Mahigit 100 Kalamidad Noong 2012

Taun-taon, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay naglalaan ng agarang tulong sa mga tao sa lahat ng dako ng mundo na naapektuhan ng kalamidad, digmaan, at taggutom. Noong 2012 ang Simbahan ay naglaan ng daan-daang libong libra ng pagkain, tubig, kasuotan, mga gamot, hygiene kit, at iba pang tulong sa mga biktima ng 104 kalamidad sa 52 bansa. Bukod dito, libu-libong miyembrong volunteer ang nagbigay ng mahigit 1.3 milyong oras ng paglilingkod.

Ang pinakamalaking tulong na naibigay ng Simbahan noong 2012 ay sa mga biktima ng Hurricane Sandy sa East Coast ng Estados Unidos. Bukod pa sa Sandy, ang pinakamalaking pagtugon ng Simbahan sa kalamidad noong 2012 ay nangyari sa Japan, sa Pilipinas, sa iba pang mga lugar ng Estados Unidos, at sa Syria.

## Magagamit Na ng Publiko ang FamilyTree

Ang FamilyTree, ang pinakahihintay na pagpapaganda sa FamilySearch.org Internet site ng Simbahan, ay inilunsad nang live sa publiko noong Marso 2013. Magagamit ito nang libre sa FamilySearch.org.

FamilyTree ang papalit sa New FamilySearch, na hanggang ngayon ay magagamit lamang kung may login at password ng pagiging miyembro ng Simbahan.

Ngayon ang ibang mga bibisita sa FamilySearch.org "ay makapagsisimula nang magbuo ng kanilang family tree online, simula sa kanilang sarili pabalik sa nakaraan nilang mga henerasyon," sabi ni Paul M. Nauta, FamilySearch marketing manager.

# KOMENTARYO

## Tinutulungan Ako Nitong Magsikap Pa

Gustung-gusto ko ang *Liahona!* Napakaganda ng pakiramdam ko kapag binabasa ko ito. Gusto kong dinadala ito sa eskwelahan at ibinibigay sa mga kaibigan ko. Ang mga artikulo ay tinutulungan akong magpakabuti, gumawa ng gawaing misyonero, at piliin ang tama. Kapag pinag-aaralan ko ang magasin, mas sinisikap kong magpakabuti sa bawat araw at sinisikap kong sundin pa si Jesucristo.

**Anastacia Naprasnikova, Ukraine**

## Espirituwal at Temporal na Kompas

Pinalalakas ng *Liahona* ang aking patotoo. Ito ay isang kompas —na espirituwal at temporal. Ang pagbabasa ng mga salita ng mga General Authority ay higit akong inilalapit kay Jesucristo. At bilang isang misyonero, ang pagbabasa ng mga patotoo ng maraming nabinyagang Banal ay pumapanatag sa akin at natutulungan akong maging epektibong manggagawa sa ubasan ng Panginoon.

**Elder Gomun, Benin Cotonou Mission**

## Pagwawasto

Nakasulat sa pahina 27 ng *Liahona* noong Pebrero na si Dima Ivanov ay nakatira sa Vladivostok, Russia, ngunit ang totoo ay nakatira siya sa Ulan-Ude, Russia.



# PAGLAKAD SA TRAIL OF HOPE—NANG MAGKASAMA

**Ni LaRene Porter Gaunt**
Mga Magasin ng Simbahan

Nagsisimula pa lamang ang tagsibol sa Nauvoo nang una kong lakarin ang Trail of Hope. Ginintuan ang liwanag at maalinsangan ang malilim na paglalakad ko sa daan na nahahanayan ng mga puno. Bilang photographer, nakatuon lang ako sa shutter speed, aperture, at sa nakamamanghang liwanag na pumuno sa aking lens.

Pagkatapos ay unti-unting napuspos ng mga alaala ang puso ko tungkol sa mga ninuno kong naglakad sa landas na ito. Una rito sina Jared at Cornelia kasama ang kanilang dalawang-taong-gulang na anak na lalaki. Nadama ko ang lamig ng hangin, ngunit hindi iyon maihahambing sa napakalamig na klima na naranasan ni Jared at ng kanyang munting pamilya nang maglakbay sila. Namatay si Cornelia sa isang lugar sa pagitan ng Nauvoo at Salt Lake. Parang nakinita kong umiiyak si Jared nang kargahin niya ang kanyang anak at nagpatuloy sa paglalakbay.

Takot na mawala ang nararamdaman kong presensya nila, hindi ako tumigil sa pagkuha ng retrato habang nanlalabo sa luha ang aking paningin. Pagkatapos ay naalala ko ang batang si Sarah, na umalis kasama ang kanyang mapagmahal na ina-inahan sa huling grupo ng mga Banal para lisanin ang Nauvoo. Minsan ay pinuno ng mapagmahal na Ama sa Langit ng mga pugo ang kanilang kampo para mapakain sila. Kasunod niyon ay humayo sila nang may pasasalamat sa kanilang puso.


Naantig nang lubos ang puso ko; pakiramdam ko ay kasama ko si Sarah. Kasama ko rin sina Jared at Cornelia pati na ang kanilang munting anak na lalaki. Magkakasama kaming naglakad sa gitna ng liwanag at lilim, habang nagsasanib ang nakaraan at kasalukuyan sa landas na ito—ang landas na ito ng pag-asa, ang landas na ito na puno ng mga luha. Sa isang paraang hindi ko maipaliwanag, kasama ko sila at pinukaw nila sa akin ang nagkakaisa naming pagmamahal sa ebanghelyo ni Jesucristo. Natanto ko na nag-aalab sa kalooban ko ang aking patotoo dahil nag-alab iyon sa kanila—na ipinasa sa bawat henerasyon—na bawat isa ay naglalatag ng pundasyon para sa kasunod na henerasyon. Napaiyak ako sa pasasalamat.

*Noong Pebrero 1846 pinalayas ang mga pioneer na Banal sa mga Huling Araw sa Nauvoo. Puno ng pag-asa na makatatagpo sila ng kapayapaan sa Sion, naglakad sila sa Parley Street—na tinatawag ngayong Trail of Hope—at tumawid sa Mississippi River.*

Di-nagtagal naabutan ako ng aking asawa, na kanina pa kumukuha ng mga retrato sa ibang lugar. Nakatayo ako malapit sa kanya nang ikuwento ko sa kanya ang aking karanasan. Tulad ng mga Banal na iyon ng Nauvoo, siya ang una sa kanyang pamilya na naniwala sa ebanghelyo. At tulad nila na naglakad sa landas na ito mahigit 150 taon na ang nakararaan, hindi siya ang huling maniniwala. Pinalakas ng aming patotoo ang mga patotoong nag-aalab ngayon sa puso ng aming mga anak, tulad ng mga patotoo nina Jared at Cornelia at Sarah na nagpalakas sa patotoo ng libu-libo sa kanilang mga inapo.

Kinalimutan naming mag-asawa ang pagkuha ng retrato, at dahan-dahan naming nilakad nang magkasama ang Trail of Hope, na tahimik na ginugunita ang mga tumahak dito na pumanaw na. ■

*PAGLAKAD NANG MAY PANANAMPALATAYA*, NI JED B. THOMAS, HINDI MAAARING KOPYAHIN




PAGLALARAWAN NI ROBERT T. BARRETT

# JOSEPH F. SMITH

Si **Joseph F. Smith** ay pitong taong gulang nang pastulin niya ang **pangkat ng mga baka** ng kanyang pamilya mula Nauvoo, Illinois, hanggang Salt Lake City, Utah. Noong siya ay 15 anyos, nagmisyon siya sa **Hawaii.** Kalaunan, bilang Pangulo ng Simbahan, inilaan niya ang lugar na pinagtayuan ng Laie Hawaii Temple. Naniwala si Joseph na di-gaanong uusigin ng mga tao ang Simbahan kung nauunawaan nila ang paniniwala ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ang ilan sa kanyang mga turo na nagpapaliwanag sa mga paniniwala ng Simbahan ay isinama sa isang aklat na tinatawag na ***Gospel Doctrine.***



"Kapag ang ating pananalig ay napagtibay sa ating kaluluwa sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos," pagsulat ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol, "ang pananampalataya ay nagiging impluwensya sa ating buhay, naghihikayat sa bawat isipan, salita, at gawa na aakay sa atin patungo sa kalangitan. Nagdarasal tayo nang may pananalig na mabigyan ng lakas at patnubay—tulad ng ginawa [ng mga pioneer]. Iyan ang ibig sabihin ng lumakad nang may pananampalataya sa bawat hakbang. Ganyan ang ginawa ng ating mga ninunong pioneer, at iyan ang dapat nating gawin sa panahong ito." Tingnan sa "Pananampalataya at Katatagan ng mga Pioneer—Noon at Ngayon," pahina 16.

TAGALOG
4 02107 87893 1

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW